



April 2017

Varayti ng Filipino-Meranaw sa Iligan City: Tungo sa Pagbuo ng Isang Modelo sa Pagsusuri ng Varayti ng Wika

Evangeline M. Jinayon

Philippine Normal University

Follow this and additional works at
pnu-onlinecommons.org/omp/index.php



Online Commons Citation

Jinayon, E.M., Zamora, N.C.L. (2017)

Varayti ng filipino-meranaw sa iligan city: tungo sa pagbuo ng isang modelo sa pagsusuri ng varayti ng wika
(Dissertation, Philippine Normal University)

Retrieved from pnu-onlinecommons.org/omp/index.php/pnu-oc/catalog/book/180

**VARAYTI NG FILIPINO-MERANAW SA ILIGAN CITY: TUNGO SA
PAGBUO NG ISANG MODELO SA PAGSUSURI NG VARAYTI NG
WIKA**

**Isang Disertasyon
na Iniharap sa College of Graduate Studies
And Teacher Education Research
Pamantasang Normal ng Pilipinas
Maynila**

**Bilang Bahaging Katuparan
ng mga Pangangailangan sa Pagtatamo ng
Doktor ng Pilosopiya sa Filipino**

EVANGELINE M. JINAYON

APRIL 2017

*Iniaalay ko ang bunga ng aking pagsisikap
sa lahat ng tagapagtaguyod, tagapagtanggol at
nagmamahal para sa wikang Filipino.*

PAGKILALA

Hindi magiging matagumpay ang pag-aaral na ito, kung wala ang mga tao na babanggitin sa likod ng papel na ito, sa ano mang paraan ay nagbahagi at sumuporta.

Isang utang na loob at aalalahanin ko ng panghabangbuhay....

Marami pong salamat sa *Commission on Higher Education (CHED)* sa pinagkaloob na *scholarship grant* sa akin bilang *partial scholar* ng programang PhD in Filipino, sa suportang pinansiyal sa mga aklat, at sa pagbubuo ng pananaliksik na papel. Kay Ms. Cat Galang, kawani ng CHED sa matiyaga at walang sawang pag-istima kapag may pina-*follow up* sa tanggapan.

Sa *Mindanao State University - Main Campus* sa ilalim ng pamamahala ng dating Pangulo Dr. Macapado A. Muslim, sa pagbibigay pahintulot na makapag-aplay ng scholarship, sa dating Vice President for Academic Affairs, Prof. Zeny Ababa, Kay Dr. Alma Berowa, ang dating Dean ng CSSH at kasalukuyang Vice President for Academic Affairs - MSU System.

Sa dating Dekano ng Kolehiyo ng CSSH, Dr. Samuel Anonas, sa pagtatanggol sa mga faculti na nagnanais mag doctorate. Sa kasalukuyang Dekana ng kolehiyo, Prof. Elena M. Tabanao, sa buong suporta, kahit pa sa

kabila ng maraming kinakaharap na problema ng kolehiyo ay nanatiling pinatatatag ang loob sa mga payo, suporta at sa panalangin ang mananaliksik.

Sa aking mga naging Guro sa Graduwado ng PNU na talaga namang mga eksperto, Dr. Liwanag, Dr. Emperado, Dr. Mendillo, Dr. Mabilin, Dr. Vega, Dr. Batnag, ang dating Dr. Kim at salamat kay Prof. Pat Villafuerte - ang dating tagapangulo ng Kagawaran ng Filipino, PNU, sa kanyang pagpapagamit sa silid aklatan ng kagawaran at kay Mrs. Marivic Pimentel, ang dating kalihim ng kagawaran, na minsa'y napag-uutusan na ipa-enrol ako, sa mga panahong nandito ako sa Mindanao.

Sa aking mga kamag-aral sa PNU, na nagbigay saya, sumuporta at tumulong, kay Sir Paul, Mam Nuqui, Mam Cariaga, Shandy, Emy, Mary Ann M, Mary Ann R, at higit sa lahat kay Marivic na para kong kapatid na nagpatira ng libre sa kanyang tahanan, sa kanyang mga anak na sina Miles, Brandon, at Mergz pati si Don at iba pang kaibigan kay Randel at Von.

Sa mga ka-batch '80 sa High School, na pinapasyalan kapag naiinip, kay Melita, Tipen, Gigi, Garet, Laura, Josephine A, at Josephine A2, Ayna, Edith, Juliet, Cristie, Tossa, Alfred, Marissa, Boni, Grace, Phoebe, Ruzvida, Pelaming, Luis, Daniel, Marius, Junie, Carlito, Maximino, Marillyn, Helen, Renato, Nestor, Tirso, Solano, at ang dating si Rodelio.

Sa aking mga naging respondent; Ang MSU-IIT-IDS sa ilalim ng pamamahala ng dating Prinsipal Prof. Vernaldez, at sa adviser ng batch 2014 Mrs. Unabia at kay Prof. Josievic Mendoza. Sa ICNHS Iligan City National High School, sa pamamahala ni Mrs. Pizzaras, na malugod na tumanggap at gumabay sa mga guro sa napakalaki nilang paaralan at sa iba pang guro na sina; Mrs. Limbaco, Mrs. Duhaylungsod, Mrs. Lactuan, Mrs. Gumolan, Mrs. Hinay, Mrs. Allere, Mrs. Pilandol at dating Mrs. Cultura, ang mga mag-aaral na nasa kanilang pamamahala batch 2014 grade 9 at grade 10. Sa Iligan Ciy East High School ICEHS- Hinaplanon, sa pamamahala ni Prinsipal Dr. Villaver at Mrs. Gallena, ang mga mag-aaral ng batch 2014 grade 9 at grade 10; Ang section Aethia batch 2014 grade 9 at grade 10, sa pamamahala ng mabait at matiyagang guro Gng, Cali ng St. Peter's College; Ang batch 2014 ng Iligan Capitol College sa ilalim ng pamamahala ni Bb. Sumaganday na napakatiyaga rin sumama at gumabay sa akin sa loob ng paaralan. Kay Sis. Irene Cahindig na napaka accomodating at napaka organisado sa pagpapasagot sa mga talatanungan sa mga batch 2014 ng St. Michael's College grade 9 at grade 10 . Kay CESO VI G. Randolph Tortola ang School Division Superintendent ng Iligan City, sa pagpirma at pahintulot na makatuloy sa mga paaralang nabanggit upang mag-conduct ng nabanggit na pananaliksik.

Sa aking dating adviser Dr. Marquez, at sa kasalukayan Dr. Niña Christina L. Zamora, sa kanyang pagpapaalala, pagtetex at pagbabahagi ng kaalaman.

Sa aking mga naging panel sa oral Defense at nagbahagi ng kanilang kaalaman upang mas mapabuti at gumanda ang nilalaman ng papel na ito, Dr. Teresita T. Rungduin ang Director ng GReSO, Dr. Lydia B. Liwanag, Dr. Ma. Fe G. Hicana, Dr. Zafrullah M. Alonto ang expert sa Wikang Meranaw. Ang aking panel sa colloquium; Dr. Merry Ruth Gutierrez ang dating director ng GReSO, Dr. Araceli Amarles, Dr. Navarro, at Dr. Gugol. Sa mga staff Ms. Ruiz at Ms. Malou.

Sa aking mga guro sa MSU-IIT Iligan, Dr. Magrascia, Dr. Santos, Dr. Sandoval; sa mga kaibigan; Dr. Dizon, sa kanyang laging paalala at malasakit, sina, Malyn, Rey, Debbie, Gina at Mam Josie.

Sa aking mga kasamahan sa MSU campus; Merlyn, Edna, Irma, Leorina, Meldz, Cita, Vangie, Asisa, Monaims, Cindy, Shila, Zynab, Nor, Myrns, Sir Leo, Sir Willy, Sir Phil, Sir Cesar, Almayra, Abdulfatah, ON-on at Adelyn. Sa CSSH staff Inday.

Sa tanggapan ng KWF kay National Artist Virgilio S. Almario, Dr. Delima, Dr. Flores, Director General Anunuevo, Dr. Cabila, Mr. Caniega, Dr. Mendillo, Dr. Vega, Ms. Abad, LS Marivic Corrige at Mr. Evy. Sa pagpapagamit

sa kanilang aklatan at pag-imbata sa mga paseminar na lubhang nakaragdag sa mga bagong kaalaman sa wika.

Sa aking mga pinsan at pamangkin na tinirhan ko rin sa San Mateo Rizal sina; Ate Jean at dating kuya Nisto, Apple, Joseph, at sa aking typist Mark .

Kay Carol, Ate Nora, Cris, John, Ian at Karla; Kuya Peter, Baby, Regine, Karen, John Pit, Emang, Lisa, Edison, Ella, Anthony, Anna, Joshua.

Sa aking Victory Pioneer Group Mandaluyong, Amy, Babes, Ptr. Hern at Ptr. Jun, Ptr. Fernan sa kanilang pag pe pray sa akin.

Sa HOFWOM, Samburon, Lanao del Norte; ate Mila, Sis. Susan, Aiding, kuya Edwin, Genesis, Cabing, Ate Cris, Geneviev, Momy at Ptr. Noli.

Sa LJCOW, Iligan City; kina Ptr. Bobot Galve at Joy Galve, Ptr. Boy at Amy, Tata, Ading, Maya ,Elsa, Iling, Julius, ang buong worship team, admin team, Outreach Team, at Prayer Team, salamat sa inyong suporta sa panalangin.

Sa aking statistician Prof. Magno, sa matiyagang pagkokompute, kina Iking Santos, Grace, kay pinsan Myrna, Joji, at Jun.

Sa aking mga kapatid at pamangkin sa Iligan City, kina Ate Milie, ate Elen, Ingko, Isme, Rady, Amy Yobs; Kuya Moding, Esther, Et, Weng, Pampoy, Iking, Abing, Gideon, Nene, Amega, Peanut at Carot, Rex, Rez, at Rey Mark.

Sa aking mga anak na kasama ko sa kabila ng pagkakalayo ay nagtiyaga, nagsakripisyo at tumulong, Hanna Paula, Paul Roger Evan, Paula Grace, Paula Joy, Paula May, David Paul, Daniel Paul at Samuel Paul.

Sa aking nag-iisang kabiyaak Roger, sa kanyang tiyaga, buong suporta at agarang pag responde sa mga panahong kinakailangan ko ang tulong maging pinansyal, pang-teknikal at maging sa ispirituwal.

AT HIGIT SA LAHAT SA IYO, DIOS AMA NA MAKAPANGYARIHAN SA LAHAT. Sapagkat sa Iyo nagmula ang lahat, ang pagpapala at grasyang ito.

Ikaw ang pinaghuhugutan ko ng lakas, laging kasama, laging gabay, hindi nang-iwan, at hindi nagsawa ano man ang sitwasyon. Sa pagpupunyaging ito, alam kong ang tagumpay ay nakamtan ko na sapagkat lagi kang tapat at totoo sa iyong mga pangako, at sa simulat simula'y nagbigay pag-asa sa pangakong salitang totoong naging ilaw sa yapak at naging tanglaw sa daanan ko, tunay na kung wala ka ako'y walang magagawa. Sa iyo ang papuri at dangal magpakailanman sa pangalan ni Hesukristo.

-Vangie 2017-

ABSTRAK

Pangalan : Evangeline Magdaong Jinayon

Pamagat ng Pag-aaral : VARAYTI NG FILIPINO-MERANAW SA ILIGAN

CITY: TUNGO SA PAGBUO NG ISANG MODELO

SA PAGSUSURI NG VARAYTI NG WIKA

Mahahalagang Konsepto : Varayti ng Wika, Filipino-Meranaw at Modelo

Digri : Doktor ng Pilosopiya

Espesyalisasyon : Filipino

Tagapayo : Niña Christina L. Zamora, PhD

Ang pag-aaral ay pinamagatang Varayti ng Filipino-Meranaw tungo sa pagbuo ng isang modelo sa pagsusuri ng varayti ng wika. Ang pangkalahatang layunin ay ang masuri ang varayti ng Filipino-Meranaw sa Iligan City. Ang mga tiyak na layuning tinugon sa pag-aaral: 1) Matukoy ang mga salik ang nakaimpluwensiya sa pagkakaroon ng varayti ng Filipino-Meranaw; 2) Mailarawan ang varayti sa lawak ng a.) ponolohiya b.) morpolohiya at c.) sintaksis/pragmatiks at 3) Makabuo ng isang modelo sa pagsusuri ng varayti ng wika.

Deskriptibong paglalarawan ang ginamit na pamaraan at ang lokal ng pag-aaral ay sa Iligan City. Mula sa tatlong pribado at pampublikong paaralan ang respondent; mga mag-aaral na Meranaw mula sa mga baitang 9 at 10.

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral: Ang mga salik na nakaimpluwensiya sa pagkakaroon ng varayti ay ang mga sumusunod: lokasyong heograpiko, pandarayuhan, sosyo-ekonomiko, politikal, edukasyonal na katangian ng partikular na lugar at ang wikang ginagamit ng mga respondent.

Natugon ang paglalarawan ng varayti ng wikang Filipino-Meranaw, batay sa tatlong (3) lawak ng: a) ponolohiya; mga salitang nakalap, mga salitang nagbago ang bigkas; Sa lawak ng morpolohiya; ang mga sumusunod na panlapi ang ginamit sa mga salita sa pahayag: ang nag at in, mu, ka, han, gina+han, in, pa at hin, pina, um, ma, naka, mag, nag at ang mag at han. Nakasunod sa kawastuan ayon sa aspektong isinasaad sa diwa ng salita sa loob ng pangungusap. Madalas ang paggamit ng mga *gap fillers* at ibang mga ekspresyon code switching ng salit- salitan sa wikang Filipino, at Bisaya.

Samantala sa sintaksis, ang istruktura ng pangungusap ay nasa karaniwang ayos at binubuo ng isa o higit pa sa isang sugnay na madalas ay ginagamitan ng *gap fillers*.

Samakatuwid, ang Maranao ay makiling sa wikang Filipino subalit naiimpluwensiyahan rin ito ng wikang Bisaya bunga ng pangangailangan pangkomunikatibo. Unti- unting nawawala na sa mga mag-aaral ang kaalamang tradisyunal at humihina ang impluwensiya ng unang wikang nakagisnan.

Ang varayti ng Filipino-Meranaw ay may bahagyang impluwensiya ng unang wika at pangalawang wikang Bisaya subalit mas malakas ang impluwensiya ng wikang Filipino.

Napapanahon na makapagbahagi ang Meranaw sa kakaibang katangian ng varayti nito para sa karagdagang input sa pagpapalaganap ng intelektuwalisasyon ng wikang Filipino.

ABSTRACT

Name : Evangeline Magdaong Jinayon

Title of the Study : VARIETY OF FILIPINO-MERANAW IN ILIGAN
CITY TOWARDS CREATING A MODEL SURVEY
OF LANGUAGE VARIETY

Key Concept : Language Variety, Filipino- Meranaw, Model

Degree : Doctor of Philosophy

Specialization : Filipino

Adviser : Niña Christina L. Zamora, PhD

The study is titled Variety of Filipino-Meranaw towards developing a model to test the language variety. The overall objective is to evaluate the variety of Filipino-Meranaw in Iligan City. The specific aim of the study is addressed to: 1) identify the factors influencing the existence of variety of Filipino-Meranaw; 2) Visualize the extent of variety in a.) Ponolohiya, b.) Morphology and c.) Syntax / pragmatics and; 3) Produce a model to test the language variety.

Descriptive illustration of the procedure used and the local study in Iligan City. From three private and three public schools as the source of the respondents; Maranao students in grade 9 and grade 10.

Based on the outcome of the study: The factors that influenced the presence of varieties are as follows: geographic, location, migration, socio-economic, political, educational nature of the particular area and the language used by the respondents.

Description of the variety of the language Filipino-Meranaw was addressed based on three (3) aspects of: a) phonology; words gathered, with the words that changed in pronunciation; the gentle became fast and the fast becomes gentle. In the area of morphology; The following syllable used words in statement: ang *nag* and *in*, *mu*, *ka*, *han*, *gina+han*, *in*, *pa* and *hin*, *pina*, *um*, *ma*, *naka*, *mag*, *nag* and *ang mag* and *han*. Complied with exactness according to the aspects stated sense of the word in a sentence. Often the use of gap fillers and other expressions of code switching, alternating interchangeably in Filipino and Visayan languages.

Meanwhile in syntax, the structure of the sentence is usually in order and usually consist of one or more of a clause often use of gap fillers.

Therefore, the Maranao is biased in Filipino but also influenced by the first language and visayan language because of communication need. Students, gradually losing their traditional knowledge gradually loses influence of the mother tongue.

The variety of Filipino-Meranaw has a slight influence of the first language and visayan second language but the Filipino language has a more powerful the influence.

It is timely that the Meranaw can share the unique characteristics of this variety for more input in spreading the intellectualization of Filipino language.

TALAAN NG NILALAMAN

NILALAMAN	PAHINA
Dahon ng Pagpapatibay	ii
Pag-aalay	iii
Pagkilala	iv
Abstrak	x
<i>Abstract</i>	xii
Kabanata I	Ang Kaligiran at Suliranin ng Pag-aaral
1.1.	Panimula 1
1.2.	Teoretikal na Batayan ng Pag-aaral 9
1.3.	Konseptwal na Balangkas 11
1.4.	Paglalahad ng Suliranin 20
1.5.	Kahalagahan ng Pag-aaral 20
1.6.	Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral 22
1.7.	Kahulugan ng mga Terminolohiyang Ginamit 22

Kabanata II Mga Kaugnay na Literatura at Pag-aaral

2.1.	Ang Tungkulin ng Wika sa Interaksyong Etniko	26
2.1.1	Ang Pagkakamag-anakan o Kinship	27
2.1.2	Maratabat	28
2.1.3	Ridu	29
2.1.4	Ang Kanduri	30
2.2.	Ang Tungkulin ng Wika sa Interaksyon Etniko	31
2.3.	Mga Kaugnay na Pag-aaral sa Ibang Bansa	35
2.3.1	Mga Pag-aaral sa Varayti	36

Kabanata III Metodolohiya

3.1.	Disenyo ng Pag-aaral	64
3.2.	Seting ng Pag-aaral	64
3.3.	Ang Pagpili ng mga Kalahok	68
3.3.1	Ang Pagpili ng Kalahok ng Paaralan	68
3.3.2	Mga Kalahok na Mag-aaral	70
3.3.3	Mga Wikang Ginamit ng Kalahok	78
3.4.	Mga Instrumentong Ginamit sa Pag-aaral	83

3.4.1 Pagbuo ng Talatanungan	83
3.4.2 Balidasyon ng Talatanungan	84
3.4.3 Pagpapasagot at Pagsasagawa ng Obserbasyon	85
3.5. Hakbang Pamamaraan sa Pag-aaral	85
3.5.1 Paghingi ng Pahintulot	85
3.5.2 Pagrekord ng Kasagutan ng mga Respondent	86
sa Panayam	
3.5.3 Pagsasagawa ng Transkripsyon	86
3.6. Pagtrato ng Datos	87
3.7. Pagsusuri ng Datos	88
3.8. Pagbuo ng Modelo sa Pagsusuri ng Varayti	89

Kabanata IV Paglalahad, Pagsusuri at Pagpapaliwanag

ng mga Datos

4.1. Mga Salik na Nakakaimpluwensiya sa Pagbuo ng	91
Varayti ng Filipno-Meranaw	
4.1.1 Heograpikong Lokasyon	92

4.1.2 Migrasyon/Pandarayuhan	93
4.1.3 Wikang Madalas Gamitin	94
4.1.4 Edukasyunal na Katangian ng Lugar	94
4.1.5 Migrasyon/Pandarayuhan	95
4.1.6 Sosyo-ekonomikong Katayuan	101
4.2 Pagsusuri ng Filipino-Meranaw Varayti sa Iligan City	101
4.3. Paglalarawan sa Varayti Batay sa Lawak ng Wika	135
4.3.1. Ponolohiya(Palatunugan)	135
4.3.1.1 Pagpapalit Ponema	135
4.3.1.2 Pagkakaltas Ponema	136
4.3.1.3 Pagbigkas	136
4.3.2 Morpolohiya (Palabuuan)	138
4.3.3 Sintaksis(Palaugnayan)/Pragmatiks	141
4.3.3.1 Paggamit ng <i>po</i> sa mga pangungusap	141
4.3.3.2 Paggamit ng mga panghalip	142
4.3.3.3 Paggamit ng mga katagang pala, meron	
(mayroon) kuan (kuwan) bilang mga paningit	142

4.4.	Ang Modelo sa Pagsusuri ng Varayti ng Wika	143
4.4.1.	Mga Hakbang	148
4.5.	Resulta ng Pag-aaral	148
Kabanata V	Lagom, Kongklusyon at Rekomendasyon	
5.1.	Lagom	150
5.2.	Kongklusyon	151
5.3.	Rekomendasyon	152
Mga Sanggunian		153
Apendiks		
A.	Liham ng Paghingi ng Pahintulot	157
B.	Instrumento/Talatanungang Ginamit	162
C.	Transkripsyon ng Panayam	165
Curriculum Vitae		234

TALAAN NG TALAHANAYAN

TALAHANAYAN	PAHINA
Talahanayan bilang 1 Distribusyon ng respondente batay sa paarala	68
Talahanayan bilang 2 Bilang ng Respondente Batay sa Kasarian	70
Talahanayan bilang 3 Distribusyon ng Edad ng Respondente	70
Talahanayan bilang 4 Distribusyon ng Respondente Batay sa Taon	71
Talahanayan bilang 5 Distribusyon ng Respondente Batay sa Socio-Economic	
	Status 71
Talahanayan bilang 6 Distribusyon ng Respondente Batay sa Unang Wikang	
	Ginagamit sa Tahanan 72
Talahanayan bilang 7 Distribusyon batay sa iba pang wikang ginagamit	
	sa bahay 74
Talahanayan bilang 8 Datos sa Bilang ng Taon na nanirahan sa Lungsod	76
Talahanayan bilang 9A Datos sa Wikang Ginagamit sa Pakikipag-usap	78
Talahanayan bilang 9B Datos sa Panahon ng Paggamit ng	
	Wikang Meranaw 79
Talahanayan bilang 10 Datos sa mga gawain ng isang Meranaw	80

TALAAN NG FIGURA

TALAHANAYAN	PAHINA
Pigura 1. Konseptwal na Balangkas	19
Pigura 2. Mapa ng Lungsod Iligan	67
Pigura 3. Pinpakita kung paano naging Tagalog/Pilipino ang piniling pangalawang wika ng mga Meranaw	99
Pigura 4. Pinpakita kung paano naging Bisaya ang piniling pangalawang wika ng ibang mga Meranaw	100
Pigura 5. Modelo sa Pagsusuri ng Varayti ng Wikang Filipino - Meranaw sa Iligan City	147

KABANATA I

ANG KALIGIRAN AT SULIRANIN NG PAG-AARAL

1.1. Panimula

Ang buhay ng wika ay nasa pagsasama ng pagbabago at paglago- ang produkto ng baryasyon at ang paglago ay produkto ng pagbabago. (Witney, 2012)

Ang wika ay pinaunlad ng tao upang maging paraan ng paglipat ng kaalaman. Ang pananaw na ito ay nabuo sa konteksto ng umiiral na panahon na ang ideya at progreso ay kaugnay ng sibilisasyon na sumasangkot naman sa kultura at institusyon. Ang kultura ay hangog sa mga tao at ang wika ay nagpapahayag ng espiritu/kaluluwa ng mga tao na bumubuo sa lipunan. Ang lipunan na nangangailangan ng pakikisalamuha at ugnayan ng mga tao ay nagiging komplikado habang lumalaki at lumalawak ang progreso. Ayon kay Rousseau (1950) nagkakaiba-iba sa kultura at wika ang mga tao na siyang panukatan ng pagiging progresibo. Ang mga pagkakaibang ito ng wika ay nagbubunga ng iba't ibang pagtingin. Ang wika ay dinamiko dahil sa inobasyon o mga pagbabago sa mga pangyayari, kaisipan, at karanasan ng mga nagsasalita nito. Habang lumilipas ang panahon, maaaring magbago ang mga tunog, mapalitan o madagdagan ang mga salita at mabago ang gramar ng isang wika.

Mula kay Bloomfield at Newmark (1963), pinaniniwalaan nila na ang pagkakaroon ng isang wika at ang kahalagahan sa paggamit nito ay nagbibigay sa mga mamamayan ng benepisyo bilang pangunahing pangangailangang panlipunan, pangkasaysayan at pang-intelektwal na dimensiyon na nag-uugnay sa mga tao sa isa't isa sa pangyayaring nagdaan at

sa pandaigdigang pakikipag-ugnayan. Sa ganitong kalagayan masasabing ang wika ay produkto ng kulturang pantao.

Ayon kay Sapir (1949), ang wika ay kasangkapan ng sosyalisasyon na ang mga ugnayang sosyal ay di-iiral kung wala ito. Ang pagkakaroon ng isang wika ay simbolo ng solidaridad at napag-iisa ng wika ang mga tao. Sentral na pinaniniwalaan sa teorya ni Sapir-Whorf (1930) na kultural na relatibismo, ang sinasalitang wika ng tao ang nagdedetermina kung paano niya tinitingnan ang daigdig na kaniyang ginagalawan. Ang ibig sabihin, ang wika ng tao ang nagbibigay sa kaniya ng ideya kung ano ang daigdig na kaniyang kinaroroonan at ano mang konseptong labas sa kaniyang daigdig ay nagiging banyaga sa kaniya. Ang prinsipyong *linguistic relativity* na kinikilala ring *Sapir-Worf Hypothesis* ay ang ideya ng nagbabago-bagong konseptong kultural. Ang mga kategoryang nakapaloob sa iba't ibang wika ay nakakaapekto sa kognitibong karanasan sa paligid o sa daigdig. Ang tagapagsalita ng iba't ibang wika ay hindi magkakatulad at iba-iba ang kilos at pag-iisip. Pinalawak pa ito ni Brown (1976), sa pamamagitan ng pagpapakilala sa tinawag niyang *weak linguistic relativity* at *strong linguistic relativity*, ang paniniwala na ang wika ang nagdedetermina ng ideya at isip.

Ayon kay Brown (1976), sa pamamagitan ng wika makatitiyak ang isang taong bumubuo ng ideya sa mga tiyak na kaisipan na nais iparating, kongkretong maipahahayag ito ng tao sa katumbas na wika at kulturang nauunawaan at nararanasan niya. Katulad sa pananaw ni Humboldt (1820) na ang wika ang siyang pisi na daluyan ng isip ng tao na nabubuo sa tulong ng unang wikang nakagisnan. Magkakatulad ang mga simbolo at tunog ng mga wika sa daigdig, subalit ang mga taong naninirahan sa iba ibang lupalop ng mundo

ang nakakaranas ng magkakaiba ibang kalikasan ng mga pangyayari batay na rin sa kulturang sumasaklaw sa bawat lipunan sa daigdig.

Sa ikalabingsiyam na siglo umusbong ang bagong pananaw sa wika ni Franz Boaz (1940) tungkol sa pagkakapantay-pantay ng lahat ng mga kultura at wika. Binigyang diin ni Boaz na maaaring maipahayag sa pamamagitan ng wika ang ano mang nais ipahayag ng nagsasalita sa katutubo niyang wika ngunit sa iba-ibang kaparaanan at estilo na naaayon sa kulturang umiiral sa isang lipunan. Naniniwala rin siya na magkaibang realidad ang nirerepresenta ng wika. Ang mga tagapagsalita ng iba-ibang wika ay magkakaiba rin ng kanilang persepsyon sa realidad.

Nakapaloob sa kultura nang sinumang nilalang ang kaniyang wika. Sinasabi na magkabuhol ang wika at kultura, sa anumang mga bagay na nararanasan ng tao tanging sa loob ng kaniyang kultura at sa pamamagitan ng hangganan ng wika ay maipahahayag niya ang samu't saring mga karanasan at sa dahilang hindi makapag-iisa ang sinumang nilalang nangangailangan ng pakikipag-ugnayang pangsosyal.

Isa sa mga may mayaman, makulay at kakaibang kultura ang mga Meranaw, kabuhol ng kulturang ito ang wika na dala ng iba't ibang salik panlipunan ay nagkakaroon ng mga pagbabago na natural na penomenon sa bawat kasaysayan ng wika. Isa ito sa mga kadahilanan kung bakit ang paksang ito ang pinili ng mananaliksik sa kadahilanan pa rin na kakaunti pa lamang ang mga pag-aaral tungkol sa varayti ng wika lalo pa sa wikang Meranaw. Bunsod na rin ng napapanahong pangangailangan sa kurikulum at sa pagnanais na makapag-ambag sa intelektuwalisasyon ng wikang Filipino umusbong ang ideyang ito. Tatahakin ang mga kakaibang katangian na natuklasan sa pag-aaral na nagpapalitaw sa ikinaiba ng namuong varayti at ang pinakabago sa kontribusyon ng pag-aaral na ito ay ang

modelo na binuo ayon sa layunin ng pag-aaral. Bagamat magkakaugnay ang bawat wika sa bansa, kailangan pa ring taluntunin ang mga partikular na mga kadahilanan sapagkat sa pamamagitan nito mas lalong natatanggap ang pagkakaiba-iba, mas nagiging daan ang mga bagong tuklas na ito sa pagbabago at tunay na pag-unawa sa ibang kultura, wika at etnolingguwistikong grupo.

Ayon naman kay Constantino (2012), magkakaugnay ang mga wika sa Pilipinas. Ang pag-uugnayang ito ay dumadaan sa proseso ng baryasyon na nabubuo ng varayti ng wika dahil sa iba't ibang salik panlipunan. Ang pagkakaroon ng varayti ng anumang wika ay isang realidad na nagpapakita ng pagbabago nito dahil sa iba't ibang paraan ng paggamit sa wika sumasalikop ang wika sa kultural na dibersidad ng bansa. Mula dito, ang pag-aaral ng varayti at baryasyon ay nakatutulong sa pagpapalawak at pagpapalalim sa masalimuot na pag-iral ng wika sa lipunan.

Iba rin ang pahayag ni Alonzo (2012), tungkol sa varayti ng wika. Ayon sa kaniya may mga dahilan ang pagkakaroon ng varayti, ang heograpikong lokasyon ng mga *speech community* (o mga lugar kung saan ginagamit ang mga partikular na wika) na maaaring nahihiwalay ang isang anyong tubigan o kabundukan at *language boundary* dulot ng migrasyon o paglilipat ng komunidad o giyera o ang unti-unting pagsasama ng dalawang dating magkahiwalay na komunidad. Ayon pa rin sa kaniya ang varayti ng wika ay isang maliit na grupo ng pormal o makabuluhang katangian na nauugnay sa partikular na uri ng katangiang sosyo-sitwasyunal.

Hinati naman ni Catford (1965) sa dalawa ang malalaking uri ng wika. Ang una ang humigit –kumulang ay permanente para sa tagapagsalita/tagabasa (*performer*) at ang ikalawa ay humigit-kumulang ay pansamantala dahil nagbabago sa situwasyon ng pahayag.

Ayon naman kina Paz at Rubin (2012), varayti ang dibersidad sa wika. Mayroong dibersidad na matutunghayan sa mga lebel na ponolohikal, gramatikal at leksikal. Mapag-aaralan at masusuri ang dibersidad na ito sa tatlong dimensiyon ang heograpikal, sosyal at estilo (Brigth at Ramanujan, 1964). Ang rehiyon o lokasyon ay tumutukoy sa pagkakaiba-iba ng wika ng mga tao depende sa rehiyon o lokasyon na pinagmulan ng tao. May mga salik panlipunang nakakaapekto sa wika kung kaya't nagkakaroon ng mga pagbabago ang wika. Samantala sa sosyal na aspekto ay tumutukoy sa mga register o mga particular na wika na tanging may mga sektor ng tao ang gumagamit lamang nito at ang estilo naman ay ang paraan ng pagkagamiting wika sa pakikipagkomunikasyon. Ang unang dimensiyon na ang naging tuon ay sa dayalektal na pagsusuri ng wika. Nalilikha dito ang varayting batay sa lokasyon tulad ng bayan o rehiyon. Halimbawa nito ang Tagalog-Rizal, Tagalog-Cavite at Tagalog-Laguna. Ang sosyal na dimensiyon ay nakatuon sa pagkakaiba-iba batay sa grupo o sektor ng lipunan at gumagamit ng mga panlipunang panukat tulad ng edukasyon, propesyon, kasarian, uri, edad at iba pa. Ang ikatlo ay nakatutok sa paraan ng paggamit ng mga lingguwistikong anyo ng wika sa isang tiyak na konteksto batay sa mga salik. Halimbawa ay ang pagbabago ng wikang ginagamit o pagpili ng isang varayti sa pakikipag-usap sa taong may mataas o mababang istatus; ang kaibahan ng pagpapahayag sa wikang pasalita at pasulat. Anuman ang dimensiyon ng pagtataya sa dibersidad ng wika, nagluluwal ito ng varayting nagbibigay ng tatak o tanging pagpapakilala at sa gumagamit ng wikang ito.

Ang isang tanging varayti na tatalakayin sa pag-aaral na ito ay ang varayti ng Filipino-Meranaw sa Iligan City. Nais ng mananaliksik na mailahad ang mga natatanging salik na magpapakita sa kaibahan at kakanyahan ng varayting ito.

Likas sa mga Meranaw ang pagiging mangangalakal at manlalakbay. Katunayan saan mang lugar dito sa Pilipinas ay may makikitang mga Meranaw na nangangalakal ng kahit anong uri ng kalakal katulad ng iba't ibang brand ng celfone; *pirated DVD*; mga alahas ginto o *fancy*; mga RTW iba't ibang uri ng sapatos at tsinelas at iba pa. Nariyan sila sa Baguio City, Davao City, sa kanilang lungsod sa Marawi, kahit pa sa mga kilalang lungsod sa Maynila, sa Quiapo, sa Avenida, sa Makati, Rizal at sa iba pang lugar sa bansa.

Dahil na rin sa kalikasan ng trabaho ng mananaliksik na nagtuturo sa MSU ang nagbunsod upang bigyang puwang na aralin ang varayti ng Filipino-Meranaw sa Iligan City.

Ang pagkakaroon ng dibersidad ng wika ay nagsisilbing isang bukas na pintuan sa iba. Ang pintong nananatiling bukas upang matuklasan at maramdaman ang kagandahan ng kultura ng iba at malaman kung sino sila. Ang dibersidad ng wika ay nagpapanatiling buhay sa bawat wika at maging aktibo sa pagbubuo ng bagong mga salita at konsepto, ang dibersidad ng wika ang nagpapahintulot sa mga tao na makapag-isip, makapagtrabaho at mabuhay sa wikang ipinamana pa sa kanila ng kanilang mga ninuno at magbigay respeto sa kanila.

Ang argumento tungkol sa *heritage* at *biodiversity*: Ang linggwistiko at kultural na dibersidad ay ang mga imbakan ng mga kaalamang pinaunlad ng kasaysayan, ang linggwistiko at kultural na dibersidad ay magkaugnay sa *biodiversity*. Ang argumentong ito ang nagpapaliwanag sa relasyon ng linggwistiko at kultural na dibersidad (KD) at ang mga suliraning kakaharapin. Ang dibersidad sa wika ay relatibong nawawala nang mas mabilis pa kaysa sa *biodiversity*. Ayon sa pagkakalkula ng mga '*pessimistic realistic*' tinatayang , 20 % ng *biological species* na mayroon tayo ay maaaring mamatay sa taong 2,100, sa loob ng daang taon. Ayon naman sa '*optimistic realistic*' tinatansiya nila na ang *figure* ay magiging

2% (Skutnabb-Kangas, 2000). Sa pagkukumpara sa loob ng 100 taon sa pananaw ng *optimistic*, 50% ng wika ay mamamatay samantala ang pananaw naman ng *pessimistic* 90% ng mga wika naman ang mamamatay.

Ang mga wika sa kasalukuyan ay mabilis at unti-unti nang nawawala sa kasaysayan ng tao. May posibilidad na ito ay mawala kung kakaunti lamang ang gumagamit at kung mahina ang istatus pampolitika, lalo na kapag ang mga kabataan o bata ay hindi natututo nito halimbawa: kapag ang wika ay hindi na naisasalin o naipapasa sa susunod na henerasyon.

Sa Europa kapag nais na suportahan ang pagkakaiba-iba ng wika at para mas maging malikhain at mas mayaman, kailangan ng mas malawakang suporta sa lahat ng *indigenous* at wikang minoridad, kasama na ang mga migrante at mga minoridad na *refugee* na mga wika na nagrerepresenta na tanging daan upang mas dumami pa ang wikang nagkakaiba-iba sa Europa.

Ang dalawang uri ng dibersidad ang parehong tagasuporta at nagpapalakas sa isa't isa (Maffi, 2001, Posey, 1999). Hindi lang mga biyolohikal na *species* at mga wika ang mawawala. Sa pagkawala ng wika, ay nawawala rin ang kaalamang tradisyunal sa ekolohikal at tungkol sa ugnayan ng mga halaman at mga hayop ay nawawala rin.

Ang dibersidad ng wika ay kailangang ipreserba para mapreserba rin ang dibersidad ng mga wika na nakapalibot sa mga tao. Samakatuwid, ang pag-aaral ng baryasyon ng wika ay mahalagang bahagi ng sosyolingguwistik, nangangailangan ito ng reperensiya ng mga salik panlipunan. Ang mga wika ay nagkakaiba-iba batay sa iba't ibang lugar, iba-ibang grupong panlipunan, at iba-ibang situwasyon. Ang mga sosyolingguwista ang kadalasan ang

nag-aaral ng mga panlipunang distribusiyon, halimbawa; mga salita, mga tunog, o pagbubuong gramatikal.

Narito ang ilang halimbawa ng mga lingguwistikong aytem:

Ang Ingles na panghalip na *yous* 'pangalawang panauhan maramihan at *you*' o pangalawang panauhan isahan ay mga lingguwistikong aytem, at may iba-ibang distribusyong sosyal, ang una ay matatagpuan sa varayting hindi istandardisado sa Ingles, at ang huli ay makikita sa *inter alia* sa lahat ng estandard na varayti at sa ilan ring hindi estandard na mga varayti.

Sa diyalektong atlas ng England, makikita ang salitang *child* ay ginagamit sa *southern* England at sa Midland, samantala ang *bairn* ay ginagamit sa northern England. Ang *Child* at *bairn* ay magkaibang lingguwistikong aytem.

Ang tunog /ʌ/, sa *sun* /sʌn/, ay isang tipikal na tunog sa katimugan, na matatagpuan sa southern England at sa South Midland, samantalang ang tunog na ito ay hindi ginagamit ng nagsasalita ng dayalekto sa North Minland at Northern England, sa halimbawang salitang /'sʊn/, na may tunog na /ʊ/, na matatagpuan sa /pʊt/ sa halos lahat ng mga dayalekto sa South (sa ilang bahagi ay /ʌ/). Ang ponemang Ingles na /ʌ/ at /ʊ/ ay magkaibang lingguwistikong aytem.

Sa dayalektong Ingles ng England, ang pinaka gamiting aspektong pangnakaraan ng *catch*/'kætʃt/, samantala ang istandard na dayalekto sa ilang mga dayalekto ay /'kɔ:t/. Ang Ingles na pangnagdaan ng salitang *catched* /'kætʃt/ at *caught* /'kɔ:t/ ay magkaibang lingguwistikong aytem.

Ang *Give it to me!* ay halimbawa ng pagkakabuo ng Standard na Ingles na may pandiwa (dito ay imperative) sinusundan ng panghalip na tumutukoy sa *patient* at pariralang preposisyon na naglalaman ng preposisyon *to* kasama ang panghalip na tumutukoy sa *recipient*. Sa tradisyonal na dayalekto sa England, ang pagkakabuo ay hindi masyadong gamitin, natatagpuan ang ganitong bigkas sa South-West at sa ilang bahaging South-Eastern coast (kasama ang bahagi ng London). Ang pinakagamitin sa mas malawak na sakop na heograpiko sa England ay *Give me it!* at *Give it me!* Ang tatlong pangungusap na ito, *Give it to me!*, *Give me it!*, at *Give it me!*, ay mga pagkakataon ng tatlong may magkakaibang gramatikal na pagkakabuo, ang bawat isa ay matatawag na lingguwistikong aytem. Maraming pamamaraan sa pagsasalita, at ang bawat pamamaraan ay isang varayti. Ang varayti ay maaaring bigyang kahulugan bilang *set ng mga lingguwistikong aytem na may magkakatulad na ditribusyong sosyal*.

Dapat bigyang diin ang varayti ay di kinakailangang isang *full-fledge* na wika, na may malawak na grammar at bokabularyo. Maaari rin itong simpleng maliit na set ng lingguwistikong aytem, katulad sa kaso ng *slang* na maaaring bigyang pakahulugan bilang restriktong set ng mga bagong salita at kahulugan ng mga lumang salita na nahalo sa lingguwistikong aytem na may mas malawak na sakop na *social distribution*.

1.2 Teoretikal na Batayan ng Pag-aaral

Makikita sa bahaging ito, ang mga teoryang pinagbatayan ng pag-aaral. Ang unang teorya ay mula kay Joshua Fishman (1971). Ayon sa kanya may dalawang dimensiyon ang pagkakaroon at pagkakaiba ng wika, ang heograpiko na tinatawag na diyalekto at ang sosyal na tinatawag namang sosyolek ang nabubuong wika.

Nadedevelop ang diyalekto sa pamamagitan ng iba't ibang salik sa kapaligiran na nag-iimpluwensiya sa pagbabago ng wika kaya nagbubunsod ito ng panibagong pagbubuo ng wika na may natatanging katangian at kakanyahan. Gayon rin sa sosyolek paano nabubuo ang diyalekto ay may impluwensiyang nakaapekto na siyang sanhi. Mula naman kay Howard Giles (1984), ang pangalawang teorya ang *Second Language Acquisition*, ay patungkol sa pagkatuto at pag-aaral ng pangalawang wika o teorya ng Akomodasyon (*Accommodation Theory*). Ang pokus nito ay interaksyon ng taong kasangkot sa sitwasyong pangwika. Ang isang indibiduwal ay sinisikap na maging kapareho sa paraan, sa tono, sa bigkas at sa iba pang katangian ng nagsasalita sa pagnanais niya na makita ang pagbibigay halaga sa pakikiisa, pakikilahok o pagmamalaki sa pagiging kabilang sa grupo. Ang akomodasyong *divergence* ay sinisikap na maihatid sa kausap ang ideyang kaiba siya sa kanila, at pinapanatili ang pagkakakilanlan ng tagapagsalita bilang marka ng grupong kaisa siya sa kultural o sosyal na kinabibilangan, o kaya'y lalong paggiit sa sariling kakayahan at identidad.

Dalawang mahahalagang dahilan ang pagkakaroon naman ng varayti ng wika mula naman kay Moran (2012). Una ang heograpikong lokasyon ng mga *speech community* (o mga lugar kung saan ginagamit ang mga partikular na wika) na maaaring nahihwalay ng isang anyong tubigan o kabundukan, at pangalawa, ang *language boundary* dulot ng migrasyon o paglilipat ng komunidad sa ibang lugar marahil dala ng isang mapinsalang kalamidad o giyera o ang unti-unting pagsasama ng dalawang dating magkahiwalay na komunidad. Dahil dito, nagkaroon ng iba't ibang wika at nasasagkaan ang komunikasyon ng mga tao.

Sa pananaw ng mga sosyolingguwistiko nagbabago ang wika dala ng pagbabago ng pangangailangan ng mga taong gumagamit nito. Nasa lebel ng bokabularyo ang pangangailangan at ang pagbabagong bunga ng ugnayang panlipunan. May tatlong dahilan ang ibinigay na panig ng mga sosyolingguwista sa pagbabago ng wika: una ay ang uso, pangalawa ay ang impluwensiya ng mga dayuhan at ang pangatlo ay ang pangangailangang panlipunan.

Ayon pa rin sa mga sosyolingguwistiko, ang wika ay heterogenous. Bunga ito ng magkakaibang lugar na tinitirhan, pinag-aralan, interes at gawain ng mga indibiduwal na grupong gumagamit nito. Pinaniniwalaan na ang wika ay hindi lamang simpleng instrumento ng komunikasyon na ginagamit ng indibiduwal kundi isang pwersang kultural.

Ang teorya ni Lavob (2000) ay nagsasabing may malaking kinalaman ang lipunan sa pakabuo o pagbabago ng wika.

Makatutulong ng malaki ang pagsaliksik sa Varayti ng Filipino-Meranaw upang makapag-ambag ng mga bagong kaalaman, maaaring makabuo ng mga bagong teorya sa lalo pang pang-unawa, at pagpapalawak sa mga sitwasyong nagbubunsod sa pagbabagong anyo ng mga salita, pagbigkas at pagbalangkas.

1.3 Konseptuwal na Balangkas

Anybody of human speech pattern which is sufficiently homogenous to be analysed by available techniques of synchronic description and which has a sufficiently large repertory of elements and their arrangements or processes with broad enough semantic scope to function in all normal contexts of communication. A language would then consist of one or more varieties which might share a single superposed variety, such as a literary standard language.

Ferguson (1971:30).

Sinasabing ang varayti ng wika ay nagsisimula sa pagiging *homogenous* ng wika ngunit sa loob nito ay makikita ang varayti ng wika dahil nagbabago ang panahon mula maliit na grupo ng tao na nakikipagkomunikasyon ay lumalawak ang elemento at pagkakaayos ng salita batay sa konteksto ng komunikasyon.

Ang mga varayting permanente ay idyolek at diyalekto. Idyolek ang varayti ng wika kaugnay sa personal na kakanyahan ng tagapagsalita; partikular na varayti ng wikang ginagamit ng indibiduwal, ang tanda ng idyolek ay maaaring idyosinkratikong katangian ng istatistikal tulad ng tendensiyang gumamit ng partikular na bokabularyo nang napakadalas (Catford na kay Alonzo (2012)).

Diyalekto naman ang varayting batay sa lugar, panahon, katayuan sa buhay. Kaya't may tinatawag na diyalekto heograpiko, diyalektong temporal, at diyalektong sosyal. Ito ang varayting nakikita sa pormal o substantibong katangiang kaugnay ng pinanggalingan ng tagapagsalita o grupo ng tagapagsalita sa isa sa tatlong dimensiyon: espasyo, panahon at katayuang sosyal.

Ang pansamantalang varayti ng wika ang kaugnay sa kagyat na sitwasyon ng pahayag. Nabibilang ang *register*, *mode*, at estilo. Ang *register* naman ay varayting kaugnay ng higit na malawak na panlipunang papel na ginagampanan ng tagapagsalita sa oras ng pagpapahayag. Halimbawa siyentipikong register, relihiyosong register o panserbisyong register. Ang varayting kaugnay sa bilang at katangian ng patunguhan ng mensahe (*addressee*) at ng relasyon ng tagakilos (*performer*) sa kanila ay nasa ilalim ng estilo. Ang estilo ay maaaring pormal, kolokyal, at malapitan (*intimate*). Ikatlo ang *mode* o yaong varayting kaugnay sa midyum na ginagamit, maaaring pasalita o pasulat.

Mula kay Gregory at Carroll (1978), dalawa ang uri ng baryasyon: diyalekto at *diatypes*. Ang diyalekto ay varayti o subordinate ng wika at ito'y sinasalita sa loob ng mas maliit na grupo. Halimbawa Tagalog-Metro Manila ang diyalekto nito ay Tagalog-Batangas, Tagalog-Quezon, Tagalog-Cavite, Tagalog-Nueva Ecija, Tagalog-Laguna at iba pa.

Ayon kay Curtis McFarland (1983), ang diyalekto ay nauuri sa tatlo at ito ay ang mga sumusunod:

- (1) *Dialectal Variation*- Ang *dialect variation* ay tumutukoy sa distribusyon ng ilang mga salita, punto, pagbigkas ng wika sa loob ng isang *language area* katulad ng Tagalog sa Bulacan, Rizal, Cavite, may iba't ibang pagkakakilanlan o natatanging diyalekto, may kinalaman ito sa magkakalapit ng mga lugar na ito.
- (2) *Discrete Dialect*- Ang *discrete dialect* ay hiwalay sa ibang diyalekto dulot ng heograpikong lokasyon. Halimbawa, Tagalog-Marinduque.
- (3) *Social Dialect*- Ang *social dialect* ay sinasalita ng iba't ibang uri ng tao sa lipunan. Ang mga taong kabilang sa isang grupo ay may ibang pananalita kumpara sa iba na mula sa ibang uri sa lipunan kahit na sila ay nasa iisang lugar.

Ayon kay Ferguson (1971) ang varayti ay maipapakahulugan na kalipunan ng mga *speech pattern* na kapag sinuri ay halos *homogenous* ang anyo at mga alituntunin. Kaya may isa o higit pang varayting gumagamit ng isang *superposed* na varayti (wikang itinakdang mangibabaw sa iba pang sosyal o rehiyonal na varayti) sa loob ng isang wika. Kapag sinuri ang varayting ito mayroong malaking pagkakahawig sa ponolohiya, grammar o leksikon na mutwal na mauunawaan ng mga gumagamit nito. Halimbawa, ang istandard na wikang

pampanitikan ay isang varayti, kompara sa pang-araw-araw na wikang ginagamit ay isa pa ring varayti.

Ayon pa rin sa kaniya ang varayti ay batay sa lokasyon tulad ng mga rehiyonal na varayti i.e, ang varayti ng wikang Cebuano na ginagamit sa Visayas o Mindanaw. Maaari ring batay sa grupo, i.e., mga propesyonal at uri, i.e., mayaman at mahirap. Ang bawat varayti ay ginagamit depende sa *domain* kaya't nagkakaroon ito ng tiyak na register.

Ang *domain* ayon sa mga sosyolingguwista, ang nagkakategorya sa regularidad na nakukuha sa pagitan ng mga varayti ng wika at ang kinikilalang funsiyon nito at sitwasyon sa lipunan. Ito ang karaniwang ginagamit sa paglalarawan ng lingguwistikong padron ng varyasyon sa lebel ng komunidad (Penalosa, 1981 nakay Paz). Samantala ayon naman kay Fishman (1972), tinutukoy ng *domain* ang konsepto ng *habitual* na paggamit sa wika sa multilinggwal na sitwasyon sa tiyak na konteksto sa loob ng mga institusyon. Naisasaalang-alang sa *domain* ang mga sosyal na sitwasyon sa lebel ng personal na interaksyon na kaya't pumipili ang tao ng akmang wika ayon sa lugar, relasyon at paksa. Sa mga multilinggwal na lipunan ang mahahalagang *domain* ay ang pamilya, relihiyon, edukasyon, gobyerno, at pagawaan. Samakatuwid may varayti ng wika sa *domain* ng edukasyon, sa *domain* ng relihiyon at iba pa. Samantala, ang paggamit naman ng varayti ng wikang kinikilalang akma para sa situwasyon ang tinatawag na register. Gumagamit ng iba-ibang register sa sermon ng simbahan, pagbabalita sa palakasan, pagtuturong matematika, pagkukuwentuhan ng magkaibigan, o paglalambingan.

Naniniwala ang mga lingguwista na lahat ng varayti ng wika ay pantay-pantay Paz (2012), sapagkat maaari itong mag-*expand* o mag-*contract* habang nagbabago ang gamit nito at lahat ay maaring makaimpluwensiya at magpasok ng impluwensiya ng iba pang

varayti. Dahil sa iba-ibang tungkulin, nananatili ang varayti, samantalang ang istatus nito ay hinahango mula sa ginagampanan nitong tungkulin. May mga varayting may simbolikal na kahalagahan na nagmula sa konsensus ng lipunan sapagkat kinatawan nito ang interes ng isang etnikong grupo kayat mabibigyan ito ng higit na pagkilala kompara sa ibang varayti. Sa aspektong ito, sosyal at politikal na pagtaya sa varayti kaya't maaring mawala ang elemento ng pagkakapantay-pantay na sinabi ng mga lingguwista. Halimbawa, sa mga moderno at tradisyunal na lipunan, nagpapakita ang huli ng higit na dibersidad sa lipunan. Sa ganitong lipunan ang administrasyong politikal, gawaing panrelihiyon, pag-aaral, likhang sining, at karaniwang kumbersasyon ay ginagawa sa iba-ibang wika. Ang isang klasikal at banyagang wika ang ginagamit sa gobyerno, paaralan at simbahan, samantalang ang karaniwang mamamaya'y nagsasalita ng hindi nakasulat na varayti ng wika. Dahil dito, maraming mamamayan ang nagiging ilitereyt, tulad ng nangyari noong panahon ng Espanyol sa Pilipinas. Ang mababang literasi ang nagbigay ng konsentrasyon ng kapangyarihan sa maliit na bahagi ng populasyong tinatawag na *elite*. Ang internal na dibersipikasyong ito ng wika ang sumimbolo sa matinding sosyal at politikal na estratipikasyon sa lipunan. Ngunit habang nagiging modernisado ito lumiliit ang puwang sa pagitan ng literari at administratibong varayti, at ng popular na varayti. Tumutugma sa pagtaas ng literasi ang pagiging istandard ng wika lalo't nagkakaroon ng akses dito ang nakararami.

Nangunguna ang konsepto ni Giles (1984) ang Teoryang Akomodasyon ang isa sa mga pinagbatayang teorya; ang pagsama (*convergence*) at ang paghiwalay (*divergence*). Ang konseptong ito ay matatawag na pagsama o *convergence* ang interaksyon ng taong kasangkot sa wika sa paraang sinisikap nitong maging kapareho sa kaniyang tono, sa bigkas at sa paraan ng pagsasalita. Ito ay kusang nagagawa ng indibiduwal upang ipakita ang

pagpapahalaga niya sa pakikiisa, pakikilahok at isang nugali ng pagmamalaki na kabilang na nga ang indibiduwal sa isang grupo. Sa pamamagitan ng wika madaling maiugnay ng tao ang kanyang sarili sa iba. Kaya naman may mga taong nagkakasalo sa isang wika. Madaling makapalagayang loob ang taong madaling makaunawa ng kausap at sa paraang ito madali ang pag-uunawaan. Ang wika ang pising nagbubuklod sa dalawa. Samantala, kabaliktaran naman ang tinutukoy sa paghiwalay o *divergence* sa sitwasyon ng paghiwalay, pinagpipilitan ng indibiduwal na manatili ang marka na kaisa siya sa kultural o sosyal na grupo kaya may mga sitwasyong sinisikap ng indibiduwal na manatili ang intonasyon sa pagsasalita at iba pang katangiang taglay ng isang taal na mananalita sa layuning maipakita ang ideyang kaiba ang indibiduwal sa kagrupong nito.

Ang konsepto ng teorya ni Fishman (1971), dalawa ang batayan ng pagkakaroon ng varayti. Una ang tinatawag na Dimensiyong Heograpiko o ang mga lokasyong tulad ng mga rehiyonal. May baryasyon ang sinasalitang wika sa bawat rehiyon, ito ang nagbubunsod sa isang indibiduwal ang pupunta o maninirahan sa panibagong rehiyon ay malaki ang posibilidad na maimpluwensiyahan siya o makaimpluwensiya ng wikang naririnig o ginagamit.

Sa konsepto naman ni Moran (2012), dalawa ang pinagmulan ng pagkakaroon ng varayti, una ang lokasyong heograpiko ng mga *speech community* o may mga lugar kung saan may partikular na wika na ginagamit ng mga taong naninirahan sa partikular na pook na nahiiwalay dahil sa mga natural na kalikasan tulad ng anyong tubig o mga kabundukan, samantala nagkakaroon naman ng *language boundary* dahil sa iba't ibang kadahilanan tulad ng mapinsalang kalamidad, pagsasama ng dalawang magkahiwalay na komunidad at pati ang giyera. Ang mga ito ang dahilan sa pagkakaroon ng iba't ibang varayti.

Mula sa mga pinagbatayang teorya at talatanungan patungkol sa personal na datos ng respondent makukuha ang tugon sa mga salik, malalaman ang mga baryabol na mga salik na partikular na nakaimpluwensiya sa pagkakakroon ng varayti. Ang mga nakalap na datos, sa tulong ng obserbasyon, talatanungan at panayam mula sa mga respondents ang pagkukunan ng pahayag na siya namang susuriin sa tatlong lawak ng wika.


Ang mga tugon na pahayag sa panayam ang pagkukunan ng datos upang mailarawan ang mga layunin na tutugunin sa pag-aaral.

Sa lawak ponolohiya, tutukoy ito sa makabuluhang tunog; salita sa mga pangungusap. Susuriin sa mga pahayag sa panayam kung ano ang mga pagbabagong nagaganap; may pagdaragdag ba sa tunog, pagkakaltas sa mga ponema o pagpapaikli sa pagbigkas ng mga salita ayon sa pagkakagamit sa loob ng pahayag sa pangungusap habang ang respondent ay nagsasalita.

Sa lawak morpolohiya, bibigyang pansin o pokus ang pagbubuo ng mga salita, mula pa rin sa kinuhang pahayag sa panayam ng mga respondent. Isa-isang susuriin ang mga salitang kakikitaan ng paglalapi. Una, ihihiwalay ang mga salitang may paglalaping ginamit, iuuri ang panlapi ayon sa kung ito ay inuunlapian, ginigitlapian at hinuhulapian at saka pa bibigyan ng interpretasyon, kung ano ang madalas na gamiting anyo sa paglalapi at ano ang mga kasagutang mabubuo, ano ang mga impluwensiyang nagaganap sa palabuuan ng mga salita sa kaso ng mga respondent.

Sa pangatlong lawak ng wika, ang sintaksis/pragmatiks naman ang pokus. Ang mga kinuhang pahayag rin ang susuriin sa istruktura ng pangungusap, ano ang tinataglay na mga katangian ng mga pangungusap sa sitwasyong komunikatibo. Paano naipahahayag ang

pangungusap ng mga respondent. Matapos ang mga hakbang sa tatlong lawak ng wika ay saka pa bubuo ng modelo na ang talakay ay sa mga hakbang kung paano nagsusuri ng wika na kakikitaan ng varayti. Sa paglalarawang ito ng varayti ng Filipino-Meranaw ay makabubuo ang mananaliksik ng isang modelo kung paano magsusuri ng isang varayti ng wika gamit ang mga natuklasang salik at katangian ng isang wika batay sa lawak na taglay nito.



**Figura 1. Konseptuwal na Balangkas ng Pag-aaral
Varayti ng Filipino-Meranaw sa Iligan City: Tungo sa Pagbuo ng Isang Modelo sa
Pagsusuri ng Varayti ng Wika**

1.4 Paglalahad ng Suliranin

Pangunahing layunin ng pag-aaral na ito na masuri ang varayti ng Filipino-Meranaw sa mga piling paaralan sa Iligan City

Ang mga tiyak na layunin na isinaalang-alang sa pag-aaral ay ang mga sumusunod:

1. Matukoy ang mga salik na nakakaimpluwensiya sa pagkakabuo ng varayti ng Filipino- Meranaw sa Iligan City
2. Mailarawan ang nabubuong varayti ng Filipino-Meranaw sa mga piling paaralan ayon sa lawak ng wika sa:
 - a. Ponolohiya
 - b. Morpolohiya
 - c. Sintaks/Pragmatiks
3. Makadebelop ng modelo sa pagsusuri ng varayti ng wika

1.5 Kahalagahan ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay maaaring makapagbigay ng kontribusyon sa sumusunod:

Sa Guro ng Wika. Ito ay makapagdaragdag ng kaalaman at pang-unawa sa guro at makapagbubukas sa kanilang kamalayan bilang tagapanguna sa paglinang ng wikang Meranaw. Mabibigyan din ng halaga ang mga wika sa kani-kaniya nitong katangian na kailangang pagyamanin, payabungin at patuloy na paunlarin sa lalo pang ikatataas ng antas ng paggamit. Makaaambag ito ng pangunahing kaaalaman sa mga bagong dulong at estratehiya sa pagtuturo ng wika sa mga mag-aaral. Maiaangkop ang mga pamamaraan sa pagtuturo upang lalo pang maging epektibo, napapanahon, at magbigay inspirasyon sa mga mag-aaral, upang sa gayon ay magkaroon din sila ng hangarin na maging isang mahusay na

mananaliksik pagdating ng panahon. Sa mga guro sa Filipino, mas magiging mahusay at epektibo ang pagtuturo sa dahilang maiaangkop ang mga aralin sa mga bagong *input* at maisasama sa mga silabus ang mga nararapat na pagbabago, magiging batayan rin ito sa paghahanda ng kagamitang pagtuturo.

Para sa mga Nagpaplano sa Meranaw na Kurikulum. Makapag-aambag ito sa mga bagong tuklas na kaalaman na kapaki-pakinabang sa pagpapaunlad ng bagong kurikulum ng K-12 upang maisama ang mga aralin na nararapat na mabigyang tuon sa pagpapatatag sa mga pangunahing kaalaman sa unang wika o *mother tongue base* (MTB-MLE).

Sa Gramaryan/ Lingguwista. Maaaring mapagbatayan ang mga resulta sa pag-aaral na ito sa pagbuo ng mga bagong grammar sa pag-aaral ng wika na makatutulong sa mga di-Tagalog tulad ng mga Meranaw upang maging madali ang kanilang pagkatututo at pagkamulat sa umuunlad na wikang Filipino.

Sa Manunulat ng Batayan at Sangguniang Aklat. Magiging hamon din ito sa mga gumagawa ng mga aklat para sa napapanahon at mga makabagong kalakarang pedagogikal na batayan sa mga wikang nangangailangan pang tuklasin at saliksikin.

Sa Mananaliksik. Maaaring maging batayan at mapagkukunan ito ng mga impormasyon lalo na sa varayti ng wikang-Meranaw upang lalong mapayabong ang wikang ito, at iba pang wikang may katulad at pagkakaiba ring katangian. Makapagbibigay sa mga susunod na mananaliksik ng inspirasyon na ang wika ay napakalawak na paksa na maaari pang saliksikin at pag-aralan. At panghuli, magiging batayan ng iba pang pananaliksik tungkol sa varayti at baryasyon ng wika at magsasanga sa iba pang paksa na sa mga susunod na panahon ay magiging kapaki-pakinabang.

1.6 Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay sumaklaw lamang sa mga salik na nakakaimpluwensiya sa pagkakaroon ng varayti ng Filipino-Meranaw sa Iligan City at sa mga sasakuping kaalaman na nakatala sa mga layuning isasaalang-alang sa pananaliksik. Saklaw pa rin ng pag-aaral ang mailarawan ang mga varayti ng Filipino-Meranaw batay sa lawak ng ponolohiya, morpolohiya at sintaktik/pragmatiks mula sa mga respondent ng anim na paaralan sa Iligan City. Ang mga paaralang pampribado ay ang mga sumusunod: Iligan Capitol College (ICC), St Michael's College (SMC), St. Peter's College (SPT), samantala ang tatlong pampublikong paaralan ay ang Iligan City National High School (ICNHS), Iligan City East High School, Hinaplanon (ICEHS), at ang Integrated Developmental School (IDS) ng MSU- IIT. Ang mga respondent ay mga mag-aaral na Meranaw at nasa baitang 9 at baitang 10 sa mga nabanggit na paaralan.

1.7 Kahulugan ng mga Terminolohiyang Ginamit

Sa lalo pang ikadadali ng pag-unawa sa mga katawagang ginamit sa pananaliksik na ito, ang mga sumusunod na salita ay binigyan ng katuturan at ayon na rin sa pagkakagamit nito sa kasalukuyang pag-aaral.

Baryasyon. Tumutukoy ito sa alinmang wika na may natatanging katangian; ang tatlong uri nito ay wika, dayalek at register (Haugen, 1966). Ito rin ay maliit na grupo ng pormal o makabuluhang katangian na nauugnay sa partikular na uri ng katangiang sosyo-kultural (Catford, 1991).

Code mixing. Ito ay neutral na salita para sa *code switching* at *lexical borrowing*. Nangyayari ang *code mixing* kung nasa loob ng pangungusap ang pagpapalit o *switching* (Pfaff,

1979). Sa pag-aaral na ito ay tumutukoy sa paggamit ng mga salita, kataga, ekspresyon na salit-salitang ginagamit ng mga respondent sa loob ng pangungusap sa pagpapahayag.

Code Switching. Ito ay naiibang disenyo ng panghihiram ng salita o *lexical borrowing* na naglalagay ng buong sunuran ng salita ng isang wika sa konteksto ng humihiram na wika (Beardsmore, 1982). Sa pag-aaral na ito, ay tumutukoy sa paggamit ng mga salit, kataga, ekspresyon na nasa ibang wika (na maaring Ingles, Bisaya, Meranaw) na ginagamit ng nagsasalita bilang pamalit upang matugunan ang agarang pagpupuno sa ginagawang pagpapahayag sa komunikasyon.

Filipino-Meranaw Varayti. Ang kadalasang anyo ng pangungusap na nakita sa pagsusuri sa pag-aaral. Tumutukoy sa nagkakasalitang gamit ng mga salita o mga pananda o pang-angkop sa pagpapahayag sa loob ng pangungusap na maaaring ginagamit ang wikang Filipinong salitan sa wikang Ingles o sa wikang Bisaya, o di naman kaya ay gumagamit ng mga ekspresyon, gap filler o pananda bilang pagpupuno sa pangungusap. Sa pag-aaral na ito ay tumutukoy sa kinalabasan ng pagsusuri sa istruktura ng pangungusap, mga pagbabago ng tunog ng salita bunga sa impluwensya ng mga salik sa pagsasalita ng respondent.

Meranaw. Ito ay terminolohiyang tumutukoy sa mga tao na nakatira sa palibot ng Lawa ng Lanao. Sila ay isa mga pangkat etniko na may sariling katangiang kultural at lingguwistik na matatagpuan sa katimugang bahagi ng Mindanao (Saber at Tamano, 1978). Kilala rin sila sa kanilang likhang sining gaya ng paghahabi, pag ukit ng kahoy at metal at paggawa ng bras. Nakilala rin sila sa kanilang epikong Darangen.

Ito rin ang tawag sa kanilang katutubong wika na gamitin sa kanilang kapwa Meranaw sa siyudad ng Marawi. Ang mga Meranaw ay bahagi ng maraming etnikong grupong Moro. Pang-anim sila sa etnikong grupong Muslim at pangalawa sa pinakamaraming pangunahing grupo ng Muslim sa Pilipinas.

Modelo. Isang hulwaran o maaring pagtularan o gabay na susundan sa pagbubuo ng isang bagay. Ang modelo ng pagsusuri ng varayti ng wika ay magsisilbing padron o molde ng iba pang pagsusuri ng varayti ng wika na batay sa lawak na taglay nito.

Morpolohiya. Ito ang pinakamaliit na kombinasyon ng pasalitang tunog na may kahulugan sa isang tiyak na wika. Ang lahat ng tuntunin na tinitiyak ang gamit ng panlapi at ang salitang-ugat at maaaring pagdugtungin/pagsamahin. Ang ganitong tuntunin ay sinusunod sa pangkalahatang morpolohiya. Tumutukoy rin sa paraan kung papano nabubuo ang morpema sa wikang Filipino, sa pamamagitan ng salitang-ugat, paglalapi at ang morpemang binubuo ng isang ponema.

Ponolohiya. Ito ay ang maagham na pag-aaral ng tunog ng ponema. Kabilang na rito ang wastong bigkas, diin, at tono. Sa mga Meranaw, tunog pa rin ang tinutukoy dito ngunit lubhang may pagkakaiba na sa Filipino. Sa pag-aaral na ito, isa sa mga aspektong susuriin sa mga salitang nakalap sa respondent ay kung ano ang naging pagbabago at ang naging pagkakaltas sa mga ponema kung ang salita ay binibigkas.

Pragmatiks. Ito ay tumutukoy sa mga kaalamang *extralinguistic* na dapat na taglayin ng isang nagsasalita upang makapagtamo ng kahulugan mula sa isang sitwasyong komunikatibo.

Sintaksis. Sa pag-aaral na ito, ang sintaksis sa wikang Filipino ang magsisilbing batayan at patnubay sa pag-analisa sa mga datos. Ang bawat wika ay may tuntuning upang maging patnubay kung paanong mapag-isa ang mga salita upang makabuo ng makahulugang parirala at mga pangungusap.

Varayti. Ito ay set ng mga lingguwistik aytem na may magkakaparehong distribusyon. Halimbawa: varayti ng wika ng mga estudyante, istambay, tindera at iba pa (Haugen, 1966). Ito ay tinatawag ding dibersidad ng wika, mayroong dibersidad na matutunghayan sa mga lebel na – ponolohikal, gramatikal at leksikal. Mapag-aralan at masusuri ang dibersidad na ito sa tatlong dimensiyon – heograpikal, sosyal at estilo (Paz at Rubin, 2012).

Ang tinutukoy na varayti sa pag-aaral na ito ay ang nabubuong Filipino-Meranaw Varayti, ang datos ng pag-aaral, kinalap mula sa respondent na mag-aaral na Meranaw, sinuri at inilarawan sa tatlong lawak- ponolohiya, morpolohiya at sintaksis/pragmatiks.

KABANATA II

MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng dalawang bahagi ang konseptuwal na literatura at kaugnay na pag-aaral. Sa konseptuwal na literatura tatalakayin ang iba pang teorya, pananaw at konsepto na may kinalaman sa varayti ng wika. Sa kaugnay na pag-aaral naman ay babanggitin ang mga kaugnay na pag-aaral na lokal at sa ibang bansa. Mahalaga ang mga ito sapagkat makikita ang kaugnayan ng bawat pag-aaral sa kasalukuyang pag-aaral upang mas higit pang mapalawak at mapalalim ang pagpapaliwanag ng mga ideya at kaisipan.

2.1 Ang Mga Kaugaliang Kultural ng mga Meranaw

Napakayaman sa kultura at tradisyon ang mga Meranaw. Sila ang mga taong hindi nakakalimot sa pinagmulan at kinagisnang kultura, natatangi ang kanilang kaugalian kaya sila ay bukod-tangi. Pinahahalagahan nila ang mga balyung kultural na hanggang sa ngayon ay makikita at naisasabuhay pa rin nila. Ang mga Meranaw ay dominanteng grupong minoridad sa Mindanao.

This is a tribe of Muslim residing along the coast of Lake Lanao. It literally means *people of the lake or dwellers of the lake*. This term also refers to the language used by this people. (Arindig 2013).

Pangangalakal ang ikinabubuhay nila, kaya naman sa kasalukuyan ay hindi lamang sila makikita sa Iligan City at Marawi City kundi sa halos lahat ng lungsod at pamilihan sa bansa. May populasyong humigit kumulang sa 840,000 sa sarbey nitong huling taon ng

dekada dalawampu. Sila ang may pinakamalaking populasyon sa lahat ng minoridad na kultural dito sa Pilipinas. Dahil na rin sa katangian ng kanilang kultura, mabilis ang pagdami ng kanilang populasyon. 90% ng populasyon sa Lanao del Sur ay maagang nag-aasawa samantalang ang 10% naman ay nasa Lanao del Norte, Cotabato, Zamboanga del Sur, Bukidnon, Maynila, at sa iba't ibang parte ng Pilipinas. Ayon sa census (1990 Census of Population and Housing), mula sa 15 hanggang 64 ang bahagdan ng populasyon na umaabot sa 56.07% ang may trabaho, at kapansin-pansin na marami sa Meranaw ang may negosyo sa iba't-ibang lugar sa Maynila at maging sa lungsod ng Baguio.

2.1.1 Ang Pagkakamag-anakan o *Kinship*

Sa mga Meranaw, ang suliraning pampamilya ay napakahalaga (Javier 1980). Kailangang malaman ito nang agama (komunidad) upang mabigyan ng agarang solusyon. Binubuo ng iba't ibang agama mula sa mga magkakamag-anakan. Agad nalalaman ang mga suliranin ng pami-pamilya at makikita ang buong angkan sa pagdadamay.

Sa ganitong sistema pumapasok ang *kinship system* ng mga Meranaw. Sa isang *Pengampong*, napakahalaga ng *kinship*. Ito ay binibigyan ng higit na atensiyon, may natatanging mekanismo sa paglutas ng suliranin o ano mang gulo. '*Salsila*' ang ginagamit na instrumento upang bakasin ang pinagmulan ng angkan. Ito ang batayan kung sila nga ay mula sa isang lahi o angkan. Ang pagiging miyembro ng *Pengampong* ay limitado sa mga Meranaw lamang. Dito rin mababakas ang kanilang pinagmulang *salsilah*. Kung minsan o kadalasan sa pagtalunton nito ay nalalaman na ang magkaaway ay magkakamag-anak pala, nagbibigay halaga rin ang pagkakapatiran sa pananampalatayang Islam.

2.1.2 Maratabat

Ang *maratabat* ang susi ng Sikolohiyang Meranaw (1960, mula kina Saber, Tamano, Warriar, nasa Manginsay 2011). Mahalagang maunawaan ito upang malaman ang kakaiba o *unique* na katangian nila lalo pa sa mga suliraning kinakaharap nila, at kung papaano nila ito binibigyang lunas.

Napakahalaga sa kanila ang pag-iingat na huwag mapahiya o ang tinatawag na *maratabat*. Ito ay nakatanim sa damdamin at isipan nila na ang '*hiya*' ay ang kanilang pinakaiingat-ingatan at binibigyang proteksyon at halaga sa kanilang buhay.

Ito ay makapangyarihang balyung kultural at gumaganap ng mahalagang papel sa lipunang Meranaw. Sa labis na pagpapahalaga rito ang isang katangiang ikinaiba nila sa iba pang grupo ng Muslim sa Pilipinas. Mula kay Mednick (1987, Dansalan Quarter) ang *Maratabat* ay nangangahulugang *status honor, amor propio, rank sensitivity, self-esteem, sense of pride, o seeking after prestige*, kaya ang *maratabat* ay sumasakop sa konseptong responsibilidad, dangal, at hiya ng isang Meranaw. Ayon pa rin sa kaniya, ang hiya na tinutukoy rito ay hindi personal na kahihyan, kundi ang kahihyang sasakop sa buong angkan o lupon ng mga Meranaw. Halimbawa, kung may gulo sa pamilya ito ay tatawaging kahihyan, subalit kung buong angkan na ang kasangkot nito, ito ang tatawaging *maratabat*. Ang pagkahiya ay bahagi ng *maratabat*. Ang *maratabat* ay naglalaman ng sensibilidad na naibabahagi ng isang myembro sa buong angkan at sapagkat ang *maratabat* ay may relasyon sa kalagayang panlipunan ng mga Meranaw, ang mga ninuno ay ingat na ingat sa pangangalaga ng *maratabat*. Halimbawa, kung ang Meranaw ay kakandidato o papasok sa pulitika, obligado na magbigay ng suporta at ambag. Hindi lamang basta tulong

pinansyal kundi pati rin ang kanilang buong yaman, ito'y dahil sa nais nilang pangalagaan ang *maratabat* ng buong angkan.

Isa pang halimbawa, kung ang isang Meranaw ay nakapasa sa ano mang licensure exam, halimbawa, Bar Exam o Board Exam ito ay dapat na bigyan ng engrangendeng selebrasyon o *kanduri* at ito ay ipinapakita sa naglalakihang pagbati sa mga tarpolin. Ang antas ng *maratabat* ng isang Meranaw ay kasintaas ng kaniyang posisyong pinanghahawakan sa lipunan. Ang isang Meranaw na walang *maratabat* ay walang saysay sa lipunang Meranaw.

2.1.3 Ang Ridu

Isa itong terminolohiyang nagpasikat sa mga Meranaw, ang Ridu. Ito ay isa sa mga kaugaliang di napaparam sa kanilang kultura. Sabihin pa ang makatotohanang pagpatay sa Lanao del Sur ay nagkakaroon ng hustisya sa mga kamay mismo ng naagrabyado, hindi sa kamay ng korte. Tinatawag din itong paghihiganti ng dugo (revenge of blood, de los Santos, 1950). *Clannish* ang mga Meranaw (labis na pagpapahalaga sa angkan) kaya ang batas ay nasa kanilang kamay, kapag buhay ang inutang, buhay rin ang kabayaran. Di lamang sa kriminal na nakagawa ng kasalanan ang paghihiganti kundi sa buong pamilya, sa buong angkan at hanggang sa ikaapat na salinlahi. Ang pinakatarget sa paghihiganti ay hindi lamang sa may pinakamataas na katungkulan sa pamilya at kundi pati ang mga kamag-anak. Maging ang buong distrito o komunidad ay maaari ring gumawa nito lalo na kung ang pinaslang ay ang paboritong anak o datu. Tinatawag ring *feud* ang ubusanng lahi.

Wala sa balyung kultural ng mga Meranaw ang paghingi ng kapatawaran sa katunggali sa naagrabyadong pamilya. May kakaibang batas na maghaharap ang mga

matatandang nirerespeto at may posisyon sa komunidad upang ayusin ang sigalot at di pagkakaunawaan. Ang pag-uusap ay ang kabayaran sa biktima o tinatawag ring *buying the victim's family*. May katumbas na halaga ang ginawang krimen o maaari ring pag-usapan ang hinihinging kabuuang kabayaran sa krimen ng naagrabyadong angkan.

2.1.4 Ang Kanduri

Marangya ang pagdiriwang ng *kanduri*. Ito ay pagbibigay pasasalamat o parangal sa isang taong umani o nagtamo ng parangal o tagumpay. Halimbawa, ang pagkapanalo bilang kandidato, nakapasa sa ano mang pasulit, sa paggaling ng nagkasakit, tagumpay sa paghahadj, at iba pa.

Sa pagdiriwang ng *kanduri*, masasaksihan ang napakarangya at magarbong pagdiriwang. Napakasaya at engrande ng bulwagang puno ng makukulay na mamadjang na dinisenyuhan ng makikintab na mga *sequence* na mga banderitas na magkakaiba at matitingkad na kulay. Maging ang mga kasangkapan ay kulay ginto rin. Ang kanilang pangkulturang malong o kasuotan ay dilaw at ang kapares na mga alahas ay tunay at makikinang. Dito rin matitikman ang mga pambihirang putahe at delikasi. Sa mga gastusin, ang mga magkakamag-anakan ay nagtutulungan kaya karangalan at pribilehiyo ang magbigay at makiisa.

Ang mga nabanggit ay iilan lamang sa mga napakahalagang kultura na sadyang inilahad sa pag-unawa ng kultura nila na siyang makatutulong sa kasalukuyang pananaliksik.

2.2 Ang Tungkulin ng Wika sa Interaksiyong Etniko

Ang mga iskolar na sina Tajfel at sikolohistang si Giles (1977) ay bumuo ng teorya ng wika sa relasyon ng pang-etnikong grupo (na makikita rin kina Bourhis at Taylor, 1977). May tatlong bahagi ang teorya; (1) Ang etnolingwistikong *taxonomic vitality* na nagpapakita ng mga salik na nakakaapekto sa pagkamasigasig o pagiging masigla ng mga grupo sa pakikihalubilo; (2) ang teorya ng relasyong *intergroup* (pinaunlad ni Tajfel); at (3) ang teorya ng akomodasyon (pinaunlad ni Giles).

Sa pagsasama ng tatlong komponents na ito, ang nagpaunlad ng teorya na ang wika bilang balangkas ay mas nauunawaan ang tungkulin nito sa pagkakakilanlan at pakikipag-ugnayan sa kabilang na grupo. Upang malaman kung ano ang gampanin ng wika sa loob ng pakikipag-interaksiyong etniko, at ano ang tungkulin ng wika ang ilalarawan. Ang mga konseptong paghahari ay nakapaloob sa mga panlipunang kategorya na ginagamit at ang panlipunang identidad ng grupo sa pakikihalubilo. Iyan ay kapag ang mga grupo na nag-iinteraksyon ay nagpapakita ng panlipunang kategorisasyon bilang basehan ng kanilang lingguwistiko at kultural na pag-uugali at kilos tungo sa iba.

Inuuri din nila ang mga sarili bilang pansariling identidad sa pagtukoy ng kaibahan sa iba, na bahagi ng pansariling pagkakakilanlan, tulad ng pagkategoryang panlipunan, kasama na rito ang damdamin at pag-uugali tungkol sa sariling estilo ng pagsasalita kung ihahambing sa iba. Hindi lang kinakategorya at kinikilala ang sarili sa iba kapag nagkikita, ginagawa rin ang paghahambing ng kanilang sosyal na identidad sa ibang grupo, sapagkat ang identidad ang nagpapakahulugan kapag ang ibang grupo ay ipinaghahambing ang pagkakakilanlan ng isang etnikong kalagayan. (Giles, 1977). Sa sosyal na salita, kung gayon, ginagamit ang wika upang malaman kung sino ang gumagamit at upang makilala kung

paano makikilala ang gumagamit, at makikilala ang mga sarili sa pagpapanatili ng relasyon sa gumagamit. Ang tungkulin ng wika sa pagpapakita ng kahalagahang ito ay kailangang mailarawan.

Ang etnikong grupo ay gumagamit ng wika upang panatilihin ang kaniyang sikolohikal at sosyolohikal na pagkakaiba (Giles, 1977 na kay Eastman ulat ni Parkins, 1977). Natuklasan niya ang mga grupo ng kabataan, at mga gang sa Nairobi ay kailangang maramdaman nila na kaiba sila sa bawat isa. Ang iba ay gustong makilala sila sa pamamagitan ng paggamit ng English at Swahili, kahit pa ang kanilang pag-uugaling pangwika ay makikitang magkatulad na magkatulad. Sa pangkalahatan, ang sikolohikal na pagkakakilanlan ay naipakilala sa pamamagitan ng nagkakaibang aksent, pagkakaibang diyalekto, o ang pagpapanatili ng isang koda o varayti ng wika sa presensiya ng kausap.

Panghuli, ang mga grupong nagkakasama, ay ginagamit ang wika bilang alternatibo sa kognitibong pagtanggap sa paggamit sa interaksyon sa iba. Sa pamamagitan ng *cognitive alternative* ay nangangahulugan ng posisyon ng grupo bilang, di permanente at permanente, bilang mababa kaysa sa ibang grupo. Kung makita ng grupong walang alternatibo sa mga *intergroup*, ang ibang indibiduwal ay maaring isaalang-alang ang kanilang sariling grupo, *vis-à-vis* ang hindi kasaling grupo bilang legitimo at panatag ay mapapataw ang sisi sa mababang pagkilala sa sariling grupo sa lipunan bilang mahinang grupo sa katangian. Sa gayon, ay may pagtatangkang maging kasali sa dominanteng grupo (Giles, 1977) upang makasali sa inaakala mahinang grupo patungo sa dominante o mas kinikilalang grupo posibleng nagko-converge ang *pattern* sa pagsasalita. Halimbawa nito ang isang Mexican- American na iniwan ang Espanyol para sa Ingles at lahat ng pagkakakilanlan bilang aksent ng Espanyol sa kanilang niyakap na wika. Katulad rin ng mga miyembro ng dominant

na grupo, ay pinipili ang “superyor” na wika upang umiwas na malaglag sa kinikilalang mataas na istatus.

Ang dahilan ng pagkakaroon ng varayti ng wika ay may kaugnayan sa pagkakawatak-watak ng mga pulo na may kaniya-kaniyang wika at diyalekto. Bukod sa nabanggit maituturing na multilingguwal ang mga Filipino dahil mahigit sa isang wika ang kanilang ginagamit sa aktuwal na komunikasyon.

Ang impluwensiya ng wikang Ingles bilang isa sa mga wikang opisyal o wikang ginagamit sa pamahalaan at edukasyon ay ang Filipino. Mula kay Espiritu (2001), ang Filipino ay katutubong wika na ginagamit sa buong bansa bilang wika ng komunikasyon ng etnikong grupo. Katulad ng iba pang wikang buhay ang Filipino ay dumaraan sa proseso ng paglinang sa pamamagitan ng panghihiram sa mga wika sa Pilipinas at sa mga di-katutubong wika at sa ebolusyon ng iba’t ibang situwasyon sa mga pagsasalita nito na may iba’t ibang saligang sosyal at para sa mga paksa ng mga talakayan at iskolarling pagpapahayag.

Ang alin mang wikang buhay katulad ng Filipino ay nagbabago kasabay ng pagbabagong bihis na sumasabay sa panahon ng impormasyon at globalisasyon. Isa pang hanguan ng pagbabago ng Filipino ay ang patuloy na pagpapaunlad nito “salig sa umiiral na mga wika sa Pilipinas” (Sek. 6 Artikulo XIV ng 1987, Konstitusiyon ng Pilipinas).

Bahagi ng pagbabago ang tumataas na kamalayang lingguwistik na may iba’t ibang varayti ng Filipino ang umiiral sa mga rehiyon at mga varayti sa mga bayan bayan o probinsya ng rehiyon.

Kinuha ni Santos (2003) ang konsepto ni Recto, ang wikang Filipino ay wika ng pagbabago. Ang Wikang Filipino ay kabahagi sa proseso ng pagbabago at pagkakaisa sa ating pamahalaan at lipunan.

Inilarawan naman ni Pascasio (1973) ang kalagayan ng wika sa Pilipinas. Ang Ingles ay nananatili pa ring *lingua franca* sa Pilipinas may mahalagang tungkulin sa pakikipag-ugnayan sa ibang bansa. Ginagamit rin ang Ingles sa mga tiyak na gawaing pampaaralan at bilang midyum ng pagtuturo. Tinuran pa ni Pascasio na ang magkahalong Ingles at Filipino ay nagbibigay daan sa pagbuo ng tinatawag na *mix-mix* o *Taglish*.

Sa pag-aaral pa rin niya nabanggit na ang Filipino ay mas madalas gamitin kaysa sa Ingles sa mga tahanan, sa mga impormal na situwasyong komunikatibo gaya ng pag-uusap, paghingi at pagbibigay ng impormasyon. Ang wikang Ingles ay higit na gamitin sa mga paaralan at pagtitipong pang sosyal. Samantala kapag magkapantay ang pag-uusap, ang situwasyong kanilang kinaroroonan ay walang kinalaman sa uri ng wikang kanilang ginagamit. Ang kapuwa Filipino at Ingles ang kanilang ginagamit.

Ang gampanin ng pag co-code-switch ng mga interlokyutor sa modelo ni Gumperz (1976) 1.) *repetition*, 2.) *addresse specification* 3.) *interjection* 4.) *quotation* 5.) *message qualification* 6.) *personalization vs. objectivation* 7.) *asking and giving information* 8.) pagpapahayag ng paggalang.

Ayon kay Paz (1993), ang pagtanggap sa wika ay bukas sa alin mang pagbabago. Dahil ang wika ay buhay hindi maiiwasan na makalikha, magkaroon ng inobasyon. Bunga nito kailangang tanggapin ang ano mang umiiral na bersiyon ng wikang pambansa, tumutukoy ito sa varayting dala ng pagkakaiba ng impluwensiya ng mga wikang katutubo at

pagkakaiba ng kapaligaran ng mga komunidad kung saan matatagpuan ang mga varayting ito.

Mula naman kay Krashen iniangkla niya ang ang teorya ng pagkatuto ng pangalawang wika kay Chomsky (1981) tinawag niya itong *Krashen Monitor Model*. Mula rito ay nabuo ang limang haypotesis sa pagkatuto ng pangalawang wika, ito ay ang akwisisyon-pagkatuto, natural na balangkas, ang monitor, input at pandamdaming filler.

2.3 Mga Kaugnay na Pag-aaral na Lokal

Sa pag-aaral ni Litogo (2011) binanggit niya ang pagkakaiba ng Bisaya-Cebuano sa ponolohiya, morpolohiya at sintaksis na varayti ng wika. Ang Cebuano ay may mahabang pagbigkas sa *Oo*, at may katagang *ug*, maraming ponemang ginagamit ang *y*. Ang bigkas ng ponemang */i/* at */o/* ay matigas baligtad ito sa Tagalog, marahil dahil ito sa mayroon lamang tatlong tunog ang Cebuano ang *a*, *i* at *u*. Sa Cebuano- Bohol kapag *y* sa hulihan ng salita nagiging tunog *dza* pag nasa hulihan ng salita e.g. *baja* (*bahay*). May ilang lugar sa Cebu na nawawala ang *i* samantala sa Siliao ay maraming salitang may tunog *i*. Sa Cebuano–Davao, pinapalitan ng tunog na *i*. Ang mga salitang *ambot*- kahulugan ay *bawo dis-a-diin* at *palamuot-kataw-anan*.

Ang pagkakatulad nito sa pag-aaral ay sa magiging resulta sa anong mga salita ang naging varayti at anong mga dahilan sa pagkakaroon ng varayti. Ang pagkakaiba nito sa pag-aaral ay sa mga respondent na pinagmulan ng mga datos at sa pamamaraan ng pagkuha ng datos. Mas malawakan ang pagkuha ng datos kay Litogo, samantala sa

kasalukuyang pag-aaral, ang tuon ay mga respondentng nag-iba ng lugar na tinitirahan at paano naapektuhan ang kanilang wika dahil sa bago at ibang puwersang panlipunan.

2.3.1 Mga Pag-aaral sa Varayti

Ang *Diak Maawatan: Unang Sulyap sa Ilokano Varayti ng Filipino*, isang pag-aaral ni Elizabeth A. Calinawagan (2012). Ang dalawang ekspresyon na *Hindi ko maintindihan* at *E, di suportahan taka!* ay isang rehiyonal na wika at malawakang tinanggap ng buong kapuluan dahil sa impluwensiya ng media. Isa lamang itong patunay na napapayaman ang wikang pambansa sa pamamagitan ng mga ambag mula sa mga rehiyonal na wika. Deskriptibo at komparatibo ang ginamit na lapit ni Calinawagan, sa kaniyang pananaliksik at ang mga datos ay hinango sa pasalita at pasulat na gamit ng wika. Ang mga pasalitang datos ay kinuha sa mga narinig na komunikasyon ng mga estudyante na Ilokano sa loob ng campus sa UP-Baguió at sa pag-broadcast ng isang Ilokanong anawnsér sa radyo. Sa pasulat naman kumuha sa komposisyon ng mga estudyante sa kanilang sulating pananaliksik at pang-akademikong papel.

Ponolohiya

Ang ponemang glottal /ʔ/ ay kinikilalang isang konsonant o katinig.

Halimbawa: *inom, uwi, alam*

Naririnig ito sa unahan ng salitang nagsisimula sa patinig ngunit hindi nababasa sa gitna ng dalawang magkasunod na patinig *da'an, sa'ing, bu'o*, sa mga salitang nagtatapos sa patinig ang konsonant sa hulihan ay nagtatapos sa impit o di kaya'y /h/

hanap, higop, ihip, lahat

/suri' + -an	siri'an /	/samba + -in	sambahin /
/tanda + -an	tanda'an /	/buti + -in	butihin /

/pili + -in pili'in /

/sama + -an samahan /

/kasama'an/ 'evil'

/kasamahan / "companion/

Mapapansing walang hulaping *hin* at *han* at walang /h/ at /' / impit sa hulihan

Napirma'an napirmahan

Simba'an simbahan

/r/ vs /l/

Ang salitang may /r/ sa Ilocano ay nagiging /l/ sa Tagalog nang walang pagbabago sa kahulugan.

rabong *labong*

asukar *asukal*

/d/ vs /r/

Ang /d/ ay nagiging /r/ sa pagitan ng dalawang patinig.

babayadan - *babayaran*

bakudan - *bakuran*

padaanin - *paraanin*

/i/ vs /e/

May dayalektal na bigkas ang patinig na /e/.

[ɛ] Ilocano Ilocos Sur Norte

La Union [ə]

/i/ Nueva Ecija

<i>atep</i>	-	<i>atop</i>
<i>denggen</i>	-	<i>dinggin</i>
<i>bituen</i>	-	<i>bituin</i>

/g/ vs /l/

<i>uging</i>	-	<i>uling</i>
<i>agong</i>	-	<i>ilong</i>
<i>laga</i>	-	<i>lala</i>

Pagkakaibang Suprasegmental

Metatesis

May tuntunin sa balarila na kapag ang pandiwa ay nagsisimula sa */l/*, */r/* o */y/* at isinisingit ang gitlaping */-in-/* upang tukuyin ang pangnakaraan nitong aspekto, nagpapalit ng lugar o may metatesis na nangyayari sa pagitan ng */l/* at */n/*, */r/* at */n/*, */y/* at */n/*.

Halimbawa:

<i>luto + -in – linuto</i>	-	<i>niluto</i>
<i>reyp + -in – rineyp</i>	-	<i>nireyp</i>
<i>yakap + -in – yinakap</i>	-	<i>niyakap</i>

*Walang metatesis ang Ilocano hindi katulad sa Filipino.

Ilocano:

Linuto ni Nana yang pansit

Meron daw rineyp kagabi

May pag-uulit ng gitnang katinig *germination* ang wikang Ilocano.

buggu?ong *Pahingi ng bagguong mo.*

uttot *Hoy, ang baho ng uttot mo.*

Ponemik ang germination sa Ilocano, e.g. may pagkakaiba sa kahulugan kung isang patinig o dalawang katinig ang ginamit.

Halimbawa:

laba - maglaba ng damit
walang hawakan

labba - isang kwadradong basket na

kubo - bahay na yari sa nipa

kubbo - hunchback

sipit - ipit

sippit – tuka

Mayroon din itong morpolohikal na gamit. Sa ilang salita, lalo na ang mga salitang may kinalaman sa pamilya ang pag-uulit ng gitnang katinig ay nangangahulugang pangmaramihan.

ubing - isang bata

ubbing - maraming bata

lna - isang ina

inna - maraming ina

apo - isang apo

appo - maraming apo

Impluwensiyang Morpolohikal

Paglalapi – magkatulad ang Ilocano at Filipino sa pagbubuo ng salita na may paglalapi, pag-uulit (reduplikasyon) at/o kombinasyon ng dalawa. Maraming panlapi ang parehong makikita sa dalawang wika kung kaya hindi maiiwasang nagpapalitan ang gamit ng mga ito.

/-um-/ vs /mag/

Sa mga salitang phenomenal, mas ginagamit ang */-um-/* sa Filipino at */ag-/* naman sa Ilocano.

Filipino

Lumindol

Bumagyo

Ilocano

Huwag naman sanang maglindol.

Nagbabagyo dito sa Baguio.

Ang mga pandiwa sa Filipino na ginagamitan ng mga panlaping */mag-/* o */man-/* sa Ilocano ang katumbas ay */maki-/*.

Filipino

Mamalengke

Magdasal

Magsimba

Ilocano

*makitinda, Nakipalengke ako
kanina.*

makilualo, Makidasal kami kina

Lola Oya

*makimisa, Ayaw kong sumama
makimisa.*

/-in-/ vs /-en-/

Ang */-in/* sa Filipino ay katumbas ng */-en/* sa Ilocano.

Filipino

aral + in

baliktad + in = baliktarin

Ilocano

adal + en

*Adalen mong mabuti ang kanta
mo.*

Huwag mong baliktaden.

/ma-/ vs /na-/

Sa pang-uri */ma/* ang ginagamit sa Filipino */na/* naman sa Ilocano.

Filipino

Ilocano

maalikabok

naalikabok dito

mainit

nasali metmet

matipid

natipid ako

Impluwensiyang Sintaktik

Ang sintaks o balarila o tumutukoy sa *word order* o pagkakaayos ng mga salita sa loob ng pangungusap. Ang estruktura ng Ilocano na iba sa Filipino kapag bumubuo ng pangungusap.

Madalas gamitin ang *N + Pron* na estruktura kaysa *Pron + N*.

Ilocano *Ang mureng natin sa halip na ang ating mureng*

Filipino *Ang balon niya sa halip na ang kaniyang balon*

Ilocano *ti balayko - ti ko balay - ang aking bahay*

ti sapatosna - ti na sapatos - ang sapatos niya

Aspekto ng Pandiwa

Future tense o panghinaharap

Sa Filipino ang aspektong panghinaharap ay ginagamitan ng pag-uulit sa unang KP ng salitang-ugat. Sa Ilocano walang pag-uulit. Ikinakabit lang ang *adverbial* na panlaping */-to/ ~ /-(n) to /to/* kapag nagtatapos sa katinig ang pandiwa, */-nto/* kapag nagtatapos sa katinig.

<u>Filipino</u>	<u>Panghinaharap</u>	<u>Ilokano</u>
<i>uminom</i>	<i>iinom</i>	<i>uminomto</i>
<i>maglaba</i>	<i>maglalaba</i>	<i>aglabanto</i>
<i>bilhin</i>	<i>bibilhin</i>	<i>gatangento</i>

Isa pang pinagkaiba ng Filipino sa Ilokano ay sa impleksiyon ng pandiwa. Sa Filipino sa pandiwa lang ang impleksiyon samantala sa Ilokano ang panlapi ay maaring ikabit sa anumang bahagi ng pananalita, e.g. pangngalan, pananda, pandiwa, etc. Tingnan ang sumusunod na pangungusap.

<i>Aggwidto</i> ni Dick no umay a bulan.	<i>Uuwi</i> si Dick sa susunod na buwan.
Ni Dickto ti <i>agawid</i> no umay a bulan.	Si Dick ang <i>uuwi</i> sa susunod na buwan.
Ninto Dick ti <i>agawid</i> no umay a bulan.	Si Dick ang <i>uuwi</i> sa susunod na buwan.
No umayto a bulan ng <i>agawid</i> ni Dick.	Sa susunod na buwan <i>uuwi</i> si Dick

Ibig sabihin sa pagpapahayag sa kahulugang nilalaman ng pangungusap sa Ilokano walang pag-uulit o hindi inuulit ang salitang-ugat, na samantalang Filipino ay sa salitang-ugat ang nagbabago ayon sa aspekto ng pandiwa at inaangkop ang pang-abay na pamanahon sa aspekto ng pandiwa. Halimbawa: Umuwi si Dick kahapon.

Impluwensiyang Kultural o Sosyolingguwistik

Sa mga Ilokano upang ipakilala ang kanilang identidad sa pagsagot sa nakatatanda laging idinudugtong ang pantawag sa sinumang kausap. Halimbawa, kapag sumasagot ng *opo* ang sasabihin ay *wen* at ang panawag sa kausap. Halimbawa: *wen, manang, wen Apo, wen mam.*

Isa pa rin sa pag-aaral ay ang *Mula sa Isa Ngunit Naiba: Paglalarawan ng Varayti ng Tagalog sa Angono, Rizal* ni Ligaya T. Rubin at Vina P. Daz (2012).

Tinangkang ilarawan ang lingguwistikang katangian (pagbigkas, anyo ng salita, etc.) na naglarawan din ng ilang kultural na katangian ng bayan batay sa gamit at pagpapakahulugan ng mga salitang produkto ng lugar, karanasan at pamumuhay ng taumbayan.

A. Punto – ang puntong Angono tuwina ay inaakalang ang nagsasalita ay galit at masungit. May ilang salaysay na naglarawan sa katangian ng puntong Angono.

B. Unang Paraan sa pagbigkas ng salita

May mga salitang binibigkas na pinahaba ang pantig sa ikalawang pantig buhat sa hulihan (vowel lengthening) sa halip na maikli at may impit lamang sa dulo.

Mga Halimbawa ng sumusunod:

<u>Salita</u>	<u>Bigkas-Angono</u>	<u>Salita</u>	<u>Bigkas-Angono</u>
<i>paa</i>	<i>pa:a</i>	<i>tainga</i>	<i>tai:nga</i>
<i>noo</i>	<i>no:o</i>	<i>totobi</i>	<i>toto:bi</i>
<i>leeg</i>	<i>le:eg</i>	<i>mataas</i>	<i>mata:as</i>

<i>piit</i>	<i>pi:it</i>	<i>loob</i>	<i>lo:ob</i>
<i>liit</i>	<i>li:it</i>	<i>puang</i>	<i>pu:ang</i>

May pagkakataong kinakaltas ang tunog na /w/, /y/, at /m/ sa ilang mga salita.

Mayroong ilang halimbawa sa ibaba.

a. Tunog na /w/

uwang luang luwag luag muwang muang

b. Tunog na /y/

biyak biak liyad liad

c. Tunog na /m/

lamang /laang/

Maririnig na binibigkas na /e/ ang /i/ sa ilang pagkakataon.

Halimbawa:

leeg langgonesa
setaw gegewang-gewang

Makikita rin sa mga salita ang patinig na /o/ sa halip na /u/.

Halimbawa:

kulong-kulong kolong-kolong suong soong
ugoy-ugoy ogoy-ogoy daungan doongan

May tanging pagbigkas na tang sa Angono. Ang sumusunod ay mga halimbawa.

itlog ikog kalamansi kalamundi
tsamporado sumparado aratilis alatris

C. Pagbabagong Pandiwa

1. Banghay ng pandiwa sa *-an + -in*

- a. Binabanghay ang mga pandiwang pautos sa hulaping *-an*, at hulaping *-i/-in*.

Halimbawa:

<i>langisan</i>	<i>langisi</i>	<i>Langisi</i> ang buhok para gumanda.
<i>(pa) liguan</i>	<i>ligui</i>	<i>Ligui</i> ang aso.
<i>tubigan</i>	<i>tubigi</i>	<i>Tubigi</i> ang tapayan.
<i>puluputan</i>	<i>pulututin</i>	<i>Pulututin</i> ng lampin ang sanggol.

- b. Ang mga pandiwang pautos na binabanghay sa hulaping *-in*, at ang hulaping *-a*.

<i>pakantahin</i>	<i>pakantaha</i>	<i>Pakantaha</i> mo ang bata.
<i>lutuin</i>	<i>lutua</i>	<i>Lutuan</i> ang ulam.
<i>daliin</i>	<i>dalia</i>	<i>Dali-a</i> mo ang iyong pagluluto.

- c. Makikita sa pangnagdaan na banghay ng Tagalog-Angono ay ginagamitan ng unlaping nag- sa halip na *um-; /na-/ nag-* + salitang-ugat

Halimbawa:

<i>naligo</i>	<i>nagligo</i>	<i>sumigaw</i>	<i>nagsigaw</i>
<i>dumaan</i>	<i>nagdaan</i>	<i>kumanta</i>	<i>nagkanta</i>

Mga Tiyak na pagpili at paggamit ng salita sa pangungusap.

nasumpungan kapag nakita o natagpuan.

Pangungusap: *Nasumpungan* ko ang bata na umiiyak.

hiniklas kapag inagaw.

Pangungusap: *Hiniklas* niya sa akin ang basket.

lungat kapag spoiled brat.

Pangungusap: *Lungat* ang bata dahil nasusunod ang gusto.

daghan kapag marami.

Pangungusap: *Daghan* ang kaniyang labahin.

maparine kapag aalis.

Katulad sa mga natuklasang varayti sa Ilocano sa partikular na pag-aaral ni Calinawagan natukoy ang *distinct* na katangian ng Ilocano sa iba pang wika sa Pilipinas. Sa lawak ng ponolohiya, ang ponemang glottal kapag pinagigitnaan ng dalawang magkatulad na ponemang patinig may paghinto sa pagbigkas ng salita, Halimbawa, *da.an*, kapag nasa hulihang pantig naman ang panlaping /han-/ sa salita, nakakaltas ang ponemang /h/. Ang isa pang nakitang varayti ay may *germination* ang wikang Ilocano. May mga salitang nananatili ang kahulugan kahit may pag-uulit sa ponema at may pagbabago rin sa kahulugan ng ibang salita kapag may pag-uulit sa ponema.

Sa lawak morpolohiya may konting pagkakatulad sa wikang Bisaya ang Ilocano, sa panlaping /-in-/ ay nagiging /-en-/ at kung may ponemang /r/ sa salitang- ugat, halimbawa, *aral* napapalitan ng ponemang *d* ang *r*.

Katulad rin sa wikang Bisaya nagkakapalitan ang ponemang /e/ at /i/. Halimbawa, *Manila - Manela*.

Sa aspekto ng pandiwa na panghinaharap, walang nangyayaring pag-uulit sa unang KP ng salitang-ugat sa Ilocano, sa halip ang adverbial na panlaping -to - /-(n) to kapag nagtatapos sa katinig ang pandiwa at -nto kapag sa patinig naman nagtatapos.

Halimbawa. uminom iinom uminomto; maglaba maglalaba aglabanto

Ang tunog ng /w/ , /y/ at /m/ ay nakakaltas.

Ang ponemang / i / ay nabibigkas ng / e /. Halimbawa. lieg le.eg; sitaw se.taw. Gayon rin sa / u / at / o /, bigkas /o / sa halip na /u/.

May mga tanging bigkas sila sa mga salita tulad ng *sumparado- Tsamporado ;alattris-aratiles*.

Ang pandiwang pautos na sa hulapng /-an / ay nagiging / -i / -in/ at kabaliktaran sa hulaping /in / ay nagiging / a /. Halimbawa. *Langisan-langisi; pakantahin-pakantaha*.

May mga salitang tila pormal ang kahulugan kapag ginagamit sa pangungusap, Halimbawa. *Nasumpungan* ko ang bata na umiiyak.

Sa Sintaksis, madalas gamitin ang *N+Pronna* estruktura kaysa *Pron+N*.

Ipinakita naman ni Peregrino (2012) sa kaniyang pagsusuri ng varayti ng wika tungkol sa pag-aambag ng Waray sa pagbuo ng grammar ng Filipino na ang sintaksis ay nagkakaroon rin ng varayti. Ayon sa pagsusuri ni Peregrino na hindi nagkakalayo at magkakapareho ang

sintaks ng mga Wika sa Pilipinas lalo na sa paghahanay ng mga salita sa loob ng pangungusap.

Ponolohiya

A *kabayo, asawa, bato, kusina (abohan), kubo (ayag), lupa (tuna)*

E *lalake, babaye, elepante, exam*

I *imo (iyo), ibenta (ibaligya), iluto, lutuin, itug-on (lutuin)*

O *obos na, oki na, walo, sopa, tinola (sinigang), toyo*

U *ubos na, uli na, usa (isa), asul, pula (baga)*

Sa lebel naman ng morpema o salita, halos tinatayang 50% sa Waray ang parepareho sa mga wika sa Pilipinas.

Morpolohiya

kumadto um + kadto punta

makadto ma+kadto punta

pagtug-unan pag + tug-on + an (lutuan)

maturog maka + turog (tulog)

Samantalang ang ilang pagkakaiba nang kaunti ay tinatawag na kogneyt. Halimbawa nito ang salitang *apoy* sa Itbayat, *afuy* sa Itawis at *opuy* sa Bagobo. Marami pang mga salitang akala ng marami'y Tagalog, ngunit ito'y gamit din pala ng maraming wika sa Pilipinas tulad ng *bangon, abo, anay, usok, bahay, binhi, bato, likod, langaw, ngipen*, pilay at iba pa. Ayon sa pag-aaral ni Dr. Constantino at Dr. Paz ang mga salitang ito'y maririnig at ginagamit ng mga Filipino sa kani-kanilang mga wika. Ito'y patunay lamang sa lebel ng salita na ang Filipino ay nakabatay sa mga wika sa Pilipinas dahil sa Unibersal na Nukleus.

Sa lebel ng sintaks ang ambag ng Waray sa pagbuo ng grammar ng Filipino. Ayon pa rin sa pag-aaral sa mga wika sa Pilipinas, lumalakas na hindi nagkakalayo at magkakapareho ang sintaks ng mga wika sa Pilipinas.

Sintaks

Buksan mo ang aircon. Manood ka ng TV Magtitinda ako ng ice cream.

Abrehan mo ang aircon. Magkikita hiya ng TV. Magbabalig ako sang ice cream

Ang varayti ng wikang Filipino ay nabubuo ayon sa paggamit ng iba't ibang etnolingguwistikong grupo. Ang Filipino-Waray ay maaring maimpluwensiyahan ng tunog ng salitang Hiligaynon.

Halimbawa:

Huwag omehe

Nag-ulan gayod (Hiligaynon Sebwano)

Naulan pala

Dyutay ka lang sa paglinis

Ayon kay Peregrino hindi maaaring ituring na mali ang aksent ng mga rehiyonal na varayti dahil ito'y may sosyolingguwistikong katangian sa mga gumagamit ng partikular na wikang iyon.

Samantala ang ambag naman ng Waray, ang sintaksis ang nagkakaroon ng Varayti.

Karamihan sa mga salita ng Waray ay halos makikita rin sa wikang Filipino. Patunay ito na nakabatay sa mga wikain sa Pilipinas at sa unibersal na nukleus Peregrino (2012).

Makikita sa kanilang pangungusap na, *Huwag omehe-* ay katulad ng sa Cebuano na ang ponemang /e/ ang ipinampapalit sa ponemang /i/.

Ang ayos ng pangungusap ay nasa karniwang ayos pa rin.

Magkikita hiya ng TV – Manonood ka ng TV.

Ang mga nabanggit na literatura at kaugnay na pag-aaral ay makatutulong sa mananaliksik sa pagsusuri sa pagbubuo ng bagong kaisipan at mga konsepto tungo sa bubuuang modelo bilang output at hulwaran sa mga susunod pang pag-aaral.

Lumabas sa pag-aaral ni Gannaban (2007), sa kaniyang pagsusuri ng mga *Piling Linggwistikong Aytem ng Pasalitang Diskurso: Isang Paglalarawan ng Tagalog Varayti sa Taguig*. Inilarawan at sinuri niya ang mga salik na nakakaimpluwensiya sa pagbabagong nagaganap sa istruktura ng nabubuong Tagalog Taguig.

Batay sa resulta madalas nagpapalitan ang ponemang /e/ at /i/ at mga ponemang /o/ at /u/ sa nabubuong varayti sa ispiker na Bisaya, Aklanon, Bicolano, Cebuano, Hiligaynon, Kinaray-a, at Waray-Waray sa antas Morpolohiya. Lumitaw sa paglalapi gumagamit ang mga interlokyutor ng aglutineytib na *mag/maga, nag/naga*, at *gin/gina*. May pagpaparami o pluralizing, paggamit ng pananda/marker na mga + *s.u* + *s* ng mga interlokyutor. Madalas ring gamitin ang pag-uulit o reduplikasyon indikasyon o desultory (Halimbawa, Naga picture-picture).

Napatunayan sa pag-aaral ang impluwensiya sa pagbabagong nagaganap sa istruktura ng Tagalog-Taguig na may malaking impluwensiya ang unang wika sa tagapagsalita ng Tagalog. Ang edad ay nakakaimpluwensiya sa antas ponolohikal, sintaktika/

pragmatiks at walang kabuluhan sa morpolohiya. Hindi rin nakakaapekto ang uri ng trabaho o gawain sa pagbabagong nagaganap sa wika ng mga taga-Taguig. Lumabas rin sa pag-aaral na may mababang korelasyon ang naging kasagutan ng mga interlokyutor sa tatlong antas ng varyabol na nabanggit.

Sa pangkalahatan may nabubuong varayti ng Tagalog sa Taguig. Kinakitaan ng mga L1 na gawi ang mga interlokyutor sa pagsasalita at nagkakaroon din ng *language innovation* na nakakaagapay sa paggamit ng wika sa lugar na sakop. Ang pagkakatulad ng pag-aaral ni Gannaban sa pag-aaral na ito ay ang pagsusuri sa tatlong antas, sa ponolohiya, sa morpolohiya at sa sintaksis na ang pokus ay sa piling linggwistikong aytem sa Taguig. Samantala sa kasalukuyang pag-aaral ay inalam kung ano ang mga salik na nakaimpluwensiya sa pagbubuo ng varayti ng Filipino-Meranaw. Ilalahad at ilalarawan ang mga napansing pagbabago sa antas ponolohikal, morpolohikal at sintaktikal na aspekto at matapos ay bubuo ng modelo sa pagsusuri sa varayti ng wika.

Ang *Mga Varyasyong Mansaka sa Lalawigan ng Campostela Valley*, sa pag-aaral naman ni Arbes (2010), tinukoy niya ang pagkakaiba ng wikang Mansaka. Natuklasan niya na ang varyasyong leksikal na nakita sa mga katawagang pangkamag-anakan sa mga munisipalidad ng Nabunturan at Mabini na naiiba sa lugar ng Mawab, at magkatulad naman ang Nabunturan at Mawab ngunit naiiba sa munisipalidad ng Mabini. Sa varyasyong ponolohikal at morpolohikal naman ay nabatid niya ang pagbabagong morpoponemiko tulad ng pagpapalitan at pagkakaltas ng ponema.

Tinukoy sa pag-aaral na ito ang partikular na pagkakaiba ng wikang Mansaka sa iba pang wika sa Pilipinas. May pagkakatulad ang pag-aaral na ito sa magiging resulta ng kasalukuyang pag-aaral, sapagkat ilalarawan ang varayti ng wikang Meranaw na maaaring

may kinalaman din naman sa mga pagbabagong morpoponemikong lumabas sa pag-aaral ni Arbes (2010).

Si Daladangan (2010), sa pag-aaral niyang may pamagat na *Tau sa Laya at Tau sa Ilud: Dalawang Pangkalahatang Varayti ng Wikang Maguindanao*, tinukoy niya ang pag-aaral sa wikang Maguindanawon na ginagamit ng dalawang grupo- ang Tau sa Ilud-Maguindanao at Tau sa Laya-Cotabato. Ang layon nito ay mabatid ang varyasyon ng wika ayon sa bokabularyo at ponolohiya. Ang resulta ng pag-aaral ay may varyasyon sa bokabularyo ang wikang Maguindanao sa mga bahagi ng panalitang pangalan, pang-uri, pandiwa at maging sa pagbuo ng pangungusap. May varyasyong ponolohikal sa dalawang dayalekto ang ponemang /d/ sa Tao sa Ilud na Maguindanao at ponemang /r/ naman sa Tau sa Laya Maguindanao. May pagkakaibang ponolohikal at pagbabagong morpoponemiko sa pagkakaltas ng ponema. May leksikal aytem na magkatulad sa anyo at kahulugan subalit may varyant din. Dulot ng heograpikong lokasyon ang mga Tau sa Laya –Cotabato at Tao sa Ilud- Maguindanao ay may nangyayaring pagkakaiba.

Tumukoy rin ang pag-aaral na ito sa varyasyon ng wika ng mga Maguindanaon at mga Tau sa Laya. Sadyang kaiba ito sa kasalukuyang pananaliksik sapagkat, binasehan sa pag-aaral ni Daladangan ang naidulot ng lokasyong heograpiko sa pagkakaroon ng pagbabago sa mga wika ng mga Tau sa Ilud at mga Tao sa Laya samantalang ang kasalukuyang pag-aaral ay ang mga salik na nakakaimpluwensiya sa varayting Filipino-Meranaw.

Ang pag-aaral ni Ampil (2010), tungkol sa *Mga Panayam sa Radyo at Telebisyon Pasalitang Pagsusuri sa Diskurso*. Layon na mailarawan ang Varayti ng Wika na nadedebelop sa mga sitwasyong inobserbahan sa deskriptibong paglalarawan. Batay sa

natuklasan ng pag-aaral, kapwa domeyn ng radyo at telebisyon ang pagpapalit-koda (PA) na may gampaning *lexical borrowing*. Isa itong patunay na bahagi na sumisibol ang pasalitang diskors ay ang pagpapalit-koda bilang isang istratehiya ng komunikasyon na nakakatulong na mapadali ang pagtalakay sa mga isyung nakakaapekto at may kinalaman sa publiko.

Batay pa rin sa naging resulta sa pag-aaral, lalong pinayaman nito ang wikang Filipino sa tulong ng panghihiram at pagpapalit - koda; sa ganitong paraan nadaragdagan ang mga salita at napapadali ang pag-unawa.

Ang sumisibol na anyo ng wika ay hindi nagaganap sa komunidad sa magdamag kundi lumalaganap ito ng unti-unti, mula sa isang tao o sa isa pang tao; mula sa isa pang pangkat patungo sa iba. Bilang instrumento ng komunikasyon ang media ay isang pinakamakapangyarihang ahente sa pagpapalaganap ng pagbabago sa wika.

Ang pagkakatulad ng pag-aaral ni Ampil sa kasalukuyang pag-aaral ay sa aspetong Varayti ng wika ang tinalakay subalit ang pokus ng kasalukuyang pag-aaral ay sa mga salik ng pagkakabuo ng Varayti ng Filipino-Meranaw sa Iligan City, ilalarawan din ang nasuring varayti ayon sa aspektong ponolohikal, morpolohikal at sintaktikal. Matapos ay bubuo ng isang modelo sa pagsusuri ng varayti ng wikang Meranaw. Nagkaiba lang sa respondent at local ng pag-aaral. Sapagkat ang pag-aaral ni Ampil ay pokus sa media samantala ang kasalukuyan ay kukunin ang mga datos sa mga respondentng Meranaw na mula naman sa anim na paaralang pang-sekondarya, at ang paraan ng pangangalap ng datos ay sa pamamagitan ng talatanungan at pakikipanayam.

Sa pag-aaral naman ni Manginsay (2011) na pinamagatang *Istatus ng Wikang Filipino sa Mindanao State University Main Campus sa Lebel ng mga Mag-aaral na Meranaw: Pokus sa Kalagayang Pang-Akademiko*, natuklasan niyang madali para sa mga mag-aaral na gamitin ang wikang Filipino sa anyong pasalita, at natututong makibagay sa iba sa paraang nakikita nila ang sarili sa ibang tao. Sa kalagayang panlipunan, walang kinalaman ang wika sa pag-asenso sa buhay. Ayon pa rin sa resulta, totoo na ang wika ay simbolo ng pagkakaisa sapagkat sa paggamit ng wikang Filipino, nagkakaroon ng pagbubuklod ang Muslim at Kristiyano. Sa varayti, may nabubuong wikang Filipino – Meranaw Varayti sa MSU-Campus. Magkatulad ang pag-aaral ni Manginsay sa kasalukayang pag-aaral, sapagkat ang respondent ay mga Meranaw din naman, magkaiba, lamang ng lokal ang nauna ay sa kampus ng MSU; sa akademikong kalagayan samantalang ang gagawing pag-aaral na ito ay pokus sa mga Meranaw sa buong siyudad ng Iligan.

Si Calamian (2011), na *Pedagohikal na Gramar ng Wikang Meranaw: Panimulang Modelo*, inilarawan niya ang gramar ng wikang Meranaw; ang sistemang ponolohikal, sistemang morpolohikal, at sistemang sintaktikal nito. Ayon sa kinalabasan ng pagsusuri, ang wikang Meranaw ay may sariling gramatikal na istruktura, sa ponolohiya may dominanteng *pepet sound o schwa /ə/*, at ang karaniwang ayos ng pangungusap (panag-uri- simuno) sa sistemang sintaksis.

Sa nabanggit na pag-aaral naging batayan ito ng kasalukuyang pag-aaral sa mga puntong may kinalaman sa ponolohiya, morpolohiya at sintaksis ng wikang Meranaw na siya namang binigyang pagsusuri sa paglalarawan ng varayti ng wika. Naging kaiba ang pag-aaral ni Calamian, sapagkat ang tuon nito ay purong gramatika. Walang mga respondent na pinagkalapan ng mga tugon at magkaiba rin ang lokal ng pag-aaral. Samantala ang

kasalukuyang saliksik kinalap sa mga Meranaw sa lungsod ng Iligan ang datos at ito ay nakatuon sa mga salik na nakakaimpluwensiya sa Filipino-Meranaw varayti.

Sa pag-aaral naman ni Cebrero (2012), *Ang Betad Pedlegamit: Tagapagsiwalat ng Rehiyonal na mga Dayalekto ng Wikang Subanen sa Zamboanga Peninsula*, nilayon ng kaniyang papel na matukoy ang mga varyasyon ng dalawang lugar sa Zamboanga. Ayon sa resulta ng pag-aaral, napanatili ng mga Subanen ang mga katawagang kultural lalo na sa pangkabuhayang aspekto. Dulot ng mga salik na panglingguwistiko, sosyolingguwistiko, at sikolohikal, nagkaroon ng malaking pagkakaiba o varyasyong leksikal, ponolohikal, at morpolohikal, ang dalawang varayti ng wikang Subanen sa Zamboanga Peninsula.

Binigyang pansin ni Cebrero ang mga katawagang kultural ng mga Subanen sa Lapuyan Zamboanga del Sur at sa Sindangan Zamboanga del Norte. Sinuri sa pag-aaral ang mga nalikom na katawagan upang malaman ang mga pagbabagong naganap sa varyasyon ng wika ng Subanen–Lapuyan at Subanen Sindangan, kung saan napatunayan na ang Subanen-Sindangan ang may pagbabago.

Kaiba ang pag-aaral sa puntong varyasyon ang tuon, pangangalap ng mga katawagang kultural na nilikom mula sa mga matatandang respondent, kaiba ang kasalukuyang pag-aaral sa lokal o lugar sapagkat ito ay sa Iligan City at varayti ng wikang Meranaw ang tinugon sa pag-aaral ang pinagtuunang tanong ng kasalukayang pagsasaliksik.

Sa pagsasaliksik naman ni Pasion (2013), *Yang Pagbul'lo'k-bul'lok: Varyasyon ng Wikang Mandaya sa Ilang Munisipalidad ng Davao Oriental*, tinuklas ni Pasion ang mga varyasyong leksikal, ponolohikal, at morpolohikal sa wikang Mandaya, sa munisipalidad ng Caraga, Manay, Baganga, at Cateel sa Davao Oriental. Natuklasan niya na may varyasyon

ang mga wikang Mandaya batay sa leksikon, ponolohikal at morpolohikal. May *schwa sound* din sa Cateel at Manay.

Magkaiba ang pag-aaral sa lokal at sa tuon. Mas binigyang halaga ang mga partikular na kaibahan ng mga wikang Mandaya sa apat na lokal na pinagkunan ng datos mula sa mga respondent. May kaugnayan ito sa kasalukuyang pag-aaral sa ilang mga katangiang mayroon ang wikang Caraga at Manay na maaaring nasa wikang Meranaw din. Higit din ang tuon ng kasalukuyang pananaliksik sa paglalarawan ng wikang *Meranaw*; sa ponolohiya, morpolohiya at sintaks nito.

Sa pag-aaral naman ni Bautista (2014), *Ang Heograpikong Varayti ng Tagalog-Batangas ng mga Guro at Mag-aaral sa Ilang Piling Lugar sa Batangas Tungo sa Pagbuo ng Modelo sa Pag-aaral ng Varayti*, binanggit na ang isa sa naging resulta ng pag-aaral nagsasabing malaki ang gampanin ng wikang ginagamit sa paraan ng pagbigkas ng salita at talasalitaan na direktang naimpluwensiyahan ng tagapagsalita ang taong kainteraksyon. Dala ang intonasyon, tono, at diin, sa pagbigkas ay naiimpluwensiyahan ang kausap at may pagkakataon na iniaangkop ng tagapagsalita ang sarili niya sa kausap.

Ang pagkakatulad ng pag-aaral ni Bautista sa kasalukuyan ay parehong tumalakay sa varayti ng wika, na ang pinakapokus ay Heograpikong Varayti. Nagkakaimpluwensiyahan ang mga salita ng mga magkakalapit na lugar tulad ng Lobo- Batangas at Oriental Mindoro sa pagkakagamitng mga guro at mag-aaral. Nagkaiba naman ang pag-aaral ni Bautista sa kasalukuyan sa lokal na pagdadarausan ng pananaliksik, at pinokus mismo ni Bautista sa heograpikong epekto sa wika ng mga lugar na magkakalapit. Samantala ang kasalukuyang pananaliksik ay ang mga salik kung ano ang may impluwensya sa pagkakaroon ng varayti.

Sa pag-aaral na ginawa ni Dinkin, JA (2009), na may pamagat na *Dialect Boundaries and Phonological Change in Upstate New York*, ang paraan ng pangangalap ng datos sa pag-aaral na ito ay sa pamamagitan ng panayam sa mga tagapagsalita ng mga taga New York, sa iba-ibang lugar lalo na sa Inland North fringe, ang Southwestern New England, o ang binansagan rin na North City Shift (NCS). Ang *theoretical inferences* ay ang mga sumusunod:

Ang mga (potensiyal na *allophonic*) *segments* ay hindi ang mga ponema ang mga pangunahing bahagi sa pagkakaroon ng pagbabago/mabilisang pagpapalit, at ang isang alopono ay makakahadlang sa pag-aalis ng tunog, ang epekto ng tunog mula sa ibang rehiyon patungo sa ibang rehiyon ay maaaring mabagal na paraan sa tagatanggap na rehiyon sa *merger*, at ang hangganan sa mga ispesipikong katangian ng mga salita ay mas tama at umaayon sa popular at pang-rehiyon na hangganan kaysa sa hangganang ponolohikal. Panghuli ang kahulugan ng pang-diyalektong hangganan bilang sagabal sa pagsasama at paghihiwalay ng tunog.

Makikita ang mga hangganan ng mga diyalekto sa New York at ang mga gawi sa pagbigkas sa mga nabanggit na komunidad sa Upstate New York – ang tinutukoy ng Inland North fringe, ang Hudson Valleycore at North Country. Ang sa Inland North ay may pataas na bigkas ang /æ/. Ang mapagkakilanlan sa NCS na kung saan ang Hudson Valley ay wala nito.

Ang isa pa, walang tunog na /e/ na mapagkakilanlan sa NCS Hudson ay mas lalong hindi binibigkas o wala nito /e/ kaysa sa Western Inland North (sa Michigan, Northern Illinois, etc.) ng mas higit na wala sa Inland North.

Ang pangunahing bahagi sa magkakaugnay na pagpapalit (*shifting*) ay hindi sa mga ponema kundi sa nagkakaiba-ibang bigkas ng ponema (*allophonic segments*) o nangangahulugan rin ang Inland North at ang Hudson Valley ay nananatiling iba sa pagbigkas, ang papataas na bigkas ng /æ/ ay nababarahan sa pamamagitan ng paghihiwalay ng bigkas. Samantalang ang North fringe naman ay nagkakaroon/nakabubuo ng katulad na bigkas ng NCS bilang resulta ng paghihiwalay ng lahat ng katangian ng NCS. Sa natuklasang ito na nagbigay inspirasyon sa mananaliksik ay nagmungkahi na sa pagbibigay ng kahulugan sa mga hangganan ng mga rehiyong diyalekto bilang istrukturang panlipunan ano mang kumakatawan ay sagabal o balakid sa paghihiwalay ng mga nararanasang pagbabagong lingguwistiko.

Ang paghihiwalay (mula kay Labov, 2007) ng mga pagbabagong lingguwistiko ay hindi agarang pagbabago ng istruktura ng mga lingguwistikong katangiang mga kasangkot sa komunidad kundi naaapektuhan lamang ng bahagya – ang lebel ng pagkakakilanlan o katangian at ang mga tagapagsalita ng mga lugar na apektado. Ang mga komunidad ay nakikilala ang resulta ng paghihiwalay sa isang mas istrukturalisadong simetriko o di pansin na *pattern*. Ang resulta ng paghihiwalay ng isang ponemik (*phonemic merger*) ay hindi *merger* ng apektadong komunidad kundi pagbabago sa mga tunog sa direksyon ng *merger*. Ang paghihiwalay ng tunog ay hindi dapat maging sanhi ng *merger* ng 2 ponema, may kaniya-kaniyang tunog bilang isang ponema sa dati nitong kinalalagyan.

Ang dahilan ng pataas na pagbigkas ng mga taga-NCS sa /æ/ ay hindi epektibong kumalat sa mga rehiyon na kung saan pailong ang /æ/ ang halos dominanteng pagbigkas nito. Ang mga tunog pailong ang bumabara sa papataas na tunog.

Ang disertasyong ito ay nakatuklas na isa-isang tabi o pagbalewala sa mga mababaw na dahilan. Sa New York, ang dialektolohikal na dibersidad (*dialectological diversity*) ay nagbigay daan sa mas maraming gawain upang tuklasin sa heograpikal at lingguwistikong pagtuklas. Samantala sa ponolohikal na situwasyon ng lugar ay nagmungkahi ng ilang tugon sa mga katanungan tungkol sa istruktura ng pagkakaiba-iba ng diyalekto at lingguwistikong pagbabago at ang iba pang katanungang mas malalim kaysa rito.

Ang pagkakatulad ng pananaliksik ni Dinkin (2009) sa kasalukuyang pag-aaral na Varayti ng Filipino-Meranaw ay tumukoy sa espesipikong pagbabago sa tunog/bigkas ng /æ/ sa mga lugar sa Inland North fringe, ang Southwestern New England o ang North City Shift (NCS). Binanggit rin sa pag-aaral na ito ni Dinkin na ang pang-diyalektong hangganan ay balakid sa paghihiwalay ng tunog. Isa sa resulta ng pag-aaral na ang pagbabagong lingguwistiko ay hindi agad napapalitan ang mga katangian ng mga kasangkot na komunidad, kundi naaapektuhan lamang ng bahagya ang lebel ng pagkakakilanlan ng tagapagsalita mula sa isang mas estrukturalisadong simetriko o di pansin na *pattern*. May mga lugar kung saan ang gawi sa bigkas sa /æ/ ay pataas, sa mga hangganan sa diyalekto sa New York, o upstate New York, ang Inland North fringe ang Hudson Valley Core at North Country— samantalang sa North City Shift (NCS), sa Hudson Valley ay walang ganitong bigkas, wala ring tunog na /e/ o hindi binibigkas sa Western Inland North (Michigan, Northern Illinois) samantala sa kasalukuyang pag-aaral susuriin mismo ang varayti o ang katangian ng nabubuong varayti sa Iligan City, ang Filipino-Meranaw na Varayti. Nagkaiba naman sa pagtukoy sa mga hangganan ng pag-aaral ang dalawang pag-aaral na ito. Sapagkat kay Dinkin, ang tinukoy ay ang hangganan ng diyalekto sa mga pagbabagong ponolohikal sa mga lugar na nasasakupan. Samantala, sa kasalukuyang pag-aaral ay hindi

espesipikong tinukoy ang *boundary* o hangganan sa pagbabago ng varayti kundi, inalam ang mga komunidad sa buong lungsod ng Iligan na may naninirahang Meranaw. Sa pananaliksik na ginawa ni Dinkin napakalawak ng pagsasaliksik sa mga datos na ipinakita, subalit sa huli ipinahayag din niya ang natuklasan at isinaisantabi-ang mga mabababaw na dahilan sa pagkakaroon ng diyalektolohikal na dibersidad.

Ang pag-aaral na may pamagat na *A Linguistically-Informative Approach to Dialect Recognition using Dialect-Discriminating Context-Dependent Phonetic Models* nila Nancy Chen, Wade Shen, Joseph P. Campbell ay may layunin na mabigyan ng solusyon o pag-ugnayin ang lingguwistiko at pang-inhinyerong pagdulog sa pamamagitan ng sistemang impormatibo na tumutuklas sa *pattern* ng maling pagbigkas ng diyalekto at magamit ito sa pagkilala sa diyalekto.

Ayon sa nadiskubre at natuklasan sa pag-aaral na ito sa diyalekto – ang mga espesipikong *biphones* ay nababagay sa mga lingguwistikong literatura. Ang mga transkripsiyon ng salita na maaaring mapagkunan ng mga hindi diyalekto – ang mga ispesipikong tuntunin na ipinapaliwanag/ipinapakita ang mga gawain ang nagbibigay lakas sa unang hakbanging panglingguwistika.

May pagkakatulad sa ilang bahagi sa pagtalakay sa diyalekto sa pag-aaral nila Campbell, Chen at Shen. Ang kasalukuyang pag-aaral ay bahagyang natalakay ang diyalekto bilang isa sa wikang nabubuo bunsod ng heograpikong dahilan. Ang kasalukuyang pag-aaral ay tungkol sa Filipino-Meranaw Varayti na siyang tutuklasin pa kung anong mga salik ang nakakaimpluwensiya sa pagkakabuo nito. Magkaiba sa pamamaraan ang ginamit sa dalawang pananaliksik. Sa pag-aaral na ito ang lingguwistikong pagdulog at inhinyerong pagtuklas ng *pattern* ang ginamit upang malaman ang maling bigkas sa diyalekto. Samantala

sa kasalukuyang pag-aaral ay pamaraang deskriptibo bilang disenyo ng pag-aaral ang gagamitin. Ang mga datos ay kakalapin sa tulong ng mga *devices* o kagamitan tulad ng tape recorder at *digital camera*. Ang bibigyan ng tuon ng kasalukuyang pag-aaral ay ang pagtukoy sa varayti ng Filipino ayon ponolohiya, morpolohiya at sintaksis na makakalap mula sa mga pahayag komunikatibo ng mga respondent. Aalamin din ang mga salik na nakaimpluwensiya sa pagkakaroon ng varayti ng wika,

Ang pag-aaral naman ni Jennifer Renn (2010), na pinamagatang *Acquiring Style: The Development of Dialect Shifting among African American Children*, ng *University of North Carolina*, ay isa pa ring may kaugnayan sa pag-aaral na ito.

Kahit may mga pagbabago sa mga *pattern* ng mga *stylistic usage* sa mga bata at *adolescents* at kung paano ang mga pasilidad ay iniuugnay sa mga naisagawang pagbabago at pagkatuto. Ito ay umuugnay sa mga impluwensiyang panlipunan, demograpik, at sa mga pansariling salik upang makatiyak kung paano ang mga ito ay nakakaapekto ng madalian sa mga tagapagsalita ng *African-American*.

Ang mga batang may edad isa at dalawa at ang mga Grade 6 at Grade 8 ang respondent sa pag-aaral na ito. Pinaghambing ang pormal at *informal* na wika mula sa mga halimbawa na kinolekta sa tatlong pinagkunang datos ang mga tagapagsalita na *African*.

Ang mga halimbawang wika na nagrerepresenta sa iba-ibang nilalaman ng konteksto ay sinuri ang pinakatampok na 42 *morposintaktiko* at ponolohikal *African-American English* upang malaman/makita ang pangkalahatang pinag-iba sa paggamit ng wika sa paglipas ng maraming taon sa bawat sitwasyon.

Sa kinalabasan ng pagsusuri natuklasan ang ilang mga pagbabago. Sa pagkalahatan, iba ang estilo sa paggamit ng pangkalahatang *African American English*, sinuri nang mabuti upang mapagtibay sa mga nabanggit na baryabol ang may epekto sa paggamit ng wika ng tagapagsalita.

Ang pagkakatulad ng pag-aaral ni Renn, sa kasalukuyang pag-aaral ay ang pagsasaalang-alang sa impluwensiya ng panlipunan, demograpiko at mga salik pansarili kung paano ito nakakaapekto sa pangmadaliang pagbabago sa *African American speakers* kung pinag-uusapan ang *stylistic shifting*. Sa kasalukuyang pag-aaral, isinasaalang-alang ang panlipunang salik na may epekto sa pagkakaroon ng Filipino-Meranaw Varayti, tutuklasin din ang iba pang salik sa pagkakaroon ng varayting ito. Samantala sa pagkakaiba ng pag-aaral ay sa bahagi sa pagkuha sa *bonafideng* respondent sa pag-aaral. Sa disertasyon ni Renn, ang mga respondent ay mga bata na may edad isa, dalawang taon at ang mga *adolescents* na nasa *grade 7* at *grade 8*, at sa pagsusuri ito ay sa pagtutulad ng pormal at impormal na wika mula sa mga *sample* na mga tagapagsalita ng *African American*. Samantala sa kasalukuyang pag-aaral ang mga respondent ay iyong mga nagsasalita ng Filipino-Meranaw na naninirahan sa lungsod ng Iligan, humigit-kumulang nasa edad labinglima pataas. Base sa naging resulta ng pag-aaral ni Renn, may ilang mga salik sa pag-aaral ang hindi nakaapekto o walang impluwensiya sa *style shifting* maiuugnay naman sa pangkalahatang paggamit ng tagapagsalita sa diyalekto. Samantala ang mga matutuklasang salik na makakaimpluwensiya sa Varayti ng Filipino-Meranaw ang magpapatotoo kung ang mga panlipunang dahilan ang nagbunsod dito.

Ang mga nabanggit na mga kaugnay na pag-aaral ay may relasyon sa kasalukuyang pag-aaral sapagkat mas nakapagbigay linaw upang mas maunawaan ang suliraning sinaliksik.

KABANATA III

METODOLOHIYA

Sa bahaging ito ay ilalarawan ang disenyo sa pananaliksik at mga instrumentong ginamit sa pangangalap ng mga datos, gayundin ang estadistikang ginamit sa pagkuha ng populasyon at pagtrato sa datos sa pagkuha ng *mean, standard deviation* at *percentage* sa mga tugon ng mga respondent.

3.1 Disenyo ng Pag-aaral

Ang mananaliksik ay gumamit ng pamaraang deskriptibo bilang disenyo. Nakapaloob rito ang paglalarawan, pag-aanalisa at pagbibigay interpretasyon sa mga kondisyon kung ano ang katotohanan (real) at kasama rin ang uri ng pagtutulad o pagkakaiba sa pagtatangka na madiskubre ang relasyon sa pagitan ng mga nangyayari sa kontroladong baryabol.

Sa kasalukuyang pag-aaral, ilalarawan ang mga salik sa pagkakaroon ng Filipino-Meranaw Varayti. Sinuri at inilarawan upang maipakita sa layuning matugon ang mga katanungan na naging dahilan sa mga partikular na kadahilanan na ano ang pumapaloob o paano nagaganap o nabubuo ang varayting Filipino-Meranaw. Ang mga pagbabago na tumukoy sa mga tunog sa salita, palabuuan, o paglalapi ng mga salita, at palaugnayan ng mga morpema at sintaksis o ugnayan ng mga pangungusap.

3.2 Seting ng Pag-aaral

Isinagawa ang pag-aaral ay sa anim na paaralang pinagmulan ng mga respondent sa Lungsod ng Iligan. Ang mga paaralang ito ay binubuo ng: tatlong pribadong paaralan,

ang Iligan Capitol College (ICC), ang St. Michael's College (SMC) at ang St. Peter's College (SPC). Ang Iligan Capitol College ay naitatag noong ika-1 ng Hulyo 1963 na may kabuuang populasyon na 7,121.

Ang sumunod na paaralan ay ang St. Michael's College (SMC) na naitatag noong taong 1914, sa pamumuno ni Fr. Felix Cardova at pormal na naging opisyal ang pangalan ng paaralan noong taong 1915 mula sa lumang pangalan na Escuela de San Miguel. Sa kasalukuyan ay pinamamahalaan ng mga RVN Sisters sa ilalim ng pamumuno ni Sister Irene Cahindig. Matatagpuan ang paaralan sa daang St. Mary's lungsod ng Iligan. Hiwalay ang High School at College Department ng paaralan na matatagpuan sa sentro ng syudad ang silid aralang pang-kolehiyo.

Ang sumunod na pribadong paaralan ay ang St. Peter's College na makikita sa daang Sabayle, ito ay naitatag sa taong 1952 at sa kasalukayan ay may tatlong Department, ang Elementarya, Sekondarya at Kolehiyo. Kilala rin ang paaralang ito sa kanilang mga graduate na palaging *top notchers* mula sa kolehiyo at sa larangan ng Inhinyero.

Samantala ang tatlong pampublikong paaralan na pinanggalingan ng mga respondent ay ang Iligan City National High School (ICNHS), Iligan City East High School (ICEHS - Hinaplanon) at MSU-IIT Iligan Developmental School (IDS) na matatagpuan sa loob ng campus ng Mindanao State University-Iligan Institute of Technology (MSU-IIT).

Ang Iligan City National High School (ICNHS) ang paaralang may pinakamalaking lokasyon at aksesibol dahil sa nakaharap ito sa *main highway* at daananan ng mga sasakyan. May populasyon ang ICNHS na mahigit at di kukulangin na walong libong mga mag-aaral. Nasa pamumuno ng kasalukuyang prinsipal na si Ginoong Alexander Razo. May dalawang shifting ang klase ng mga mag-aaral, ang pang-umaga, alas 7:00 hanggang alas

2:00 ng hapon, at alas 2:00 ng hapon hanggang alas 8:00 ng gabi. Mayroon din tatlong kurikulum na maaring pagpilian ng mga mag-aaral, ang Science Curriculum, ang Special Program in the Arts (SPA) at ang Regular Class.

Ang sumunod ay ang Iligan City East High School (ICEHS) na nasa Hinaplanon, Iligan City. Sa ilalim ng pamumuno na si Prinsipal Gng. Gallena. At ang paghuli ay ang Iligan Developmental School (IDS) na matatagpuan sa loob ng campus ng Mindanao State University-Iligan Institute of Technology (MSU-IIT), sa daang National Highway ng Tibanga, Iligan City. Mahigpit at masyadong mahirap ang pagpasok sa IDS, sapagkat ang bawat year level ay mayroon lamang tig-apat na section, kayat piling-pili at talagang pahirapan at pagalingan ang nakakapasok na mga mag-aaral. Marami ang naghahangad at gustong makapag-aral dito dahil na rin sa kuwalidad ng paaralan. Ang MSU-IDS ay nasa kasalukuyang pamumuno ng bagong prinsipal na si Prof. Josievic D. Mendoza.



Figura 2 Mapa ng Lungsod Iligan

3.3 Ang mga Kalahok

Ang mga kalahok sa pag-aaral ay binubuo ng 284 na mag-aaral na mga Meranaw mula sa anim na paaralan. Ang edad ng mga respondent ay mula 13 hanggang 20, at kinakailangang nasa grade 9 at grade 10 sa hayskul.. Sa pagkuha sa populasyon ng mga respondent ginamit ang *Slovin's Formula*. Kinuha ang populasyon ng mga mag-aaral na Meranaw sa bawat grade level sa grade 9 at grade 10 na naka-enrol mula noong Hunyo, Akademikong Taon 2014-2015 at pagkatapos ay kinalkula ang bilang ng sample ayon sa bilang ng populasyon.

3.3.1 Ang Pagpili ng mga Kalahok na Paaralan

Ang pagpili naman sa mga paaralang kalahok ay isinaalang-alang ang mga paaralang may mga mag-aaral na Meranaw. Anim ang paaralang napili; ang tatlo ay mula sa pampublikong paaralan at ang tatlo naman ay mula sa pribado.

Talahanayan 1

Distribusyon ng mga Respondent Batay sa Paaralan

Paaralan	Frequency	Porsyento
Iligan City National High School (ICNHS)	122	43.0%
Iligan Capitol College (ICC)	53	18.7%
Iligan City East High School (ICEHS)	35	12.3%
Saint Michael's Collge (SMC)	32	11.3%
Saint Peters College (SPC)	24	8.5%
MSU-Integrated Developmental High School (MSU-IIT-IDS)	18	6.3%
Total	284	100.0%

Ang Talahanayan 1 ay nagpapakita sa anim na paaralang pinagmulan ng mga respondent. Nanguna ang Iligan City National High School (ICNHS) sa pinakamaraming respondent sa bilang na 122 (43.0%), pumangalawa ang Iligan Capitol College (ICC) sa bilang na 53 (18.7%), pumangatlo ang Iligan City East High School (ICEHS) na 35 (12.3%), pang-apat ang St. Michael's College (SMC) 32 (11.3%), panglima ang St. Peter's College (SPC) sa bilang na 24 (8.5%) at ang panghuli sa bilang na 18 (6.3%) ang Integrated Developmental School ng MSU-IIT (MSU-IIT-IDS) ang may pinakamaliit na bilang ng mga respondent. Ang kabuuang bilang ng mga respondent ay 284.

Tinaglay ng ICNHS ang pinakamalaking bilang ng mga respondent na mas layuninang may pinakamalaking populasyon sa high school, ang paaralang ito rin ang may pinakamalawak na lokasyon at nasa sentro ng lungsod. Sinundan naman ng ICC na halos ang lokasyon ay nasa sentro pa rin ng lungsod ito rin ang paaralang marami ang mga mag-aaral na Meranaw sapagkat ang Mahayahay ay nasa likuran lamang ng ICC ang komunidad ng mga Meranaw. Ang sumunod ay ang ICEHS sa Hinaplanon, sumunod ang SMC na nasa pusod ng lungsod, sinundan ng SPC at ang IDS ng MSU-IIT na may pinakamababang bilang ng respondent dahilan na rin ang apat nilang seksiyon sa high school na lubhang sala ang pagpili sa mga mag-aaral. Ito ay nasa loob ng kampus ng MSU-IIT, sa Tibanga, Lungsod ng Iligan.

3.3.2 Ang mga Kalahok na Mag-aaral

Talahanayan 2

Distribusyon sa Bilang ng Respondent Batay sa Kasarian

Kasarian	Frequency	Porsyento
Lalaki	121	42.6%
Babae	163	57.4%
Total	284	100.0%

Sa Talahanayan bilang 2 ay nagpapakita ng datos kung ilan ang bilang ng mga respondent na lalaki at gayon rin ang kabuuang bilang ng mga respondent na babae.

Sa kabuuan ang mga respondent ng kasalukuyang pag-aaral ay may 284 na kabuuang bilang. Ang mga babae ay may 163 (57.4%) samantalang ang mga lalaki ay mayroon namang 121 (42.6%). Samakatuwid, mas lamang ng 32 ang mga respondent na babae kung ikukumpara sa mga lalake na 121 lamang.

Talahanayan 3

Distribusyon ng Edad ng Respondent

Edad ng Respondent	Frequency	Porsyento
13	2	0.7%
14	51	18.0%
15	106	37.3%
16	81	28.5%
17	28	9.9%
18	15	5.3%
20	1	0.4%
Total	284	100.0%

Makikita naman sa Talahanayan 3 ang distribusyon ng edad ng mga respondent na nagsasabing ang mga kalahok ay mula 13 hanggang 20 ang edad. Ang may edad na 15 ang nagtaglay ng pinakamaraming bilang ng respondent na umabot sa 106 (37.3%), sumunod

ang may edad na 16 na umabot sa 81 (28.5%), at ang may edad na 16 ay mayroong 51 (18.0%) ang edad 17 ay umabot sa 28 (9.9%) ang sumunod ay ang edad 18 na mayroong 15 (5.3%), ang may edad 13 ay 2 (0.7%) at ang may edad 20 ay isa lamang (0.4%) ang naging kalahok. Ang kabuuang bilang ng mga respondent ay 284.

Mapapansin na ang braket na ang edad ay 15 (37.3%) edad 16 (28.5%) edad 14 (18.0%) ang may pinakamaraming bilang nga mga respondent ihambing sa mga edad 17, 18, 13, at edad 20. Sa dahilang mga edad na ito ang braket na nasa high school ang mga respondent.

Talahanayan 4

Distribusyon ng Respondent Batay sa Taon

Taon	Frequency	Porsyento
Grade 9	146	51.4%
Grade 10	138	48.6%
Total	284	100.0%

Sa Talahanayan bilang 4 ipinakita ang kabuuang bilang ng Grade 9 sa anim na paaralang pinagkunan ng datos na siyang naging respondent ng pag-aaral. Mas nakahihigit at lamang ang Grade 9 na may 146 bilang (51.4%) kung ikukumpara sa Grade 10 na may 138 (48.6%) lamang.

Talahanayan 5

Distribusyon ng Respondent Batay sa *Socio-Economic Status*

Socio-Economic Status	Frequency	Porsyento
Katamtaman	224	78.9%
May Kaya	47	16.5%
Mahirap	13	4.6%
Total	284	100.0%

Makikita sa talahanayan bilang 5 ang *socio-economic status* na mas lamang ang sumagot na may katamtamang kalagayan ang pamumuhay na 224 (78.9%), at ang sumagot na may kaya sa buhay ay 47 (16.5%). Samantala ang sumagot na mahirap ay 13 (4.6%) lamang at nagtaglay ito ng pinakamaliit na porsyento.

Ang ilang mga magulang na nakapanayam sa pag-aaral na ito ay mas nais i-enrol ang kanilang mga anak sa pribadong paaralan katulad ng ICC, SMC, at SPC upang mabantayan ang seguridad ng kanilang mga anak. Sapagkat ang mga nasabing paaralan ay may mga pribadong security guard. Konserbatibo ang pamilyang Muslim, sa kanilang pamilya iniingatan ang mga kadalagahan at kababaihan sapagkat ang raga o dalaga sa kanila ay mahalaga at mahal ang dowry lalo pa kung ang dalaga ay may mataas na naabot sa larangan ng edukasyon. Kaya mas nais ng mga magulang na papag-aralin sila sa pribadong paaralan.

Isang patunay pa rin na nakakaya ng mga magulang papag-aralin ang kanilang mga anak sa pribadong paaralan dahil sa “stable” na kalagayang pinansiyal. Ayon sa ilang nakapanayam ang hanapbuhay ng kanilang mga ama ay *OFW*, ang iba ay mangangalakal, at ang iba ay empleyado ng gobyerno, kaya naman nakakapag-aral sa pribado ang mga respondent at gayon din sa pampublikong paaralan.

Talahanayan 6

Distribusyon ng Respondent Batay sa Unang Wikang Gamit sa Tahanan

Unang Wikang Gamit	Frequency	Porsyento
Meranaw	233	82.0%
Tagalog/Filipino	30	10.6%
Bisaya	16	5.6%
Bisaya, Tagalog	1	0.4%
Bisaya, Meranaw	1	0.4%
Chinese	1	0.4%
Ingles	1	0.4%
Meranaw-Tagalog	1	0.4%
Total	284	100.0%

Nasa Talahanayan bilang 6, ipinakita ang distribusyon ng mga respondent ayon sa unang wikang ginagamit nila sa kani-kanilang mga tahanan. Ayon sa datos, ang unang wikang may pinakamaraming gumagamit sa kanilang tahanan ay ang wikang Meranaw na may kabuuang 233 (82.0%), pumangalawa ang Tagalog na may 30 (10.6%) ang gumagamit sa bahay, at ang pangatlo ang Bisaya na may 16 (5.6%) na gamit bilang unang wika, at ang ibang wika sa magkakatulad na bilang na 1 (0.4%) ang nakuha ng Bisaya-Tausug, Bisaya-Meranaw, Chinese, Ingles, at Meranaw-Tagalog.

Ang wikang Meranaw ang nanguna bilang wikang ginagamit sa tahanan sapagkat ang mga respondent ay mga Meranaw at natural lamang na ang ginagamit nila ito sa mga tahanan, subalit may mangilan-ngilan na sumagot na Filipino ang kanilang gamit sapagkat ito ang wikang nais ipagamit ng kanilang ama sa loob ng kanilang tahanan.

Tatlong wika ang may magkakasunod na malaki ang frequency o katumbas na bahagdan. Ang unang wikang nakagisnan o ginagamit sa bahay ay ang Wikang Meranaw sapagkat ang mga respondent sa pag-aaral na kasalukuyan ay mga Meranaw. Ang pumangalawang wikang ginagamit ay ang Wikang Tagalog o Filipino rin sa pagkakakilala ng mga Meranaw, ayon sa mga nakapanayam na sa mga tahanan nila mas sanay silang gamitin ang Filipino, mas nagkakaintidihan sila at ang mismong mga padre de pamilya o ama ng tahanan ang gumagamit ng Wikang Filipino at gustong ito rin ang gamitin sa loob ng tahanan katulad rin sa lumabas sa pagsusuri sa interbyu at pag-oobserba sa talakayan sa klase. Napag-alaman na may impluwensya ng unang wika ang mga tunog ng mga ponema kaya may pagpapalit o pagbabago sa bigkas ng salita. At sa pagbubuo ng mga pangungusap sa pakikipag-usap, madalas na napaghahalo ng mga respondent ang mga salita Filipino-Bisaya, Filipino-Ingles at Filipino-Meranaw. Kahit pa nangunguna ang Wikang Meranaw na ginagamit ng mga respondent sa loob ng tahanan ito ay sa madali o kakaunting panahon o

oras lamang nagagamit, samantalang ang Filipino ay mas nakakaimpluwensya sa kanilang pakikipag-usap sapagkat ang haba ng panahong ginugugol ng mga mag-aaral ay mas mahaba kung ikukumpara sa panahon na inilalagi nila sa mga tahanan gayon rin mas gamit na gamit ang wikang Filipino sa pakikipag-usap sa kanilang mga kaklase mga guro at mga kaibigan, gayon rin ito ang wikang ginagamit ng guro sa mga pagpapaliwanag pantulong sa wikang Ingles.

Talahanayan 7

Distribusyon ng Datos sa Iba Pang Wikang Gamit sa Bahay

Iba pang Wika	Frequency	Percent
Bisaya, Tagalog	91	32.0%
Tagalog	50	17.6%
Bisaya, Tagalog, Ingles	47	16.5%
Bisaya	23	8.1%
Tagalog, Ingles	16	5.6%
Bisaya, Meranaw, Ingles	9	3.2%
Meranaw, Tagalog, Ingles	7	2.5%
Bisaya, Ingles	5	1.8%
Walang Sagot	5	1.8%
Bisaya, Meranaw	4	1.4%
Meranaw	4	1.4%
Ingles	3	1.1%
Meranaw, Ingles	3	1.1%
Tagalog, Arabic	3	1.1%
Bisaya, Meranaw, Ingles, Korean	2	0.7%
Meranaw, Tagalog	2	0.7%
Bisaya, Ilonggo	1	0.4%
Bisaya, Meranaw, Bicolano, Ingles	1	0.4%
Bisaya, Tagalog, Arabic	1	0.4%
Bisaya, Tagalog, Ingles, Arabic	1	0.4%
Bisaya, Tagalog, Ingles, Korean	1	0.4%
Bisaya, Tagalog, Ingles, Tausug	1	0.4%
Tagalog, Ingles, Chinese, French	1	0.4%
Tagalog, Ingles, Español	1	0.4%
Tagalog, Ingles, Ilocano, Bicol	1	0.4%
Tagalog, Ingles, Japanese	1	0.4%
Total	284	100.0%

Sa Talahanayan bilang 7 naman ay ipinapakita ang distribusyon ng mga respondent ayon sa ibang wikang ginagamit sa loob ng tahanan. Ang may pinakamalaking porsyento ng ibang wika na ginamit ay ang Bisaya, Tagalog na may 91 (32.0%), pumangalawa ang Tagalog na may 50 (17.6%), ang pangatlong ibang wikang ginagamit ay ang Bisaya, Tagalog, Ingles, na may 47 (16.5%), sumunod sa pang-apat ang Bisaya na 23 (8.1%), ang Tagalog, Ingles ang ginagamit na ibang wika ay 16 (5.6%), ang sumunod ay ang Bisaya, Meranaw, Ingles na wika na 9 (3.2%), ang sumunod ay ang wikang Meranaw, Tagalog, Ingles na ginagamit bilang ibang wika ay 7 (2.5%) na porsyento, ang sumunod ay ang Bisaya, Ingles, na may 5 (1.8%) na porsyento at may parehong bilang rin ang walang sagot o walang ginagamit na ibang wika sa tahanan. Ang sumunod ay Bisaya, Meranaw na may 4 (1.4%) porsyento at may wikang Meranaw lang ang ginagamit bilang ibang wika na may 4 o (1.4%) porsyento. Ang sumunod ay ang Meranaw, Ingles ang ginagamit na ibang wika sa tahanan o 3 (1.1%), ang sumunod ay ang wikang Bisaya, Meranaw, Ingles, Korean ang ibang wikang ginagamit sa tahanan na may 2 (0.7%), at ang panghuli na ibang wikang ginagamit na may 1 (0.4%) ang Bisaya, Ilonggo; ang wikang Bisaya, Meranaw, Bicolano, Ingles; ang Bisaya, Tagalog, Arabic; Bisaya, Tagalog, Ingles, Arabic; Ang Bisaya, Tagalog, Ingles, Korean; Ang Bisaya, Tagalog, Ingles, Tausug; ang Tagalog, Ingles, Chinese, French; ang Tagalog, Ingles, Español; ang Tagalog, Ingles, Ilocano, Bicol; at ang panghuli na may porsyento ring 1 (0.4%) ay ang wikang Tagalog, Ingles, Japanese. Ang kabuuang bilang ng mga respondent ay 284 (100%).

Konsistent ang mga respondent sa kanilang tugon sa kasunod na talahanayan (bilang 7 pahina 72). Bisaya at Tagalog ang nangunang frequency na 91 na may katumbas na porsyentong 32.0% sa pangkalahatan kapag nasa paligid na pag-uusap Bisaya ang ginagamit sa dahilang ang mga kasalamuha o kausap ay Bisaya at Tagalog rin pumangalawa ang

Tagalog na may 50 ang frequency at 17.6 na porsyento at pumangatlo ang wikang Bisaya, Tagalog, Ingles ang nagagamit na wika.

Bagaman nanguna ang Bisaya-Tagalog na wika bilang ibang wikang ginagamit sa bahay, hindi rin gaanong nahahasa sa pagsasalita ng Wikang Bisaya ang mga respondent sapagkat ang wikang exposed sila sa loob ng silid-aralan ay Filipino at pumangalawa sa rank ang Tagalog/Filipino at pumangatlo ang Bisaya-Tagalog-Ingles.

Talahanayan 8

Datos sa Bilang ng Taon ng Paninirahan sa Lungsod Iligan

Bilang ng Taon ng Paninirahan	Frequency	Porsyento
3	48	16.9%
2	30	10.6%
15	28	9.9%
14	27	9.5%
10	20	7.0%
4	19	6.7%
16	17	6.0%
5	15	5.3%
7	15	5.3%
9	13	4.6%
6	12	4.2%
12	10	3.5%
11	9	3.2%
13	8	2.8%
8	6	2.1%
17	5	1.8%
18	1	0.4%
43	1	0.4%
Total	284	100.0%

Sa Talahanayan bilang 8, ipinakita ang bilang ng taon ng paninirahan ng mga respondent sa lungsod ng Iligan. Nakahanay ito ng ayon sa pinakamataas na bilang ng taon hanggang sa pinakamababang bilang ng taon.

Nanguna ang 3 taon na bilang ng paninirahan, ang may pinakamataas na frequency na 48 (16.9%), ang sumunod ay 2 taon, na may frequency na 30 (10.6%), pangatlo ay 15

taon na may frequency na 28 (9.9%), ang sumunod ay 14 na taon na may frequency na 27 (9.5%), 10 taon na may frequency na 20 (7.0%) sinundan ng 4 na taon paninirahan frequency 19 (6.7%) 16 na taon na may frequency na 17(6.0%). Sumunod ay 7 at 5 taon na mag katulad ang frequency 15 (5.3%), 5 taon na may parehong bilang at porsyento. Ang sumunod ay 6 na taon na may frequency na 12 (4.2%). 12 taon ang kasunod na may frequency na 10 (3.5%). Sumunod naman ang 13 taon na may frequency na 8 (2.8%). May sumagot na nanirahan sa lungsod ng Iligan ng 8 taon na may frequency na 6 (2.1%) sumunod ay ang 17 taon na may frequency na 5 (1.8%). Ang pangalawa sa huli ay ang 18 taon na may frequency na 1 (0.4%) at ang panghuli ay 43 na 1 ang frequency (0.4%). Umakma pa rin ito sa kabuuang bilang na 284 na respondent.

Sa pag-aanalisa ng datos marami sa mga respondent ang tatlong taon pa lang nanirahan sa Iligan City na may 48 (16.9%) ang dami. Sa mga ginawang panayam kadalasan, ang iba ay transferee o galing sa iba-ibang lugar. Dahilan sa mga problema at pampamilyang pangangailangan lumilipat sila ng tirahan para sa tinatawag na *survival*. Ang naging dahilan naman ng iba kung bakit dito sa Iligan ang gustong tirahan ng kanilang mga magulang dahil malapit sa trabaho at dito ang kanilang mga negosyo.

Ipinakita sa Talahanayan 8 (nasa susunod na pahina) na nanguna ang tatlong taon (3) na tagal ng paninirahan sa syudad o lungsod. May 48 frequency at katumbas na 16.9 na porsyento. Pumangalawa ang dalawang taon (2) na paninirahan sa syudad o lungsod at pumangatlo ang labing limang taon (15 years) na paninirahan sa lungsod na may frequency na 28 at 9.9 na porsyento.

Samakatuwid hindi sa tagal ng taon ng paninirahan ng mga respondent sa lungsod ang nakapagpapabihasa o nakapagpapatatas sa pagsasalita ng Filipino kundi sa mga panahon at oras na palagi itong ginagamit sa loob ng silid aralan at ang iba ay ginagamit ring

wika sa loob ng tahanan. Ayon sa sagot ng mga nakapanayam halos madalang na makauwi mga probinsya kaya madalang na rin nagagamit ang Wikang Meranaw lalo pa ang mga ludabi o malalalim na mga kahulugan ng mga salita. Samantalang ang Filipino ay palaging nagagamit sa loob ng silid-aralan, nagagamit kapag nakikipag-usap sa kaibigan, kaklase at sa iba't-ibang aktibiti at pakikisalamuha sa guro at ibang tao wikang Filipino ang gamiting wika.

3.3.3 Wikang Ginagamit ng mga Kalahok

Talahanayan 9A

Datos sa Paggamit ng Filipino ng mga Meranaw.

Aytem	N	Sum	Mean	Standard Deviation	Paglalarawan
kapag nakikipag-usap sa isang Tagalog	281	1244	4.427	0.946	palagi
kapag nakikipag-usap sa isang Meranaw	282	1021	3.621	1.020	paminsan-minsan
kapag nakikipag-usap sa isang Bisaya	282	988	3.504	0.959	paminsan-minsan
sa bagong taong kakilala	282	977	3.465	1.169	paminsan-minsan
kapag nakikipag-usap sa loob ng paaralan	281	1051	3.740	0.975	paminsan-minsan
kapag nakikipag-usap sa tanggapan	281	1010	3.594	0.929	paminsan-minsan
kapag nakikipag-usap sa pamilihan, palengke	282	979	3.472	1.123	paminsan-minsan
kapag nakikipag-usap sa loob ng bahay	283	982	3.470	1.198	paminsan-minsan
kapag nakikipag-usap sa malls	282	942	3.340	1.079	minsan lamang
matagal nang kakilala ang tao	279	976	3.498	1.122	paminsan-minsan

Note: 1.00-1.80 – wala; 1.81-2.60 – hindi; 2.61-3.40 – minsan lamang; 3.41-4.20 – paminsan-minsan; 4.21-5.00 – palagi.

Makikita sa Talahanayan bilang 9A na gumagamit ang mga Meranaw ng wikang Filipino kung sila ay mayroong kausap na Tagalog, wikang Filipino ang palaging ginagamit nila.

Batay sa talahanayan may 281 na bilang ang mga respondent at may *Mean* na 4.427 ang gumagamit ng Filipino o Tagalog sa pakikipag-usap. Ipinapakita rin ng talahanayan na ginagamit ng Meranaw ang wikang Filipino nang *paminsan-minsan*, kung ang kausap nila ay Meranaw, Bisaya, bagong kakilala, kapag nakikipag-usap sa paaralan, sa tanggapan, sa palengke, sa loob ng bahay at sa matagal nang kakilala. *Minsan* naman gamit ng Filipino kapag nakikipag-usap sa mall. Samakatuwid, ang paggamit ng wika ay batay sa pakikipag komunikasyon sa pagitan ng mga tao sa aktuwal na konteksto nagiging bihasa sa wika ang isang tao kung may palaging pakikisalamuha sa mga taong nasa isang komunidad (*speech community*).

Talahanayan 9B
Datos sa Paggamit ng Wikang Meranaw ng mga Meranaw

Aytem	N	Sum	Mean	Standard Deviation	Paglalarawan
Kapag nakikipag-usap sa isang Meranaw	284	1295	4.560	0.870	palagi
Kapag nakikipag-usap sa loob ng bahay	283	1239	4.378	1.001	palagi
Kapag matagal ko nang kakilala ang tao	281	1055	3.754	1.189	minsan lamang
Kapag nakikipag-usap sa paaralan	280	886	3.164	1.118	minsan lamang
Kapag nakikipag-usap sa malls	283	816	2.883	1.135	minsan lamang
Kapag nakikipag-usap sa pamilihan	282	782	2.773	1.144	minsan lamang
Kapag ngayon ko lamang nakilala ang tao	283	748	2.643	1.141	minsan lamang
Kapag nakikipag-usap sa isang Bisaya	282	702	2.489	1.179	hindi
Kapag nakikipag-usap sa tanggapan	281	686	2.441	1.098	hindi
Kapag nakikipag-usap sa isang Tagalog	282	672	2.383	1.161	hindi

Note: 1.00-1.80 – wala; 1.81-2.60 – hindi; 2.61-3.40 – minsan lamang; 3.41-4.20 – paminsan-minsan; 4.21-5.00 – palagi.

Ipinapakita naman sa Talahanayan bilang 9B, na ginagamit ang wikang Meranaw ng mga Meranaw kapag kausap ang kapwa Meranaw.

Palagi ring gamit ang wikang Meranaw kung sila ay nasa bahay, at *minsan* lang nila itong gamit kung nakikipag-usap sa matagal nang kakilala, kapag nakikipag-usap sa paaraalan, kapag nakikipag-usap sa mall, kapag nakikipag-usap sa pamilihan at kapag bago pa lamang kakilala ang tao.

Talahanayan 10

Datos Ukol sa mga Gawain ng mga Meranaw Gamit ang Wikang Filipino, Ingles, Meranaw at Bisaya

Aytem	N	Sum	Mean	Standard Deviation	Paglalarawan
nanonood ng programang pantelebisyon na Ingles	275	1185	4.309	0.877	palagi
nanonood ng programang pantelebisyon na Filipino	268	1183	4.414	0.777	palagi
nanonoodng programang pantelebisyon na Meranaw	258	692	2.682	1.197	minsan lamang
nanonood ng programang pantelebisyon na Bisaya	258	599	2.322	1.044	hindi
nakikinig ng programang panradyo na Ingles	264	911	3.451	1.229	paminsan-minsan
nakikinig ng programang panradyo na Filipino	267	1060	3.970	1.014	paminsan-minsan
nakikinig ng programang panradyo na Meranaw	257	803	3.125	1.290	minsan lamang
nakikinig ng programang panradyo na Bisaya	261	788	3.019	1.188	minsan lamang
nagbabasa ng mga babasahing Ingles	277	1208	4.361	0.893	palagi
nagbabasa ng mga babasahing Filipino	264	1168	4.424	0.796	palagi
nagbabasa ng mga babasahing Meranaw	259	820	3.166	1.303	minsan lamang
nagbabasa ng mga babasahing Bisaya	256	640	2.500	1.141	hindi
nagsusulat sa Wikang Ingles	269	1180	4.387	0.918	palagi
nagsusulat sa Wikang Filipino	271	1253	4.624	0.660	palagi
nagsusulat sa Wikang Meranaw	257	894	3.479	1.215	paminsan-minsan
nagsusulat sa Wikang Bisaya	256	779	3.043	1.241	minsan lamang

Scaling: 4.21-5.00: “palagi”, 3.41-4.20: “paminsan-minsan”, 2.61-3.40: “minsan lamang”, 1.81-2.60: “hindi”,
1.00-1.80: “wala”

Ipinapakita sa Talahanayan bilang 10 na may pinakamataas na *mean* ang *Programang Pantelebisyon na Ingles* ang *pinapanonood ng mga respondent* na may katumbas na deskripsyong *palagi*, ang *mean* na 4.414 Pumangalawa ang *programang Pantelebisyon na Filipino* na may *mean* na 4.309 na may katumbas na deskripsyon *palagi*. Sa aytem na: *nagsusulat ang mga respondent sa Wikang Filipino* ang tugon na *palagi* ang may katumbas na *mean* 4.624 at *nagsusulat sa Wikang Ingles* na ang tugon ay *palagi* sa *mean* na 4.387. Sumunod na *mean* na 3.970 katumbas ng *paminsan-minsan*, ang *nakikinig ng programang panradyo na wikang Filipino* ang *ginagamit*, at sinundan rin ng *paminsan-minsan* na tugon ng mga respondent may *mean* na 3.451 at ang pangatlo sa aytem na may sagot ring *paminsan-minsan* sa *mean* na 3.479. Sa tanong naman *kung nagsusulat sa Wikang Meranaw ang mga respondent* ang aytem ay may sagot na *minsan lamang*. Sa tanong na *nagbabasa ng babasahing Meranaw ang mga respondent* may *mean* na 3.166 o katumbas na tugon na *minsan lang*. Ang sagot naman sa *nakikinig ng programang panradyo Meranaw* na may *mean* na 3.125, *minsan lamang* rin ang sagot, sa tanong na: *Nakikinig ng programang panradyo Bisaya*, may katumbas na *mean* 3.019, o ang tugon ay *minsan lamang*. May katumbasnaman na *mean* na 3.043 ang huling aytem na ang tanong ay:

Nagsusulat ang respondent na wikang Bisaya ang gamit at sa huling katanungan na may pinakamababang sagot na may *mean* na 2.682 at katumbas ito ng *minsan lamang* nanonood ng *programang pantelebisyon na Meranaw*.

Batay sa datos sa mga naging tugon ng mga respondent, konsistent sila sa kanilang naging kasagutan at ayon sa tugon ng isa sa mga respondent sinulat niya sa talatanungan

*Madalas kong gamitin ang wikang Filipino kapag Tagalog ang wikang ginagamit ng aking kinakausap at pati na rin tuwing oras ng Filipino subject, mula sa mag-aaral ng IV- Prudence ng Iligan Capitol College. Sa dahilang ang mga respondent ay mga mag-aaral kaya ang tugon na *palagi* sa mga tanong sa ibang aytem ay makatotohanan. Sa mga programang pinapanood na pantelebisyon kadalasan ang ginagamit na wika ay mga Filipino, katulad ng mga primetime teleserye, nauuso na rin ang mga dating Ingles na pelikula at mga Koreanong teleserye na napapanood ay isinalin na rin sa Wikang Filipino. Ito ang kinahuhumalingang panoorin ng mga mag-aaral kapag walang pasok. Sa aytem na: *Nagbabasa ang mga respondent ng mga babasahing Ingles at babasahing Filipino*, nanguna ang Ingles at pumangalawa ang Filipino parehong may tugon na *palagi* dahil na rin ang mga respondent ay mga mag-aaral isang makatotohanan ang tugon, dahil sa aktuwal na karanasan sa loob ng silid aralan ay Ingles ang binabasa at pumapangalawa ang wikang Filipino.*

*Palagi rin ang tugon ng mga respondent sa magkasunod na tanong sa aytem na: *Nagsusulat na ang wikang gamit ay Ingles at ang pangalawang wikang ginagamit sa pagsusulat ay wikang Filipino*. Kung ibabatay sa tunay na nararanasan ng mga mag-aaral sa loob ng klase mas lamang pa rin ang paggamit ng wikang Ingles sa pagpapaliwanag sa mga asignatura. May mga ispesipikong asignatura na ginagamit ang Filipino sa pagsusulat. Ang pinakamababang aytem na may sagot na *hindi* ay may tanong na: *Ang pagbabasa ng babasahin sa wikang Bisaya*. Kahit pa may mga babasahin na bibihira lamang makita na nakasulat sa wikang Bisaya (katulad ng Liwayway at iba pa) hindi na ito nabibigyang pansin ng mga kabataan sa ngayon dahil marami nang dumagdag na pinagkakaabalang gawin ang mga kabataan sa ngayon. Katulad halimbawa ng mga *Facebook (fb), Twitter, Tumblr*,*

Snapshot, Instagram, Youtube, Skype, pagtetext at iba pa. *Hindi* rin ang tugon ng mga respondent sa tanong na: *Nanonood ng programang pantelebisyon na Bisaya*.

Bibihira ang panoorin sa telebisyon na Bisaya, kung mayroon man ay hindi pinanonood ng mga mag-aaral, mas nahihilig sila sa mga Cartoons, Korean Telenovela, Weekend Variety Show, mga palabas tungkol sa mga napapanahong sikat na mga loveteams at mga artista, mga pelikulang palabas na nasa wikang Ingles o Filipino.

3.4 Mga Instrumentong Ginamit sa Pag-aaral

Ginamit na mga instrumento sa pag-aaral ang pakikipanayam o interbyu, at ang talatanungan. Gumamit rin ng pantulong na kagamitan sa pangangalap ng datos tulad ng tape recorder, cellphone at video camera.

3.4.1 Pagbuo ng Talatanungan

Matapos na mabuo ang tiyak na mga layunin, bumuo ng talatanungan ang mananaliksik upang makapangalap ng datos ang kakailanganin sa pag-aaral. Pinagbatayan ang konseptong mula sa *Gardner's Multiple Intelligence Theory (1983)* at may bahagyang modipikasyong idinagdag ayon sa pangangailangang tugunin sa layunin ng pag-aaral na katulad rin sa ginawa sa mga pag-aaral nina Gannaban (2007), Ampil (2010), Manginsay (2011), at Bautista (2014) na tumalakay sa mga pag-aaral tungkol sa mga varayti ng wika.

Binubuo ng apat na bahagi ang talatanungan (Tingnan sa Apendiks A) na nahahati sa apatnapu't apat na bilang ng aytem. Ang unang bahagi ay tungkol sa Personal na Impormasyon; ang kasarian, edad, saan/anong paaralan nag-aaral ang respondent, anong taon sa sekondarya, economic status ng pamilya ng respondent (mayaman, may kaya,

mahirap), unang wikang nakagisnan/ gamit sa bahay, iba pang wikang sinasalita sa kani-kanilang mga tahanan, at ang panghuli ay ang bilang ng taon ng paninirahan sa lungsod ng Iligan.

Sa pangalawang bahagi (A) ay ang tanong na: Ano ang wikang ginagamit sa pakikipag-usap? sa (B) naman: Kailan ginagamit ang wikang Meranaw? at ang panghuli: Sa wikang Ingles, Filipino o Meranaw ba nanonood, nakikinig, nagbabasa at nagsusulat ang mga respondent?

3.4.2 Balidasyon ng Talatanungan

Matapos mabuo ang talatanungan, ito ay dumaan sa masusing balidasyon ng mga eksperto na binuo ng tatlong guro na pawang mga doktorado sa larangan ng Filipino.

Sa unang pagwawasto nahati sa tatlong bahagi ang talatanungan, sa ilalim ng panuto ay may tatlong set ng mga katanungan, may nakalagay na A, B at C at ang panghuling aytem ay may mga tanong sa ilalim ng “Mga Gawain ng Meranaw”. Sa ilalim ng ikalawang panuto (Tingan sa Apendiks A) ay mga tanong sa ilalim ng wikang ginagamit sa pakikipag-usap, iniayos muli ang mga tanong ayon sa nararapat na pagkakasunod-sunod. Ang tanong na dating bilang 1 ay naging bilang 3, ang bilang 7 ay naging bilang 2, at ang bilang 3 ay naging bilang 1 hanggang napag-sunod sunod ng mas maayos kaysa dati. Sa letrang C sa ilalim ng mga aytem sa tanong na “Wikang Ginagamit sa Pakikipag-usap”, ay inalis na dahil pareho halos ang nilalaman at “Ang mga Gawain ng Isang Meranaw” ang siyang aytem na inilagay sa ilalim ng letrang C.

3.4.3 Pagpapasagot sa Talatanungan at Pagsasagawa ng Obserbasyon

Ang pagpapasagot sa talatanungan at pagsasagawa ng obserbasyon ay pinaalam sa kinauukulan. Bago pinasagutan ang talatanungan, ipinaliwanag muna ng mananaliksik ang dahilan sa pagkuha ng mga datos at ang panutong kaakibat nito. Pinasagutan sa mga estudyante ang talatanungan na nakaantabay ang mananaliksik.

Samantala sa ginawa namang obserbasyon, nakuha ang aktuwal na talakayan sa klase habang nagpapaliwanag ang guro at ang usapan ng mga mag-aaral. Nakatulong ang pagkuha ng mananaliksik sa mga tala gamit ang teyprekorder habang nakikinig sa talakayan ng klase.

3.5 Hakbang/Pamaraan ng Pag-aaral

Inilahad sa bahaging ito ang mga hakbangin o pamaraan na ginamit sa buong panahon ng pag-aaral.

3.5.1 Paghingi ng Pahintulot

Unang ginawa ng mananaliksik ay humingi ng pahintulot sa mga kinauukulan upang magsagawa ng interbyu at obserbasyon sa klase. Minabuti ng mananaliksik na magmula mismo sa mga koordinator ng bawat paaralan ang pagbibigay ng iskedyl para sa talatanungang sasagutin ng mga mag-aaral. Mula sa City Division Office dala ng mananaliksik ang liham na pirmado ng superintendent na si Ginoong Tortola na nagbibigay ng pahintulot sa mananaliksik na magsagawa ng panayam at interbyu sa anim na pribado at pampublikong paaralan. Nilaanan ng tig-iisang kopya ang bawat prinsipal ng mga paaralan, at saka pa ibinaba sa bawat guro at seksyon na may mga mag-aaral na Meranaw. Tumagal ng isa

hanggang tatlong araw ang pag-iinterbyu bukod ang pagpapasagot sa talatanungan. May pagkakataon namang bakante ang mga mag-aaral kaya mas mabilis ang pagsagot ng mga mag-aaral sa talatanungan.

3.5.2 Pagrekord ng Kasagutan ng mga Respondent sa Panayam

Nakatakda na ang oras sa mga panayam sa klase sa anim na paaralan. Sa pagtungo sa mga paaralan nakahanda na rin ang tape recorder at ang mga tanong para sa mga respondent. Ang mga guro na nakausap ng mananaliksik sa bawat seksiyon ay naglaan na ng kanilang oras at panahon sa kanilang mga mag-aaral upang makapanayam ng mananaliksik. Bagamat sa umpisa ay atubili ang ibang mag-aaral dahil nahihya, subalit habang tumatagal ay naging kapalagayang loob na rin ng mananaliksik. May isang paaralang pribado ang ikinatuwa ng mananaliksik sapagkat ang mismong prinsipal ang nagpaunlak sa mga mag-aaral na makapanayam ng mananaliksik kaya sapat ang panahong naibigay dito.

Sa pagteteyp sa panayam, ang mga mag-aaral ay nakaupo paikot sa isang lamesa at isa-isa silang nagpapakilala sa kanilang sarili at tinugon ang anumang tanong para sa kanila (Tingnan ang Konteksto1 bilang halimbawa ng panayam). Ang ibang paaralan ay sadyang nagpagamit ng kanilang silid-aklatan at faculty room upang doon maisagawa ang interbyu.

3.5.3 Pagsasagawa ng Transkripsyon

Matapos mairekord ang mga interbyu ay ang pagtranskrayb ang isinunod. Dito ay gumugol ng mas matagal na oras at panahon dahilan sa may kahirapan ang gawaing ito. Sa tulong ng headset ay inisa-isang pinakinggan ang bawat interbyu nang paulit-ulit hanggang sa makuha ito. Matiyagang itinala ang mga napakinggan sa rekoder, at sa tulong na rin ng kaniyang pagtatala sa kuwaderno sa panahon ng interbyu (bukod sa paggamit ng rekorder)

nabuo ang datos. Ang lahat ng kakulangan sa aktuwal na interbyu ay naisulat lahat halimbawa, ang pagkakasunod-sunod ng mga sitwasyon, at mga salitang magpapaalala sa mga datos na dapat kunin. Katulad sa St. Michael's College na pumalya ang tape recorder agad namang naisulat ang mga impormasyong kailangan sa kuwaderno.

3.6 Pagtrato ng Datos

Upang matukoy, maikumpara at masuri ang datos mula sa mga respondent na Meranaw sa pagkakabuo ng Filipino-Meranaw sa Iligan City, nasa ibaba ang istadistikang ginamit.

1. *Frequency Count* ng Personal na Impormasyon ng 284 respondent. Binilang ang mga tugon sa kasarian, edad, paaralan, taon, socio-economic status, unang wika, iba pang iba pang wikang ginagamit at bilang ng taon ng paninirahan sa Iligan City.
2. Pagkalkula ng *Arithmetic Mean* – kasunod ang paliwanag

$$A = \frac{1}{n} \sum_{i=1}^n Xi$$

A = average (arithmetic mean)

n = the number of terms (e.g., the number of items or numbers being averaged)

Xi = the value of each individual item in the list of numbers being averaged

3. *Percentage Distribution* – Ito ay upang maipakita gaano kalaki o kaliit ang isang kwantiti sa isa't isa pang kwantiti.

$$\% = N/T\%N$$

na kung saan:

% - ang *percentage number*

N- ang *number*

T%N – Total *percentage number*

4. *Standard Deviation* – matapos makalkula ang *percentage* at *arithmetic mean*, kinalkula ang *standard deviation* ng kasagutan upang ipakita kung gaano kalawak mayroon ang resulta ng pag-aaral mula sa *mean* o *average*.

$$S = \sqrt{\frac{\sum(X - M)^2}{n - 1}}$$

Where: $\sum$ = sum of n = sample size

X = individual score

M = mean of all scores

3.7 Pagsusuri ng Datos

Mula sa mga transkripsyon sa interbyu pinili ang mga bahaging mapagkunan ng sagot batay sa mga layuning nakasaad sa pag-aaral na ito. Tiningnan ang mga bahaging may mga salitang mapagkunan ng datos sa pagpapalit ng ponema, pagkakaltas ng ponema, mga bahaging mapagkunan ng datos sa aspektong morpolohiya, pagpapalit ng mga morpema at anong morpema ang gamit gayon rin sa sintaksis. Hinanap sa mga itinanskrayb ang mga bahaging mapagkunan ng tugon na ibinatay sa layuning kinakailangang tugunan. Sa mga

pahayag ng mga pangungusap, sinuri ang ayos ng pangungusap, anong uri ng pangungusap ang nabubuo sa mga pahayag at ang mga nilalaman mismo ng pangungusap na isa sa matutukoy na nagbubuo sa varayting Filipino-Meranaw sa Iligan City.

3.8 Pagbuo ng Modelo sa Pagsusuri ng Varayti

Ang modelo ay nakatuon sa kung paano magagamit ito bilang *springboard* sa panibagong pagsusuri at paglalarawan ng ibang wika na may katulad na layunin sa saliksik na ito.

Mula sa kahulugan ng modelo, ito ay isang pinagbuting halimbawa na gagawing huwaran na maaaring tularan o sundin. Ipinapakita ang mga hakbang sa pagsusuri na ginawa at ilahad ang mga proseso sa pagbibigay linaw sa mga salik o pagkakaroon ng varayti.

Binuo ang modelo ng pagsusuri ng varayti mula sa mga konsepto na ginamit sa pag-aaral ang patunay na mga kadahilanan bakit may pagbubunsod o pagkakaroon ng varayti ng wika. Nasa unang layunin ang salik na tinugunan sa pag-aaral kung ano-ano ang mga ito. Sa bawat etnolingguwistikong grupo may pagkakaiba-iba ang salik na nag-iimpluwensiya sa pagbabago ng wika.

Mula sa mga konseptong pinagbatayan, ang respondent ang pinakamahalagang elemento. Napag-alaman na ang tatlong nakaimpluwensiyang salik: ang edad, sosyo-ekonomikong kalagayan at ang wikang palaging ginagamit.

Sa pangalawang layunin, inilarawan ang mga nabubuong varayti ayon sa tatlong lawak; ang ponolohikal, morpolohikal at sintaktikal. Upang magawa ito ay sinuri ang mga

pahayag na pangungusap ng mga respondent. Inisa-isa ang mga salita at ang mga pangungusap na nakitaan ng mga pagbabago sa diin at tono ng mga salitang pahayag.

Matapos ang ponolohiya, sinuri ang mga morpema sa mga salita sa loob ng pahayag. Inisa-isa ang mga pahayag na makikita sa bawat bilang ng mga sitwasyon. Matapos matukoy ang mga salita, hinanap ang salitang-ugat at inuri ayon sa batayan ng paglalapi. Inalam anong mga panlapi ang ginamit sa bawat salita; ipinakita ang anyo ng salita mula sa salitang-ugat at naging pagbabago sa anyo at kahulugan ng salita .

Samantala sa sintaksis, ang kabuuang pangungusap ang sinuri. Tiningnan kung ano ang istruktura ng pangungusap, pangalawa anong uri ng pangungusap ang nabubuo at pangatlo ang ano ang mga salitang nilalaman ng pangungusap. Inuri ito ayon sa parirala, sambitlang pahayag at simpleng pangungusap o komplekado

KABANATA IV

PAGLALAHAD AT PAGSUSURI NG MGA DATOS

Inilahad sa kabanatang ito ang mga nakalap na datos sa pag-aaral. Ang pagtalakay ay hinati ayon sa layuning inilatag sa unang kabanata.

4.1 Mga Salik na Nakakaimpluwensiya sa Pagbuo ng Varayti ng Filipino-

Meranaw

Natuklasan ng pag-aaral na ito na ang mga salik na nakakaimpluwensiya sa pagbuo ng varayti ng Filipino-Meranaw ay ang mga sumusunod: heograpikong lokasyon, migrasyon o pandarayuhan, sosyo-ekonomiko, politikal, edukasyonal na katangian ng lugar ng respondent, ang wikang madalas gamitin- ang unang wika, pangalawang wika at ang taon ng paninirahan o pamamalagi ng respondent sa lugar.

Ayon kay Constantino (2012), ang mga dahilan sa pagkakaiba-iba ng anyo ng wika ay ang lokasyong heograpiko, pandarayuhan, sosyo-ekonomiko, politikal, edukasyonal na katangian ng isang partikular na lugar o komunidad na gumagamit ng naturang wika.

Ang kakayahang pinansiyal ang nagbubunsod sa mga tao na makapamuhay sa ibang lugar o makalipat lalo pa kung ang lugar ay isang urban o lungsod. Ito ang dahilan na nababago ang estilo ng kanilang pamumuhay, mas naiiba ang karanasan at eksposyur ng mga respondent. Maraming mga gadget ang makakatulong na rin sa mga respondent na mas maging advance ang komunikasyon. Halimbawa ang dating selfon lang, ngayon kung nasa lungsod ay pwede nang makipag-skype, sa pagsaliksik sa mga takdang aralin. Nariyan

na rin ang internet, maaasahan rin ang *Google* o anumang website ay napakadali na sa anumang impormasyong kakailanganin ay agad nang makukuha ang kasagutan.

4.1.1 Heyograpikong Lokasyon

Ayon sa Kasaysayan *Malabayabao Salsilah*, orihinal na nagkuta sa Hilagang Mindanao (mula sa Cabadbaran na ngayonay bahagi ng Agusan del Norte hanggang Karomata na ngayon ay Lanao del Norte) ang mga Maranaw. Sila ang mga natirang Iranon na nanirahan sa tabing dagat na nasasakupan ng Hilagang Borneo hanggang Madagascar sa Timog Africa. Si Butuanon Kalinan ang nag-iisang nabuhay at namuo sa pengampong ng Ranaw siya ay Iranon mula sa Cabadbaran (Bumbaran ang tawag ngayon sa lugar). Napangasawa niya si Anikiron Darasa (anak na dalaga na lokal na pinuno ng mga Higaonon). At dito nagmula ang angkan ng Maranaw sa Ranaw. Siglo ang lumipas ng manakop ang Espanyol sa lawa ng Ranaw subalit sila ay nabigo. Ang ilang mga katutubo mula sa Hilaga ang kasabwat ng mga Espanyol na kinidnap ang prinsesa ng Wato at sapilitang ikinasal sa isang dugong Espanyol.

Ayon sa kasaysayan, dito nagsimula ang galit ng mga Maranaw na nasa Ranaw sa mga kapwa nila katutubo na nagmula sa Hilaga (Ito ang mga nakilalang Bisaya na nasa sentrong bahagi ng Pilipinas, ito rin ang pinagmulan ng mga prominenteng politikal na angkan sa lungsod ng Iligan tulad ng mga Aktub, Ramero, Obach, Flores at Sabaduquia.

Marami sa mga Maranaw ang nanatili sa Iligan, at ang mga prominenteng pamilya ay tumira sa Cabaro, simula naman ito na sila ay natutung magsalita ng Bisaya. Subalit may mga angkan na tumakas patungong Hilaga, sa Luzon at Maynila, nang sumiklab ang giyera noong taong 1970, upang mabuhay ang mga Maranaw ay nangalakal mula sa maliit na

puhunan, sila ay nag- *buy & sell*. Dumami ang angkan ng mga Maranaw sa Kamaynilaan na natutong gamitin ang tagalog bilang pangalawang wika at lalong nagpalakas pa sa kanila na gamitin ito ay ang Rajah Solaiman na nakipaglaban sa mga Espanyol.

Bilang mga maliliit na namumuhunan o negosyante, ang iba ay refugee ng digmaan, naibigan nila ang ginaang pakikipaglaban ni Rajah Solaiman, dahil dito nagsama-sama silang manirahan sa Maynila (Ito ang mga Maranaw na Tagalog ang piniling salitain).

4.1.2 Migrasyon/Pandarayuhan

Sa talahanayan bilang 5 (p.68) makikita na katamtaman ang *economic status* ng pamilya ng mga respondents. Ayon sa kasaysayan, ang dahilan ng kanilang pandarayuhan o migrasyon ay dahil sa giyera/digmaan.

Ang Iligan City ay dating nakilalang Industriyalisadong lungsod ng hindi pa bumagsak ang ekonomiya nito. Marami ang mga taong naninirahan rito mula sa iba't ibang lugar sa Pilipinas dahil na rin sa simple ang mamuhay rito. Ang isa pang nakakganyak at nakakakit ay ang mga pamantasang bukod sa dekalidad na edukasyong ibinibigay nag-*kecater* din ito ng mga mag-aaral na may iba't ibang pananampalataya. Kahit ang mga pampribadong kolehiyo ay nakikilala rin ilan sa dekalidad na edukasyon. Marami sa mga mag-aaral mula sa iba't ibang lugar ang dito nag-aaral dahil na rin sa murang bayad ng matrikula. Matipid dahil mura nag mga bilingin lalo na ang mga damit at pagkain at madalang ring dalawin ng bagyo ang lugar.

4.1.3 Wikang Madalas Gamitin

Ang mga Maranaw ay *convergent*, ayon sa talahanayan bilang 9b (p.80). Kapaag alam ng mgaa Maranaw na ang kausap nila ay isang Maranaw wikang Meranaw ang kanilang ginagamit. Sa pakikipag-usap, kadalasan sa miyembro ng pamilya unang wikang Meranaw ang kanilang ginagamit. Kapag nakikipag-usap sa isang Tagalog wikang Tagalog rin ang kanilang ginagamit. Hindi nila ginagamit ang wikang Meranaw kapag Tagalog ang kanilang kausap.

Kahit pa sa mga gawain na gamit ang wika palagi nilang pinanonood sa mga palabas sa t.v ay nasa ikang Pilipino at Ingles, marahil dahil na rin sa ang mga respondent ay nasa baitang 9 at 10, babad sila sa mga gaain saloob ng paaralan gamit ang wikang Ingles at Pilipino, ngunit hindi sila nagbabasa at nanonood ng mga panuorin at babasahing nasa wikang Bisaya ayon sa kanilang tugon sa talahanayan 10 (p.80).

4.1.4 Edukasyonal na Katangian ng Lugar

Dahil sa katangiang edukasyonal ng lungsod dahilan na marami sa mga Meranaw ang dito nag-aaral at may mga pamilyang dito na rin namalagi . Nagpapakita sa Talahanayan 1 (p. 64) na ang ilang mga sikat na paaralan sa lungsod ng Iligan ang pinag-aralan ng mga Meranaw tulad ng St. Michael's College, St. Peter's College, Iligan Capitol College, MSU-IIT IDS, Iligan City National High School at Iligan City East High School . Maihahanay ang mga paaralang ito na kahit ang iba ay mga pribado, ilan ito sa mga nangungunang paaralan sa Mindanao. Maraming kurso ang mapagpipilian kung magpapatuloy sa kolehiyo at marami na rin ang mga board passers sa mga pangkolehiyong paaralang ito. Mura ang gastos sa

pag-aaral dito, sa dahilang malapit lang ito sa lugar ng Marawi City, at halos lahat ng mga Meranaw ay mayroong kamag-anak at mga pribadong tirahan sa Iligan.

4.1.5 Migrasyon/Pandarayuhan

Nabanggit sa kasaysayan na ang mga Meranaw ay nandarayuhan (Alonto, 2016 na nasa p. 103) dahil sa mahilig silang magnegosyo at sa kalikasan ng kanilang hanapbuhay kaya nandarayuhan sila o nakakarating saan mang lugar sa bansa. Minsan dahil rin sa kultura o panganib dala ng ridu.

Ang mga Meranaw ayon sa *Malabayabao Salsilah* ay orihinal na nagkuta sa Hilagang Mindanao (mula sa Cabadbaran na ngayon ay bahagi ng Agusan del Norte hanggang sa Karomatan na ngayon ay Lanao del Norte) ay mga mapayapang tao. Sila ang mga natirang Iranon na nanirahan sa tabing-dagat na nasasakupan ang Hilagang Borneo hanggang sa Madagascar sa Timog Africa.

Noong mga huling yugto ng ika-12 dekada AD. (panahon ng *Shri-Vijayan Empire*) ang komunidad ng mga Iranon sa Cabadbaran (Bumbaran noon ang tawag) ay sinalakay at sinunog ng mga *Borneans* at napatay ang lokal at *feudal* na namumuno sa kanila. Ang kilalang Rajahmuda sa Cabadbaran, ang kaniyang anak na lalaki na si Butuanon Kalinan at ilang mga tagasunod ay tumakas at nagbagtas sa pamamagitan ng makitid na daan sa Tagoloan hanggang sa marating ang Mantapoli (isa itong kuta ng Higaonon noon) na ngayon ay pinangalanang *Ranaw* (*Lawa* ang katumbas nito sa wikang Iranon). Si Butuanon Kalinan ay nagpahayag na siya na lamang ang nag-iisang buhay na namumuno at pinangalanang muli ang *pengampong* (*domain*) bilang Ranaw. Sa pagkakataong ito, siya ay nagpakasal kay

Anikiron Darasa (ang anak na dalaga ng lokal na pinuno ng mga Higaonon) at iyan ang simula ng pamamalagi o ang pagsisimula ng mga Meranaw sa Ranaw.

Matapos ang maraming siglo, ang mga mananakop na Espanyol ay dumating at nagsimulang mangupkop sa lawa ng Ranaw. Subalit ang mga dayuhan ay nabigo upang sakupin ang mga katutubo nito. Ang mga Kastila kasabwat ang ilang mga katutubo na nagmula sa Hilaga, na naging tapat sa kanila ay nakipagtulungan na kidnapin ang isa sa mga Dayang-Dayang (ang Prinsesa ng Wato) at sapilitang ipinakasal sa isang dugong Espanyol. At dito nagsimula ang galit ng mga Meranaw sa Ranaw sa mga kapwa katutubo na nagmula sa Hilaga. Ito ang mga kilalang Bisaya na nasa sentrong bahagi ng Pilipinas. Ang puwersahang pagpapakasal kay Dayang Dayang (*Paramisuli*) sa dugong Espanyol ay nagbunga ng maraming supling at nabinyagan bilang mga Romano Katoliko. Sa kanila nagmula ang mga naging prominenteng pulitikal na angkan sa Lungsod Iligan tulad ng angkan ng mga Actub, Ramiro, Obach, Flores, Sabaduquia, at mayroon pang iba.

Nang ang pamahalaan ng Pilipinas ay magkaroon ng pasimulang kapayapaan, noong taong 1980, ang mga alitan ay unti-unting naisaayos sa pagitan ng mga angkan at lahi nila. Marami sa mga komunidad ng Meranaw ay nanatili at nabuo sa siyudad ng Iligan, at ang pinakaprominente ay ang komunidad ng mga Meranaw sa Cabaro. Sa hindi inaasahang pangyayari marami sa mga residente na Meranaw ay mga *Watonians* at sila ay naging malapit sa mga Iliganon. At mula rito, ang mga Meranaw sa nabanggit na mga komunidad ay nagsimulang matuto ng Bisaya, samantala sa ganoong pangyayari pinananatili pa rin nilang gamitin ang kanilang wikang Meranaw.

Sa magkakaiba pang mga pangyayari mas malaking angkan o pamilya ng mga Meranaw ang tumakas patungong Hilaga sa Metro Manila at Luzon, nang ang giyera sa

rehiyon ay sumiklab noong taong 1970. Upang sila ay mabuhay, ang grupo ng mga Meranaw ay nangalakal mula sa maliliit na puhunan sila ay nag-*buy and sell*. Dahil dito marami sa mga anak nila isinilang, lumaki at nakapag-aral na sa mga paaralan sa Kamaynilaan na wikang Tagalog ang gamit. Sa ganitong situwasyon tinangkilik at ginamit na nila ang wikang Tagalog bilang pangalawang wika. Ang nagpalakas pa sa kanila upang matuto at gamitin ang wika ay ang katotohanang ang Maynila ay minsang pinagkutaan ng namumunong si Rajah Solaiman at nakipaglaban sa puwersa ng mga Espanyol na si Legaspi. At bilang kongklusyon may nalikhang dalawang grupo ng mga Meranaw ito ay ang nagsasalita ng Bisaya at ang nagsasalita ng Tagalog.

Naging bahagi na ng kasaysayan ang tungkol sa pagkidnap kay Prinsesa Dayang-Dayang/Paramisuli mula sa Wato at sapilitang ipinakasal sa isang dugong Espanyol, at ang naging mga kasabwatan upang maangkin si Dayang Dayang ay ang mga katutubong mula sa Katimugan ng bayan. Ito na ngayon ang mga angkan na pinagmulan ng dalawang kilalang angkan sa syudad ng Iligan


Nang ang rehimeng Marcos ay nagpasimulang bumuo ng pangkapayapaang plano sa MNLF, mga rebeldeng Moro at ang GRP noong huling taon ng 1970, marami sa mga Meranaw, lalong-lalo na ang mga Watonians ay nagtipon sa lungsod ng Iligan. Bumuo sila ng mga samahan sa mga lugar na tinirahan ng mga Meranaw sa Cabaro (Hinaplanon). At bilang turing na kapatid sa dugo ng mga Iliganon, ang mga *Watonian* (mula sa Wato) na mga Meranaw ay nagdesisyon na ang Bisaya-Cebuano ang kanilang gagamiting “pangalawang wika”. Isa rin ito sa pamaraan nila upang palakasin ang magandang samahan ng mga nagkahalong dugo ng dalawang pangkat sa lungsod. (Source: *The Salsila of Wato and Iligan*)

Ang mga lalawigan ng Lanao del Norte at Lanao del Sur ay malapit sa probinsiya ng Cebu. Subalit dahilan sa hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng mga Katolikong Bisaya at mga Meranaw, nagkaroon din ng hindi pagkakasundo ang dalawang komunidad. Maraming taon ang lumipas bago pa ang mga Meranaw na *Watonians* ay nagdesisyon na matuto na ng wikang Bisaya-Cebuano. Ito ay hindi dahil sa lokasyong heograpikal ngunit dahil sa mabuting pagsasamahan ng mga pamilya at angkan kasama ang kanilang mga kaibigan sa Iligan na nagsasalita ng Bisaya.

Sa kabila nito, ang nakararami na mga Meranaw, lalo na ang mga hindi *Watonians* ay mas pinili ang Tagalog bilang kanilang pangalawang wika. Ang dahilan nito ay si Rajah Solaiman, isang pinuno noon ng Pasig (ngayon ay Manila) ay isang Muslim at nakipaglaban sa mga mananakop na Kastila.

Bilang mga maliliit na namumuhunan o negosyante, refugees ng digmaan ay naibigan ang ginawang paglaban ni Rajah Solaiman. Dahil dito ang mga Meranaw ay nagsama-sama at ang halos lahat ay sa Lanao del Sur nagmula. Sila ay nanirahan sa Maynila. Dinala ang buong pamilya at iba pang kamag-anakan at doon na piniling manirahan. Inadap nila ang paraan ng pamumuhay ng mga Tagalog, at pati na rin ang paraan ng pag-iisip at ginamit ang wikang Tagalog bilang pangalawang wika.

Sa ngayon ay mayroong mahigit 200,000 na mga Meranaw ang naninirahan sa Metro Manila, hindi pa kasama ang mga naninirahan sa palibot na mga lalawigan sa Luzon .



Pigura 3. Pinapakita kung paano naging Tagalog/Pilipino ang piniling pangalawang wika ng mga Meranaw.




Figura 4. Pinapakita kung paano naging Bisaya ang piniling pangalawang wika ng ibang mga Meranaw.

4.1.6 Sosyo-ekonomikong Katayuan

Isa pa rin sa salik ay ang **sosyo-ekonomikong istatus ng pamilya**. Nasa Talahanayan 5 (pahina 67) makikita na 224 ang sumagot ng *katamtaman* ang kalagayang sosyo-ekonomiko ng mga respondent. Kaya naman ang mga anak, ang tinutukoy na respondent sa pag-aaral ay nakapag-aaral sa mga pribadong paaralan sa Iligan katulad ng St. Peter's College, St. Michael's College at Iligan Capitol College at ang IDS-MSU-IIT. Dahil sa kakayahang pinansyal ng mga magulang ng mga respondent ay sa syudad na rin nanirahan, sa lugar malapit sa mga paaralan.

4.2 Pagsusuri ng Varayti ng Filipino-Meranaw sa Iligan City

Inilarawan sa bahaging ito ng pag-aaral ang nabuong varayting Filipino-Meranaw sa Iligan City.

Ang kabuuan ng transkripsyon ay makikita sa Apendiks D (pahina 184). Ito ay mga pahayag ng mga salita ng mga mag-aaral mula sa obserbasyon at interbyu. Gagamitin ang konteksto sa paglalahad ng bahagi ng transkripsyon ng mga obserbasyon mula sa respondent.

KONTEKSTO 1

Sitwasyon 1

Tagapanayam	Kamusta na kayo? Mabuti ba?
Mag-aaral	Mabuti naman <i>po</i>
Tagapanayam	Kamusta ang Filipino? Naiintindihan naman?
Mag-aaral	Minsan malalalim ang mga salitang ginagamit. <i>Pinaparesearch</i> niya po kami ng mga mahihirap na salita
Tagapanayam	Saang part na ba kayo?
Mag-aaral	Nasa Bahagi ng Pananalita.
Tagapanayam	Pwede bang ipakilala natin ang ating sarili?
Bb. Motin	Si Noronsalam Motin labing walong taong gulang ipinanganak sa noong 1 Nobyembre.
Bb. Ali	Ako po si Romaila Ali, labing limang taong gulang ipinanganak noong <i>April</i> 21, 1998.
Bb. Rohaila	Ako po si Rohaila Naga, labing anim na taong gulang na po ako at ipinanganak noong ika-26 ng Hunyo 1998 at nais ko pong guro.

PAGSUSURI 1: Mapapansin sa usapan ang karaniwang ayos ng pangungusap sa komunikatibong paraan. Hindi binanghay sa *ay* e.g. Mabuti naman po; “Si Noronsalam Motin, labing walong taong gulang, ipinanganak noong 1 Nobyembre.”

Pansinin ang paglalapi na *pinaparesearch* niya po kami. Ginamit ang panlaping *pinapa* – upang umangkop na tama sa salitang-ugat na *research*. Pansinin ang salitang *research* ay sa wikang Ingles, subalit ang salitang *research* ay madalas nang ginagamit. Angkop at wasto ang paglalapi ayon sa pagkagamit sa loob ng pangungusap – nagpapahiwatig na ang kilos ay nasimulan at kasalukuyan pang tinatapos

KONTEKSTO 2

Sitwasyon 2

Shaiek	Ako si Shaiek Alonto tinatawag nila akong major kasi yon (<i>iyon</i>) ang tinatawag sa akin sa bahay tapos ipinanganak ako noong Pebrero, February 28, 1999 15 years old na po ako
Salik	Ako naman po si Salik Amar Salik labing limang taong gulang ipinanganak noong Pebrero a dyes (<i>diyes</i>) at noong 1999, nais ko pong makapili ng kung anong gusto ko ngunit may 2 akong gustong ah trabaho ba ay Engineer o magtuturo nalang ako ng History.
Saida	Saida Cali gusto ko maging doktor Mam.
Vida	Vida Sani labing limang taong gulang nais kong maging isang doktor yon (<i>iyon</i>) lang po

PAGSUSURI 2: Litaw na litaw ang pagkakaltas ng ponemang /i/ mula sa *iyon* na napapaikli na nagiging 'yon'. Katulad sa huling sagot ng mag-aaral -*nais kong maging isang doktor 'yon (iyon) lang po*.

Pansinin rin na may *code switching* na naganap sa loob ng pahayag sa pangungusap e.g. ipinanganak noong Pebrero, at inulit ang pahayag na "February 28, 1999, fifteen years old". Ganito kadalasan ang nakasanayan at palaging maririnig sa mga kabataan, malamang dahilan sa bilingguwal ang gamit sa loob ng silid-aralan. Ang salitang *tapos* ay isang *gap filler* lamang.

KONTEKSTO 3

Mag-aaral	Minsan may mga problema sa kaibigan na naaapektuhan kami, pati problema pamilya, nag-aaway ang parents, family problem, problema din po paano matutustusan ang pag-aaral, problema sa pagkain.
Iligan City East High School	
Tagapanayam	Assalam Walaikum? Masaya ba kayo?
Mag-aaral	Masaya.
Abubakar	Good afternoon, ako nga pala si Abubakar Barakiin 4 th year, 16 years old paglaki ko gusto ko maging Chef.
Mag-aaral	Ako nga pala 4 th year student, nais ko pong maging isang medical technologist
Omar	Ako po pala si Omar, 4 th year student 14 years old paglaki ko gusto ko maging isang accountant.
Asisa	Asisa Bastare grade 9, paglaki ko gusto ko maging steward.
Nafisa	Ako pala si Nafisa Cali, gusto ko paglaki ko maging isang nurse.
Faranena	Ako nga po pala si Faranena Natangcop grade 9, paglaki ko gusto ko guro.
Tagapanayam	Taga dito lang ba kayo lahat? Lahat sa Hinaplanon? O taga cyudad (siyudad)?
Aslainie	Ako nga pala si Aslainie Datu grade 9, 16 gusto ko maging nurse.
Tagapanayam	Kapag ba don kayo sa room nahihiya kayo? Bakit ba nahihiya ang istudyante sumagot?
Mag-aaral	Siguro kinakabahan, siguro hindi well experience sa mga ganitong bagay.
Tagapanayam	Palagi niyo bang ginagamit ang Filipino sa bahay nyo?
Mag-aaral	Minsan minsan
Tagapanayam	Sa mga tanggapan? Halimbawa sa tanggapan ni Mam Gallena anong ginagamit mong wika? Halimbawa kapag ang kausap mo Meranaw? Anong ginagamit mong wika?
Mag-aaral	Visaya.
Tagapanayam	Sa Principal's Office?
Mag-aaral	Visaya rin.
Mag-aaral 2	Depende sa kung ano ang ginagamit na wika ng wika principal.

Tagapanayam	Kamusta naman? Anong plano niyo sa buhay? Magpakilala ka.
Esmael	Ako nga pala si Esmael Ambulao, gusto ko maging SW means Social Worker.
Ambara	Ako nga pala si Esmael Ambara, gusto maging teacher.
Almira	Ako nga po pala si Almira Subakay, gusto ko po maging guro para matulungan ko ang aking magulang sa kahirapan.
Norfaidah	Ako nga pala si Norfaida S. Antungan ah gusto ko ay teacher.
Eukaima	Ako nga pala si Eukaima Pidatan, gusto ko ay, gusto ko maging isang nurse para matulungan ko ang ibang tao at saka para masuklian ko ang paghihirap ng mga magulang ko.

PAGSUSURI 3: Litaw ang paggamit ng salitang *pala* mula sa mga respondent. Sa walong tinanong na respondent, walo rin ang gumamit nito bilang ‘gap filler’ sa pangungusap. Ayon kay Gannaban (2007), ang mga *gap fillers* ay nagsasaad ng *indefiniteness* o *antics* o *peculiarity* na tinataglay bilang katangian ng bawat wika katulad rin daw ito sa paggamit ng salitang (kuwan).

Apat naman ang sumagot sa Ingles sa kanilang pagpapakilala e.g. *I am seventeen years old* o mula sa pahayag na Filipino – nagcode *switching* sa wikang Ingles.

Ang paggamit rin ng salitang *mayroon* ay napaikli at naging *meron*. Kadalasan dahil komunikatibo at mas madulas sa dila ang pagpapaikli nalang sa salita kapag ito’y berbal na ipinahahayag mas maganda pakinggan at nakakatipid sa pagsasalita. Hindi na talaga binibigyan pa ng diin ang pagpapahaba e.g. *meron*, lahi ng mga doktor.

Nasa karaniwang ayos ng pangungusap ang ginamit ng mga respondent sa mga pahayag. Pansinin na gumagamit rin ng *po* at *opo* sa mga pahayag na kung sa mga Katagalogan ito ay tanda o pagpapakita ng paggalang.

Ang salitang *cyudad* ay salitang hiram sa Spanish, kadalasan ang mga sumasakay sa dyip sa Iligan City e.g. *Manong, isa nga pong cyudad.*, ito marahil ay nagmula sa mga Kastila nang panahong sumailalim sa impluwensiya ng Kastila ang lungsod.

Ang salitang *well experience*, ang istruktura ng pangungusap sa mga pahayag ay nasa karaniwang ayos at kadalasang nauunang gamitin at sa kasong ito ay Ingles ang ginamit na wika sa *pagco-code switching*.

KONTEKSTO 4:

Sitwasyon 4

Tagapanayam	Bakit kayo sa IDS nag-aral? Sige nga bakit sa IDS ka nag-aral?
Mbabae	Naging inspirasyon ko po ito Mam because noong ah high school pa po yung (iyon) nanay ko is dito siya nag-aral tapos naging inspirasyon ko po sa pagpasok is yung (iyon) Alumni Home Coming Mam kasi enjoy po yung (iyon) mga batch .
Tagapanayam	Ah naka-attend ka na ng Alumni? Ikaw ate, ikaw Mam, ikaw miss?
Mbabae	Ah ginusto kong mag-aral dito kasi nung (noong) bata pa ako sa tuwing dumadaan kami dito sa IIT , gusto ko na talagang dito mag-aral sa IDS at dito grumadweyt .
Tagapanayam	Ok. (tinuro ang isang lalaking estudyante)
Mlalaki	Kasi pag <i>ano</i> , pag sinabing pag IDS <i>parang</i> matalino, <i>mga ganyan tapos</i> gusto ko po maging kabilang doon, <i>tapos yun</i> , gusto ko
Tagapanayam	Bakit parang? (background tumatawa ang mga mag-aaral) Ibig sabihin kung andito ka na ngayon, isa ka na sa mga matatalino diba? Ok, very humble si ano, Ok (may background tumatawa). Ikaw ate, bakit gusto mo dito sa IDS mag-aral?
Mbabae	Kasi po yung (iyon) ate ko kaya ah dito po siya nag-aral tapos parang iniidolo ko yung (iyon) ate ko po sa una so gusto ko rin po dito
(Ang tono ng pagsasalita ng mga mag-aaral ay walang bahid Meranaw o walang puntong Meranaw)	
Mbabae	Gusto ko po dito sa IDS dahil mga kamag-anak ko, mga ka gen dahil dito na sila nag-aral dahil narinig ko na matatalino raw ang IDS students at <i>maging successful sila</i> .
Mbabae	Ako nung (noong) una ayoko kasi gusto ng <i>parents</i> ko, gusto ko kasi <i>dun</i> sa last na <i>previous school</i> , pero nung (noong) tumagal ako dito parang sabi ko, para maging <i>prepare</i> ka sa <i>college mo</i> kapag nag-IDS ka
Mbabae	Dito ako nag-aral para ma maging preparado pag college/kolehiyo
Mababae	Dito <i>po</i> ako nag-aral, kasi para po sa akin mas magaling <i>po yung</i> (iyon) IDS <i>keysa</i> sa ibang school sa Iligan
Mlalalaki	Dito po ako nag-aral kasi ang aking kuya ay <i>nag-aaral</i> din dito, <i>um nung</i> (noong) high school pa siya
Tagapanayam	Ok, so Olo, so pag-ka college n'yo, gusto n'yo dito pa rin o sa Maynila na?
Mag-aaral	Kung <i>makapasar mi</i> , sa Maynila na <i>po</i>

PAGSUSURI 4: Katulad sa mga naunang situwasyon sa pahayag ng respondent pansin ang salitan *code switching* e.g. *Naging inspirasyon ko po ito Mam, because noong, ah high school pa po yung (iyon) nanay ko is dito siya nag-aral tapos naging inspirasyon ko po sa*

pagpasok is yung (iyon) Alumni Home Coming Mam kasi enjoy po yung (iyon) mga batch. Ang *code switching* ay ang paggamit ng dalawang wika na pinagpapalit-palit sa loob ng pangungusap (Cubar, sa Constantino, Gonzales at Ramos 1985).

Pansinin sa hulihang pahayag, e.g. Kung *makapasar mi* (*kung makakapasa kami*) ang pahayag ay nasa anyong wikang Filipino salitan sa Bisaya na *makapasar*; ang salitang-ugat na *pasa-* inunlapian ng *-maka* at may dagdag na ponemang [r] sa dulo ng salita at sinundan ng panghalip na *mi* (mula sa panghalip na kami na pinaikli).

Pansinin ang *code switching* sa isa pang pahayag e.g. *Ako nung (noong) una ayoko kasi gusto ng parents ko, gusto ko kasi dun sa last na previous school, pero nung (noong) tumagal ako dito parang sabi ko, para maging prepare ka sa college mo kapag nag-IDS ka.* Ayon kay Constantino (2002) dahil ang kabataan ay mahilig o laganap sa kanila ang paggamit ng *code switching*, bahagi ito ng pag-unlad ng wikang Filipino. Tinatawag din itong Taglish o kung minsay Engalog o *lexical borrowing* ayon naman kay Garcia (1979).

Pansinin ang pagkakaltas at pagpapalit ng ponema [u] sa [o] (*nung, dun, yung*). Sa paglalapi e.g. *grumadweyt, matatalino, iniidolo, maging successful, maging prepare, nag-aral, pag-preparado*. Sa unang salita *grumadweyt* – mula sa salitang-ugat na *gradweyt* at siningitan ng gitlaping *-um-* upang maipakita ang aspekto ng pandiwang pangkasalukuyan ayon sa ibinibigay na pahayag ng kilos na pangkasalukuyan. Ayon kay Ramos (1971), katangian ng aspektong pandiwa ang *---um-* at karaniwang may tuwirang layon o may obligatoryong tagaganap ang pandiwang *mag-*. Gayon rin sa salitang *iniidolo* - ang unlaping *-in* + salitang-ugat (idolo). Ang hiniram na salitang *successful* mula sa Ingles na may panlaping *maging* na nangangahulugang mangyayari pa ang kilos na isinasaad ng pang-uring *successful*; sa salita ring *maging prepare* o *pag-preparado*; at sa salitang *nag-aaral* mula sa

salitang-ugat na *aral* at unlaping ang *-na* nagsasaad na ang kilos na isinasaad sa salitang-ugat na pandiwang aral.

Ang istruktura ng pangungusap ay nasa karaniwang ayos tulad rin sa nabanggit na mga pangungusap sa sitwasyon 1. Ayon kina (Cubar at Cubar 1994) dalawang aspeto ang lingguwistika ang may mahalagang papel sa pag-unlad ng mga ideya tungkol sa kahusayan sa komunikasyon: 1) ang microlinguistic at 2) macrolinguistic. Ang microlinguistic ang pinakabuod na istruktura ng wika habang ang macrolinguistic ay tungkol sa sikolohikal at sosyal na aspeto na may kaugnayan sa gamit pangkomunikasyon ng wika bilang pamamaraan ng sosyal na interaksyon.

Sa pagtuturo ng wika dapat bigyang diin ang humanismo. Ang pokus ay dapat nasa indibiduwal na estudyante upang mabigyan siya ng pagkakataong umunlad nang ganap. Malaya siyang sumagot sa paraang inaakala niyang natural at mabisa at dapat igalang ito ng guro. Hayaang magsalita ng magsalita hanggang matamo ang kahusayan sa komunikasyon.

Pansinin na hindi tuloy-tuloy ang daloy ng pangungusap e.g. *Kasi pag ano, pag sinasabing pag IDS parang matalino, mga ganyan tapos 'yun (iyon), gusto ko*. Ang paggamit ng *kasi at pag- ano* – ay nagbibigay katuwiran sa pagiging estudyante ng IDS na kinikilalang matalino subalit sa paggamit naman ng salitang *parang matalino* – maaaring ginamit ng nagsasalita ang salitang *parang* para hindi naman magtunog mula sa nagsasalita ng conceited o nagmamalaki, sa paggamit ng salitang *mga ganyan* maaaring ibinabatay niya sa mga sinasabi ng ibang tao, *na ang mga IDS talaga ay matatalino!* at sa pagbibigay panapos sa kaniyang pahayag gumamit ng salitang *tapos*. Ayon kay Resuma (2002), ang salitang *tapos* ay pang-ugnay na naghuhudyat ng pagdaragdag ng mga puntong pinag-uusapan gayon din

ang pag-iisa-isa ng mga impormasyon. Siya na nagpapahayag ay may dangal na makasama rin sa ipinagmamalaking mga IDS na estudyante sa husay at galing.

Pansinin ang paggamit ng *po* ng mga respondent sa pahayag. Hindi katutubo sa maraming rehiyong di-Tagalog ang paggamit ng *po* at *opo* bilang hudyat ng paggalang (Resuma, 2002).

Pansinin na gumamit ng *yung*, *yun*, *nung*, *dun* na ayon kay Resuma ay mga demonstratibong panghalip. Ito ay panghalili sa tinutukoy na nominal na maaaring pangngalan o kaya'y pariralang pangngalan. Kabilang dito ang mga personal at demonstratibong panghalip.

May mga katagang ginamit rin ang respondent e.g. *gen*, na tumutukoy sa pinaikling Ingles na salitang *generation* ibig sabihin kapwa niya o kahenerasyon niya ang mga taga IDS. Ang ekspresyon na *um* bilang pamalit kapag naubusan ang tagapagsalita ng sasabihin. Ang katagang *ok* na ayon kay Resuma (2002) na ang mga variant ng *okey*, *ok*, at *k* ay nakapaloob sa kulturang Pilipino sa pakikipagkomunikasyon sa kapwa, bukod sa panghalili sa pangmaramihang pangalan kasama ang kayo, sila, ninyo, nila atbp. ito ay ginagamit bilang hudyat ng paggalang sa kausap na nakatatanda o sa di gasinong kakilala. Ang *okey* o pinaikling malaking *O at K*, *OK*, *at K*, ay halimbawa ng pagbibigay paumanhin sa impormal na paraan o pagsang-ayon sa sinabi e.g. *okey/ayos lang. wala yon*.

KONTEKSTO 5:

Sitwasyon 5	
Tagapanayam	Sa Maynila, sa UP? Ok, so dapat eh pag-igihan nyo talaga yung inyong pag-iskwela, kasi kailangan natin mga Muslim, ano mang propesyon maging teacher, engineer, doktora, kailangan natin sila, na kailangan namin kayo diba. So, ano pa ba ang itatanong ko, bale ang inyong, ano ba ang ginagamit na wika sa inyong bahay?
Mbabae	Meranaw Mam
Tagapanayam	Meranaw? (Tinuro ang isang estudyante) Ikaw? Pero, ang intonasyon n'yo eh parang hindi na, ano? No? Meranaw din sa inyo? Tagalog? Bakit Tagalog? Kasi galing ang mama mo o tumira kayo sa Maynila
Mbabae	Ah, hindi po, pero ang <i>choice</i> ng papa o ng pamilya ko na <i>Tagalog</i> lang bago <i>Meranaw</i> .
Tagapanayam	Ah sige, Ok, kayo? Ikaw kuya?
Mlalaki	<i>Bisaya po.</i>
Tagapanayam	Bisaya. So mga ilang taon na kayo dito nainirahan?
Mbabae	3 years Mam
Tagapanayam	3 years ka? So ibig sabihin nag-transfer ka?
Mbabae	Yes Mam <i>bale</i> taga Cagayan de Oro <i>po</i> ako.
Tagapanayam	Ikaw since birth? Ikaw 10 years na? Ikaw?
Mlalaki	9 years
Tagapanayam	Ok, 9. Maraming salamat sa inyo ha, sa pagpapaunlak. Pero isa na lang pwede tayo magpicture?

PAGSUSURI 5: Pansinin ang *code switching*, sa unang pahayag ay nasa wikang Filipino sumunod ay sa wikang Ingles at sa wikang Filipino na muli. Sa ibang sagot sa mga tanong, Ingles rin ang ginamit na wika e.g. Tanong: *So mga ilang taon na kayo dito naninirahan?* Sagot: *3 years Mam.* Tanong: *So ibig sabihin nag-transfer ka?* Sagot: *Yes Mam, bale taga Cagayan de Oro po ako.*

Ginamit uli sa pahayag ang ekspresyong *Ah*, ang *ok*, ang pagsagot ng *po*. Naibigay na sa naunang pagsusuri ang mga kasagutan.

KONTEKSTO 6:

Sitwasyon 6**St. Peter's College**

- Guro Ok, ano ang ibig sabihin noon? (tumawa ng mag-aaral) Faith
- Faith **Yung** (iyon) (hehehe) kwento po, umiikot lang sa mga tauhan, *then* diba may bida po **don** (doon) na **meron** (mayroon) siyang katangian na (mahina ang boses) siya lang ang
- Guro Sino yon?
- Faith **Yung** (iyon) *ano*, **yung** (iyon) lalaking buffalo
- Guro Oo tapos, dagdagan pa. Ano pa ang masasabi mo?
- Faith Ano pa Mam, **yung** (iyon) dalawang buffalo na napakagaling niyang magpana, magaling siyang mangaso *yun yung* naiiba niyang katangian
- Guro (tumawag pa ng isang mag-aaral) Aquiles, may maidadagdag ka pa tungkol sa Teoryang Eksistensyalismo ayon sa pagkakaunawa? Yes Roy. Oy, ang iingay ninyo! (sinaway ang mga mag-aaral)
- Roy Mam, sa teoryang ito, nakasaad na kong__
- Guro Ok. Next Billy, ayon sa iyong pagkakaintindi ano ang Teoryang Eksistensyalismo? Billy!
- Billy (hindi sumagot)
- Guro (tumawag uli ng estudyante) Moksir! Sa iyong pagkakaintindi, ha? Tumayo! Ano pa
- Moksir *Parang kuan* (kuwan) Mam ba? (hindi marinig)
- Ms. Cali Pagpapakahulugan ng ta:la' (tala, mabilis ang bigkas sa halip na mabagal), paano

binabasa-mabilis ang bigkas ng guro), katulad rin yan sa panonood ng pelikula, 'no? Wala sigurong manunuod ng pelikula ng wala lang (ang ibig sabihin ay ang bawat manonood ay pilit na inuunawa ang bawat sinasabi/ginagawa sa pelikula) talaga namang iniintindi natin kung ano ang punto kung ano yung nangyayari, kung ano ang nangyayari doon sa pelikula, 'no? Siya siguro galit *gakatawa ta diri tanan pero siya wala ra* (tumatawa tayo dito lahat pero wala lang) *basin wala pala siya kasabot* (pero hindi pala niya naiintindihan), *ato no*(diba ganyan)? O hindi kaya tayo'y nalulungkot dahil doon ah ____ sa nag-a acting, nalulungkot siya, umiiyak siya, dahil namatay ang (may sumabat na lalaking mag-aaral, kaniyang actor, pusa!) ang ama o ina, siguro tayo minsan din ay naiiyak, 'no? Kasi nga naiintindihan nating yung pinapanood natin. Yung iba siguro wala lang kasi, ok nakikita niya pero yung utak niya hindi nakaka-*relate* kasi nga hindi niya (sumabat ang babaeng mag-aaral, hindi nakaka-*relate*!) inuunawa ano man iyong nakikita niya sa napapanood niya. Katulad din yan sa pagbabasa mayrong mga mag-aaral na nagbabasa na walang kaakibat na pag-unawa, tama? Wala?

Mbabae

Meron (*mayroon*)!

Guro

Tama diba? Pero may iba na ok inuunawa. Yes. Kapag ikaw ay nagbabasa, agad mo bang nauunawaan ang mga talata na iyong binabasa, ha, tumayo ha? Agad mo ba itong mauunawaan? Lalakasan ang boses! Ok dahil daw ilang parte lamang ang kaniyang binabasa, pero kapag lahat daw nagustuhan niya lahat niya ito babasahin, tatapusin, nagugustuhan niya at mauunawan niya imposible naman siguro hindi siguro talaga niya maintindihan kasi ilan lamang sa mga talata niya marunong magtanong pero may mga mag-aaral din may mga taong ganon ang pagbabasa, katulad ng pagbabasa, katulad ng pagababasa sa mga kwento, ano nga ba yung mga ____ (maingay masyado ang mga mag-aaral)

Tatao	(binabasa) Pagtukoy sa mga detalye, tinutukoy dito ang mga tauhan, lugar, at panahon kung saan at kailan naganap ang mga pahayag at iniisip ng mga tauhan ang takbo ng pangyayari at ang wakas.
Guro	Nagtukoy sa mga detalye. Binibigyan pansin natin dito yung mga lugar, tauhan
Mag-aaral	(chorus) Lugar! Panahon! Pahayag at mga tauhan
Guro	Yaon ang mga element, mga kaisipan, mali mga kaisipan (<i>kaisipan</i> , tonong Meranaw). Mahalaga ang nakapaloob na <i>kaisipan</i> na nais ipabatid ng may akdang pampanitikan (nagbabasa, tumatawa ang nakikinig sa tono ng pagbabasa) sa mga mambabasa o nanonood na makapagdudulot ng mabuting aral. Mga kaisipan yon sa mahalagang ginagampanan ng mga pagpapakahulugan sa talata o di kaya'y ah.. mga binabasa natin (maririnig ang background na maingay at nagtatawan na mag-aaral na babae) maikling kwento (ang mga mag-aaral ay nakikipag-usap sa katabi sa wikang Meranaw), mga tula, mga kaisipan. Ano ang aral na napulot natin doon sa ating maikling kwento (may background na patuloy na nag-uusap ang mga mag-aaral na babae sa klasmeyt sa Meranaw habang nakikinig sa guro) ah? So, ano ang kaisipan?
Mbabae	(sumabat) Kaisipan! Naiinitindihan mo
Guro	Ok, naiintindihan mo.
Mlalaki	Yung (<i>iyon</i>) nasa utak!
Guro	Nasa utak
Mbabae	Nais ipabatid ng akda! (medyo malakas ang pagsagot)
Guro	Ok, sa kaisipan?
Mbabae	Kaisipan,
Mlalaki	<i>Kaisipan, naiplano mo</i>
Guro	Ok, yung (<i>iyon</i>) aral na nakuha natin doon sa pelikula o di kaya yon ang tinatawag nating tema, Usman –tinawag-sumagot, very good! Dahil, kai kapag nanonood tayo, kahit bumasa (buma-sa) tayo ng mga maikling kwento mayroon talagang aral yon (<i>iyon</i>) at yon ay maaari nating magamit no? batay doon sa pinanood o binasa nating kwento. Ok, sa pagtatala (mabagal ang basa, pag-ta-ta-la) ng mga impormasyon kailangang pasama-samahin ang magkakaugnay na diwa. Mahalaga ring wasto ang mga datos na nakalap may nakaakibat na bilang at pagdadahilan so isa sa mga paraan ng buong pagpapakahulugan sa pagtatala ay ang paggamit ng puwang o talahanyan no. Ano ang layunin ng paggamit ng tsart o grap sa (masyadong maingay ang mga mag-aaral, nagdadaldalan) pagtala ng mga datos?

KONTEKSTO 7

Sitwasyon 7

Iligan Capitol College

Mbabae Sinagip siya ng espiritu ng karagatan at panalaki siya ni Rami *or* ni Tamar Norkiperami upang palakihin **nung** (*noong*) may tamang pag-iisip na mat nagtanong (may nagsasalita sa bisaya) asa siya gipakuan sa ilalum sa dagat (saan siya sa ilalim ng dagat)? Nung may tamang pag-iisip na si Mawi ay bumalik siya sa kaniyang tahanan ngunit pinalayas siya ng kaniyang ina dahil hindi siya nakilala, **nung** (*noong*) inisa isahan ni Mawi **yung** (*iyon*) pangalan ng kaniyang kapatid at lahat na sila ay nakilala rin (masyadong maingay ang mga mag-aaral habang nag-uulat).

PAGSUSURI 7: Bagaman iba't ibang paaralan, pareho lamang ang mga salita ang nakitang ginagamit ng mga respondent na mag-aaral. Ang katagang *or* sa Ingles at ang salitang *nung* (*noong*), napansin rin ang *code switching*. Sa wikang Filipino unang nagpahayag ang mag-aaral at siningitan ng wikang Bisaya o *code switching* e.g. *may tamang pag-iisip siya*. Naipaliwanag na ang salitang *nung* (*noon*) sa teksto bilang sitwasyong 4.

KONTEKSTO 8:

Sitwasyon 8**Iligan Capitol College Iligan City**3rd year at 4th year

Tagapanayam Janipa kamusta ka na?

Janipa **Ok**

Tagapanayam Mabuti?

Janipa **K**

Tagapanayam Kamusta ang pag-aaral mo dito?

Janipa **K** lang, mabuti

Tagapanayam Ok lang. Kamusta ba ang high school?

Janipa **Ok ra** (bisaya)

Tagapanayam Matagal ka na ba dito sa Iligan nakatira?

Janipa **Opo**

Tagapanayam Mga ilang taon? (tumatawa ang mga nakikinig) Mga ilang taon kana dito sa Iligan?

Janipa Mga 12

Tagapanayam 12 years?

Janipa: **Yeah**

PAGSUSURI 8: Makikita ang madalas na paggamit ng mga katagang *okey*, *ok*, *K*. Ang mga katagang ito ay nakapaloob na sa kulturang Pilipino sa pakikipag komunikasyon sa kapwa, bukod sa panghalili sa pangmaramihang pangngalan kasama ang *kayo*, *silá*, *ninyo*, *nila* at *inyo* bilang hudyat ng paggalang sa kausap na nakatatanda o di gasinong kakilala. Ang *Okey* pinaikling *OK* at *K*, ay halimbawa ng pagbibigay paumanhin sa impormal na paraan.

KONTEKSTO 9

Sitwasyon 9

Tagapanayam	Kamusta naman ang ano, ang Iligan City? Dito ka na lumaki? Dito ka na pinanganak ha? Kamusta naman ang paligid? Ha? Kamusta ang paligid?
Janipa	Magulo
Tagapanayam	Ha? Anong magulo? Bakit magulo? Maraming tao?
Janipa	Yes! Maingay!
Tagapanayam	Ano? Saan ang maingay? Dito sa school?
Janipa	Sa labas
Tagapanayam	Sa labas, ah pero pag nagkaklase? Hindi naman?
Janipa	Minsan maingay din sa labas
Tagapanayam	Ano naman ang plano mo, pag ano gradweyt?
Janipa	<i>Hmmm.</i>
Tagapanayam	Anong gusto mong kunin paglaki mo? Or pag college ka na?
Janipa	<i>Nursing!</i>
Tagapanayam	Nursing, masaya ba maging high school?
Janipa	Yes
Tagapanayam	Ha?
Janipa	Oo
Tagapanayam	Bakit? Ha?
Janipa	<i>Hmm.. Friends ay, kaibigan, tas bondings yon (iyon)</i>
Mlalaki	(sumabat) mga kasintahan
Tagapanayam	Nandito ba ang parents mo? Sila?
Janipa	Wala?
Tagapanayam	Nasaan sila? Abroad?
Janipa	Sa province
Tagapanayam	Nasa province, saang province?
Janipa:	Sa Rmain

PAGSUSURI 9: Litaw rin ang *code switching* mula sa wikang Ingles e.g. *Yes! Maingay; Nursing, Friends ay, kaibigan, ta's bondings sa province.*

Ito ay napansin rin ng tagapanayam kahit pa makipag-usap sa mga mag-aaral sa klase. May halong wikang Ingles ang kanilang isinagot e.g. *Mam bibili po ako ng rice; uuwi po kami sa province.* Katulad rin sa isinagot ng mga respondent na may *code switching* palagi sa loob ng pangungusap.

Ang ayos ng pangungusap ay nasa karaniwang ayos e.g. *Minsan maingay din sa labas.*

Ang pahayag, ... ba *ta's bonding*, ito'y mula sa salitang *tapos bondings* na pinaikli, ang ekspresyon na *Hmm*, bilang pagpupuno sa nais na ipahayag subalit walang maisip o walang berbal na masabi. Ang ibang salita katulad ng *yon (iyon)* ay naitalakay na sa naunang mga sitwasyon.

KONTEKSTO 10

Sitwasyon 10

Tagapanayam Marawi, lalo na kapag February pag ganito diba nag pa fog. Ok. Ano naman ang ginagamit mong wika sa inyong bahay?

Alaysah Meranaw

Tagapanayam Meranaw lang? Wala ng iba?

Alaysah Minsan tagalog (tonong Meranaw taga-log –mabilis) *pero common kaayo*

Tagapanayam Oo, ok so nanonood ka ba ng mga ano, panoorin na pang Meranaw?

Alaysah Hindi! (tumatawa) *Never!*

Tagapanayam Wala kahit isang beses? E, yung nakikinig, halimbawa sa radyo, diba minsan may tinatawag na parang kumakanta, anong tawag dyan?

Alaysah Bayok. O, bayok. Kambayok

Tagapanayam Wala?

Alaysah Wala (tumatawa)

PAGSUSURI 10: Pansinin ang pagpapalit ng tono sa salitang [taga:log] na malumay na binigkas ng mabilis ng respondent [Tagalog] at pagcocode switching mula sa wikang Filipino patungong Ingles at wikang Bisaya, e.g. *pero common kaayo* (o ang ibig sabihin ay *pero komon na 'yan masyado*), ang salitang Ingles na *never*, sa tanong na *nanonood ba ang respondent ng mga palabas na Meranaw – hindi* ang kaniyang tugon – sa wikang Ingles na may pagka-sosyal ang *never*.

Pansinin muling ginamit ang *gap-filler* na *kuan (kuwan)* at ang salitang *tagalog-* na binigkas na [*tagalog*] na sa halip na mabagal ay mabilis ang pagkakabigkas.

Pagpapatunay sa halimbawang situwasyon nagkakapalitan ang pagbigkas ang bigkas mabagal ay nagiging bigkas na mabils sa Meranaw.

Sa gramatika, tumutukoy sa punto ang kakaibang bigkas ng isang grupo ng mga tao. May natatangi ring *tono* ang ibang etnolinggwistikong pangkat ng mga Filipino. Tumutukoy sa tono ang paraan ng pagbigkas na maaaring malambing, pagalit o marahan (Resuma 2004).

Tagapanayam	Ano ang gusto mo paglaki mo?
Alaysah	Gusto ko sana doktor.
Tagapanayam	Ah gusto mo doktor, ok, si ano? Sino si Fairuz, ikaw? Hello Fairuz.
Fairuz	Hello po
Tagapanayam	Kamusta ka?
Fairuz	Ok lang
Tagapanayam	kamusta naman ang high school?
Fairuz	Okey
Tagapanayam	masaya?
Fairuz	Oo, lalo na kapag may barkada
Tagapanayam	Oo, pinakamasaya talaga ang high school diba. Dito ka rin ba nag-elementary?
Fairuz	Opo
Tagapanayam	Ah, sa bahay, anong wika ang ginagamit niyo?
Fairuz	Remix
Tagapanayam	Remix? Bakit ang mama mo is Meranaw din?
Fairuz	Meranaw, tapos yung (iyon) papa ko Tausug.

PAGSUSURI 10: Gumamit ng mga salitang *Hello*, *Ok lang*, *Opo* at *Remix* sa sagot ng respondent sa tanong na: *Anong wika ang ginagamit mo?* Sinagot ay: *Ah, pag si Mama na [Bisaya]. Meranaw, then si Papa English, Tagalog para masanay kami.*

Kung susuriin ang paggamit ng respondent ng katagang *na* at sinundan ng salitang [Bisaya] nagpapakilala ito na ang tono sa pagpapahayag ay sa likas na tono ng isang Meranaw, sapagkat palaging may katagang *na* o ekspresyong *na* na ang wikang Meranaw halimbawa, *Nagtapos na ko sa report*.

Nabago rin ang bigkas ng salitang *Bisaya* na binigkas ng mabilis [*Bisaya'*] sa halip na mabagal [*Bisa:ya'*] at gayon rin ang salitang *Tagalog* na ang tamang bigkas ay malumay o mabagal ngunit binibigkas ng isang Meranaw na mabilis [*taga:log*] - [*tagalog*].

Tagapanayam	Sige salamat. Si ano naman si Amelodin.
Amelodin	Mabuti naman
Tagapanayam	Mabuti naman? Oo nga mukhang mabuting mabuti ang mukha mo. Ano, saan ka pinanganak?
Amelodin	Dito lang
Tagapanayam	Dito? Sa Iligan?
Amelodin	Oo
Tagapanayam	Meron kang province?
Amelodin	Merón (<i>mayroon</i>), isa lang kamu (tinuro si Fairuz)
Tagapanayam	Oo, ah, saan yon? Saan nga?
Amelodin	Bayang
Tagapanayam	Ah, sa Bayang!
Amelodin	Sa Bayang
Tagapanayam	Sa bahay nyo, anong wika ang ginagamit mo?
Amelodin	Flip top! Flip top!
Tagapanayam	Anong lip top? Anong ibig sabihin ng lip top?

PAGSUSURI 10: Pansinin na ginamit uli ang salitang *meron* (*mayroon*) at mula sa wikang Filipino *nagcode switch* sa wikang Ingles; *lip top! lip top: lip top battle*.

Ang salitang *meron* (*mayroon*) katulad sa naunang pagsusuri bilang 4 ay ginagamit sa mga pangungusap na walang tiyak na paksang pinag-uusapan nasa uri ito ng mga

eksistensyal o naghahayag ng isteytment na *pagkamayroon* o *wala* (Resuma 2004). Subalit kung susuriin sa konteksto ng pag-uusap mismo e.g. (*Mayroon*)/*Meron kang province?* At sumagot ang kapanayam na *meron*.

Ayon sa nabanggit na tugon sa pagsusuri (Konteksto 4), sa pagtuturo ng wika (Cubar at Cubar 1994), dapat bigyang diin ang humanismo. Ang pokus ay dapat nasa indibiduwal na estudyante upang mabigyan siya ng pagkakataong umunlad nang ganap. Malaya siyang sumagot sa paraang inaakala niyang natural at mabisa at dapat igalang ito ng guro. Ang pagbigkas ay di gaanong dapat bigyang pansin, maliban lamang kung talagang naiiba ang kahulugan ng salita, katulad ng: *aso* (dog) vs. *aso* (smoke).

Ayon sa napagtanungan kong mag-aaral ang *lip top battle* ay parang “balagtasang daw” o kung kukunin ang kahulugan sa konteksto ng pag-uusap ng tagapanayam at kinakapanayam e.g. Anong *lip top* sagot ng kapanayam: Tagalog ang tinutukoy niyang *lip top butter*. Pagpapatuloy pa sa panayam: Tanong ng tagapanayam: *Sino ang Tagalog sa inyo?* Sagot: *Walang Tagalog sa amin*, Tanong ulit ng Tagapanayam: *Bakit Tagalog ang gamit ninyo?* Sagot: *Kasi mas nagkakaintindihan kami*. Ayon sa pinakakonteksto ng usapan na Tagalog ang gamit nila sa kanilang tahanan dahil sa wikang ito mas nagkakaintindihan ang gumagamit nito.

Konteksto 11

Sitwasyon 11

Tagapanayam: Ano ang probinsya mo?

Abubacar: Sa Taraca, Mam!

Tagapanayam: Sa Taraca, nakarating na ako sa Taraca, malayo 'no? Malayo? So ang pamilya mo dito nakatira?

Abubacar: Kami lang Mam, ang **side** sa **akong** (aking) mama **diri man** (dito lang)

Tagapanayam: Ang Filipino subject gusto mo?

Abubacar: Minsan, *usahay man gud* (minsan kasi) Mam *lalum kaayo* (malalim masyado) ang Filipino, *di ko kasabot* (hindi ko maintindihan).

Tagapanayam: Ah ganon, malalim yung ano hmm... pero diba ang mga Meranaw, mahusay sa Filipino/sa Tagalog

Abubacar: Kapag *istorya* Mam

Tagapanayam: Oo, ah kapag yung usapan, pero kapag yung sa klase, iba ba yung sa klase? Bakit may mga salitang, ah malalim.

Abubacar: Malalim.

Tagapanayam: Oh halimbawa yung mga simile pagtutulad yung mga ganon, ha? Ilang subjects ba meron kayo sa ano?

Abubacar: Walo?

Tagapanayam: Ah, kahit hindi pa kayo K-12, walo ang subjects nyo?

Mag-aaral: (sabay-sabay sumagot) *Opo*, Mam

Tagapanayam: So whole day kayo? *Half day* lang?

Abubacar: *Half day* lang, *one hour and 20 minutes*.

Tagapanayam: *Half day* lang tapos sa TTH tig dadalawang oras?. Anong gusto mong kurso?

Abubacar: Crim po (Criminology ibig sabihin)

Tagapanayam: Ah, criminology, oo nga pala no, nasabi mo na, e di huhulihin mo ang mga masasama (background nagtawanan)

Abubacar:	<i>Bloodline</i> Mam <i>gud</i> naming Mam
Tagapanayam:	Ah, asan siya ngayon, yung mga relatives mo na pulis
Abubacar:	Nasa Malabang
Tagapanayam:	Pure ka ba talaga na Meranaw?
Abubacar:	Oo Mam
Tagapanayam:	So sino yung mga kamag-anak mo? Ano mga apelyido?
Abubacar:	<i>Daghan</i> Mam
Tagapanayam:	Daghan, marami kayo kasagaran talaga, marami no? Kaya nga ang maganda sa Meranaw ang pagkakamag-anakan talaga, diba? Kapag may sakit diba? Nagpupunta sila, nagtutulong-tulungan. Bibisita yan
Abubacar:	Yes Mam, nagtutulungan.
Tagapanayam:	So salamat. Si Janah? Hello Janah! Parang Ms. Iligan si Janah! Mistisa ka ba?
Janah:	<i>Unsay</i> (anong ibig sabihin ng) mistisa?

PAGSUSURI 11: Wikang Filipino pa rin ang ginamit ng respondent at *nagcode switching* sa wikang Ingles at sumunod ang wikang Bisaya e.g. *Kami lang Mam, ang side sa akong (aking) Mama diri man (dito lang/dito rin)* at *nagcode switching* muli sa wikang Ingles. e.g. *Half day lang, one hour and twenty minutes.*

Ayon kay Ferguson (1971) *code switching* ang tawag sa *diglossic* na situwasyon kung saan may wikang mas tanyag na *High* at ang hindi tanyag ay tinatawag na *Low*. Sinabi ni

Ferguson na ang pagkatanyag ng wika ay naaabot kung ito ay ginagamit na wikang pangkomunikasyon sa pamahalaan, paaralan at media.

Sa perspektibo ng pagkatuto ng wika, ang ibang lingguwist na ang *code switching* ay pagpapakilala ng kakulangan ng kasanayan sa isa o parehong wika ang gamit.

Pansinin na may *code switching* na ginamit, ang salitang *bloodline*, man gud *namin Mam*; sa kabuuan ng pangungusap, ang paggamit ng salitang *man* at *gud* o ang ibig sabihin (nananalaytay sa dugo ang *Criminology* na propesyon o maraming *Criminology* ang natapos sa kanilang angkan). Mapapansin na hanggang sa huling sinagot ay salitan ng wikang Filipino at wikang Bisaya.

Ang istruktura ng mga pangungusap ay nasa *karaniwang ayos*, e.g. *Nasa Malabang ; Yes Mam, nagtutulungan; Unsay mestisa?*

Konteksto12

Sitwasyon 12

Janah	Sa <i>una pa</i> Mam, kay kuan (<i>kuwan</i>), ay pwede mag-Visaya?
Tagapanayam	Oo
Janah	Sa <i>una pa</i> Mam kay gusto ko magkuha ng Tourism kay kuan (<i>kuwan</i>) ganahan <i>gyod ko</i> (<i>gusto ko talaga</i>) kay <i>ganahan ko</i> (<i>gusto ko</i>) mag stewardess pero usahay (minsan) kay <i>dili</i> (<i>hindi</i>) <i>gyud</i> (<i>huwag daw</i>) kay naay nag ingon (kasi may nagsasabi) <i>dili gyud</i> (<i>hindi daw</i>) pwede <i>kay daot kog ngipon</i> (<i>sira ang ngipin ko</i>) <i>dayon imong mata daot</i> (<i>pati ang mata ko sira rin</i>) <i>pod so ana</i> sila (<i>ang sabi nila</i>).
Tagapanayam	Sino may sabin..
Janah	<i>Ana akong teacher</i> (<i>sabi ng aking teacher</i>), <i>teacher diri</i> (<i>dito</i>) sa City High. <i>Katong stewardess pod</i> ang anak (<i>stewardess din daw ang kaniyang anak</i>) <i>dili daw</i> pwede <i>daot</i> ang ngipin (<i>hindi daw pwedeng sira ang ngipin</i>) <i>mata pod</i> mag.
Tagapanayam	Ah
Janah	<i>Usahay</i> (<i>minsan</i>), <i>ganahan pud</i> ko mag- reporter (<i>gusto ko rin mag-reporter</i>), <i>ing ana</i> (<i>ganoon dayon karon</i> (<i>tapos ngayon</i>)) <i>kay wala man pod nako nakita na didto</i> (<i>hindi ko naman nakita</i>) sa SASE, then akong papa (<i>tapos ang papa ko</i>) gusto niya magkuha ko kuan (<i>kuwan</i>) Political Science <i>ana sya</i> (<i>sabi niya</i>), <i>dili pod ko ganahan</i> (<i>hindi ko rin gusto</i>) <i>kay never man ko nagdream ug</i> (<i>hindi ko naman pinangarap na</i>) mag lawyer ko. Then <i>hangtud karon</i> (<i>kaya hanggang ngayon</i>) <i>ay akong</i> (<i>aking</i>) mama gusto niya kay (<i>mag</i>) AB English <i>ana kay</i> (<i>para makapagtrabaho ako nga</i>) sa call center <i>lagi pero dili pud ko</i> (<i>pero hindi ko rin</i>) gusto.
Tagapanayam	Ah oo.
Janah	So, di nalang ko <i>mueskwela</i> (<i>mag-aaral</i>) (<i>tawanan</i>) <i>so, karon kay kuan</i> (<i>kuwan</i>) <i>wala gihapon ko kabalo</i> (<i>hindi ko pa rin alam</i>) <i>lisod kayo</i> (<i>mahirap masyado</i>). <i>Wala pud ko kabalo, di pod ko wala kabalo</i> (<i>hindi ko rin alam</i>) <i>magdrawing ing ana</i> (<i>hindi ko rin alam</i>) <i>pa ko ka decide</i> (<i>hindi pa rin ako maka-decide</i>), still discovering.
Tagapanayam	Mag-eskwela ka talaga? So kung ano talaga ang hilig mo, gusto mo. Pero ngayon almost hindi naman ganon kahigpit ang flight stewardess, even nga sa height nila eh hindi na masyadong mataas.
Janah	Ta's <i>wala man diri</i> Mam, <i>hmm diri</i> (<i>dito</i>) nalang ko mag eskwela
Tagapanayam	Pero parang may iba, ewan ko lang parang yung iba, ano tawag diba, siguro kapag may mga seminar seminar. Attend nalang kayo doon para meron kayong dagdag na kaalaman. So anonng gamit niyong wika sa inyong bahay?

Janah	(mahinhin, tonong Visaya magsalita) kuan (kuwan) Mam, naga Visaya Mam mi (Mam nagbibisaya rin kami), pero basta kay akong mga kauban sa balay (ang aking mga kasama sa bahay) mga side sa akong mama mga Christian man (mga side ng aking mama mga Christian din), pero kabalo pud (marunong din), tu (yon) sila mag minuslim kay (kasi) sa Malabang man kasagaran nandagku (kadalasan rin silang lumakli) akong lola pud kay mura na (ang aking lola para na rin) syang Muslim akong mama sa akong mama maayo siya (ang aking mama mahusay rin siyang) magmuslim kay naa man siya sa Malabang (kasi nasa malabang siya) then akong papa kay usahay ginaistoryahan ko niya ug kuan (tapos minsan ang aking papa kinakausap niya ako ng) Meranaw.
Tagapanayam	Pero marunong ka mag Meranaw?
Janah	Usahay (minsan) lang Mam, Awkward man Mam
Tagapanayam	Assalam Walaikom?
Janah	Le (he), ing ana man ko basta mo abot (ganyan ang bati ko pag dumarating ako), ah naa man koy amiga meron akong kaibigan) na nagMeranaw ko kay kasabot siya nako(kasi nakakaintindi siya sa akin), kay ang uban (kasi ang iba) basta magminuslim ko, ila kong kataw-an na (tinatawanan nila ako), nagtawa, ok

PAGSUSURI 12: Pansinin ang pahayag ng respondent sa pangungusap, bagama't siya ay Meranaw mas ginagamit niya ang wikang Bisaya. Sa bandang hulihan e.g. *Basta magminuslim ko* (*Basta magsalita ako gamit ang wika naming Meranaw / tinawag niya minuslim*), *ila kong kataw-an* (*pinagtatawanan nila ako*).

Sa mas naunang pahayag ng respondent na *awkward* siya pakinggan kapag nagsasalita siya ng Meranaw o mas *fluent* siya pakinggan kapag Bisaya ang ginagamit niyang wika. Pansinin ang salitang ginamit na *minuslim* – sa paglalapi ang salitang-ugat ay *muslim* at siningit ang gitlaping *-in-* sa salita upang magpahayag ng diwang pangkasalukuyan ang gamit.

Maylapi ang anyo ng pandiwa kapag binubuo ito ng salitang-ugat at panlaping maaaring ilagay sa unahan o hulihan ng salitang-ugat. Dahil sa panlaping nag-uuri, nagkakaroon ng iba't ibang kahulugan ang pang-uri katulad ng *-in/-hin + salitang-ugat: Silanganin, kanluranin* (nangangahulugan ng pagtataglay ng katangiang inihuhudyat ng salitang-ugat).

Pansinin na gumamit ng *gap filler* ang respondent. Ayon kay Metin (2001) ang *kuan* (*kuwan*) bilang *gap filler* ay Spanish pronoun na (*cual*), nagsasaad ito ng *expression of indefiniteness*. Tinatawag rin itong *antics* o *peculiarity* na maaaring taglayin ng bawat wika.

Gayon din ang salitang *ganahan*; ang salitang-ugat nito ay *gana* na kinabitan sa hulihan ng hulaping *-han*; *nag-ingon* (*mayroong nagsabi*) ang salitang-ugat ay *ingon* na kinabitan ng unlaping *nag-* upang magpahayag ng diwang natapos na ang kilos na isinasaad ng pandiwa. Ang mga salitang-ugat ay mula sa wikang Bisaya subalit ginamitan ng respondent ang paraan ng paglalapi ng wikang Filipino.

Ayon sa pagsusuri, wasto ang mga panlaping ginamit batay sa mga aspekto ng pandiwang isinaad sa pangungusap.

Mapapansin rin na gumamit ang respondent ng mga salitang *teacher* at *stewardess* na pawang nasa Ingles subalit ang mga salitang ito naman ang talagang ginagamit na.

Sa pangalawang pahayag rin, pansinin ang panghalip na *akong* sa Bisaya na sa wikang Filipino ay *aking*. Lantad ang pagpapalit ng ponemang /i/ sa /o/. Madalas napagpapalit ng mga Bisaya ang /i/ at /e/ at ang /u/ at /o/. Ito ay may kaugnayan sa pagkakaroon nila ng tatlong vowel sounds lamang – ang /i/, /u/, at /a/. Ganoon din sa kaso ng *diri* (*dito*) na may pagpapalitan ng ponemang /i/ at /o/.

Nabanggit muli ang salitang *ganahan* na nasagot na sa unang pahayag. Ang *mag-reporter*; ang salitang-ugat ay *reporter* na inunlapan ng *-mag* upang ipahayag ang kasalukuyang aspekto ng pandiwa.

Makikita rin ang salitang *dayon* bilang ekspresyon ang pagkagamit o salitang ginagamit bilang pagpapatuloy sa pagpapahayag ng nagsasalita. Ang Ingles na salitang *then* na nagcode-switching na ang pagpapakahulugan ay katumbas rin ng salitang *dayon*. Pansinin muli ang *gap filler* na *kuan* (*kuwan*) na naipaliwanag na rin sa unang pahayag. Ang salitang *Political Science* ay angkop lang sa pagkakagamit, nabanggit muli ang salitang *ganahan* (natapos na ring ipaliwanag sa una ang kahulugan) at nagcode switching ang mga salitang *never* at *nagdream*.

Ang salitang *maglawyer* ay paglalapi; inunlapan nang *-mag* ang *lawyer* upang ipakita ang aspektong panghinaharap (sa sinundan nitong salitang pinangarap na). “*In many instances in Filipino, the prefixes characterize the membership of derived words; mag-, -um, mang- are major verbal affixes in active voice. Thus the Filipino is characterized by its wealth of affixes – nominal, verbal, adjectival, adverbial as the case may be* (Cubar at Cubar 1994).

Muli nagcode switching gamit ang salitang Ingles na *Then* ulit. Ang salitang *AB English* ay wasto ang pagkagamit. Ang *ana kay* kung susuriin sa konteksto, ito ay *pa-estilo*

(*idyolek*) na lamang ng nagsasalita ang pagkagamit. Ang salitang *makapagtrabaho* ay paglalapi sa salitang-ugat na *trabaho* na wasto naman dahil may salita *para* na nasa unahan ng pangungusap na kumakatawan sa aspektong panghinaharap. Tama naman ang pagkakagamit ng *call center* na salita. Samantala ang salitang *lagi* [*lagi*] ay isang ekspresyon sa wikang Bisaya.

Ang salitang *so* ay ekspresyon rin o *mannerism*; pansinin ang *mueskwela* (*mag-aaral*) nasa aspektong panghinaharap o ang kilos na isinasaad ng pandiwang eskwela ay gagawin o mangyayari pa – inunlapi ng *-mu*, ito ay sariling palagay impluwensiya ng *-um-* na panlapi sa wikang Filipino dahil walang *-um* na panlapi sa wikang Bisaya ang nangyayari ay nababaliktad ang *-um-*, *-mu* na isang katangian ng Cebuano-Filipino na hindi gumagamit ng panlaping *-um-* (Constantino 2012).

Nabanggit rin ang salitang *magdrawing* mula sa salitang-ugat na *drawing* at inunlapi ng *+mag*. Ang paningit na salitang *ing ana* (parang ganyan) o ito ay sariling estilo lang nang nagsasalita. Gumamit muli ng *code switching* na salitang *still discovering*.

Ang katagang *ta's* (mula sa salitang pinaikling *tapos* – bilang pagpapahayag o pagbibigay panapos sa mahaba habang pahayag.

Pansinin ang muling paggamit ng gap filler, *akong* – (*aking*) pagpapalitan ng /o/ sa /i/ *code switching* ang *side* sa *akong*.

Ang salitang *Christian* (tumutukoy sa mga kamag-anak na hindi Muslim). Ang salitang *minuslim* ay naipaliwanag na rin sa unahan. Ang salitang *nandagku* (tumutukoy sa Malabang na lugar sa Lanao del Sur kung saan doon lumaki ang kaniyang mga kamag-anak sa mama).

Tinutukoy ng kapanayam ang *lola* na para naring Muslim o Meranaw magsalita kasi nasa Malabang na nakatira kahit hindi ito Muslim.

Ang salitang *mag-muslim*, paglalapi; salitang-ugat –*muslim* at ikinabit ang panlaping magcode switching ng salitang *then*; gap filler na *kuan* code switching ng wikang Ingles na *awkward*. Ang salitang *ginaistoryahan* sa paglalapi ang salitang-ugat na *istorya*: ang unlaping *gina* at hulaping *han*. Ito ay impluwensiya ng paglalapi sa Filipino na inadap ng tagapagsalita. Mayroong hulaping *-han* subalit walang unlaping *gina-* sa Filipino. Maaaring –*in* ang gitlaping kinuha sa Filipino at ikinabit sa *g-ing* mula sa Bisaya. Nabubuo ang ibang abstraktong konsepto sa tulong ng panlapi na nagbibigay ng natatanging kahulugan sa pangngalan. *Ka- + salitang-ugat – an/han: kaguluhan, kapayapaan, kahirapan (kondisyon)* (Resuma 2002). Ang isang katangiang kapansin-pansin sa mga wika ay ang pagkakabit ng isa o higit pang apix sa istem na nagreresulta sa mga salitang magkakaiba ng kahulugan. Halimbawa sa Sebuwano, kapag nilagyan ng *gi-* ang *kaun* ang resulta ay *gikaun* na katumbas ng *kinain* at kung idaragdag ang *pa-* para maging *gipakaun*. Dito nagmula ang *ginaistoryahan*. (Paz, 1995).

Ang ayos ng pangungusap ay nasa karaniwang ayos, minsan ay nasa kabalikang ayos sapagkat nababanghay ang pagpapahayag sa pangungusap na lantad ang ay e.g. (*Nasa pang-apat na saknong sa pakikipanayam kay Jana*). *Then hangtud karon (kaya hanggang ngayon) ay akong (aking) mama gusto niya kay AB English ana kay (para) makapagtrabaho ako nga (na) sa call center lagi pero dili pud ko (pero hindi ko rin) gusto.*

4.3 Paglalarawan sa Varayti ng Filipino-Meranaw Batay sa Lawak ng Wika

Makikita sa bahaging ito ang paglalarawan ng lawak ng Varayti ng Filipino-Meranaw sa nakalap na datos ng mananaliksik sa mga respondent na Meranaw sa Lungsod Iligan.

4.3.1 Ponolohiya (Palatunugan)

Ang ponolohiya ay tumutukoy sa maagham na pag-aaral ng mga tunog o set ng mga tunog na bumubuo ng mga salita sa isang wika. Tumutukoy rin ito sa wastong pagbigkas ng mga tunog na tinatawag namang ponema. Ang ponema ang pinakamaliit na yunit ng makabuluhang tunog. Makabuluhan ang tunog ng bawat ponema sapagkat nakapagpapabago ng kahulugan ng salita kapag nabago ang isang ponema sa loob ng isang salita.

4.3.1.1 Pagpapalit ng ponema

Makikita sa mga konteksto ng situwasyon 2, 4 6 ang pagpapalit ng mga ponemang /o/ at /u/, /i/ at /e/, /e/ at /i/. Narito ang mga salitang nagkakaroon ng pagpapalitan:

Mga salita:

<i>diyes</i>	-	<i>dyes</i>
<i>doon</i>	-	<i>don, dun</i>
<i>iyon</i>	-	<i>yon, yung</i>
<i>kuwan</i>	-	<i>kuan</i>
<i>noon</i>	-	<i>nun, nung</i>
<i>mayroon</i>	-	<i>meron</i>

Ang ponemang /o/ ay nagiging /u/ sa mga halimbawang demonstratibong panghalip.

Sa kasong ito, ang impluwensiya ng unang wikang Meranaw wikang Bisaya sa tagapagsalita ang nakapagpapabago sa bigkas sa ponemang /o/ na naging /u/. Isang halimbawa ito ng *interference* ang pagbuo ng varayti ng wikang Filipino. Napagpapalit sa Meranaw at Bisaya ang /o/ at /u/ ito ay dahil sa tatlo lamang ang vowel sound mayroon ang Bisaya; ang /i/, /u/ at /a/.

4.3.1.2 Pagkakaltas ng ponema

Nagkaroon ng pagkakaltas ng ponema at may mga nahahaliling tunog sa halip. Makikita ito sa baba

diyes - *dyes* [nakaltas ang /i/]

doon - *dun* [nakaltas ang /o/ at napalitan ng /u/]

iyon - *yon, yung* [inalis ang /i/ at napalitan ng /u/ ang /o/]

kuwan - *kuan* [nakaltas ang /w/]

noon - *nun* [nakaltas ang /o/]

mayroon - *meron* [nakaltas ang /a/ at pinalitan ng /e/ at kinaltas ang isang /o/]

4.3.1.3 Pagbigkas

Makikita ang mga salitang naiiba ang bigkas sa Filipino at bigkas Meranaw. Narito ang mga halimbawa mula sa sitwasyon 6 at 10.

Ang mga salitang *bigkas mabagal* na may hinto o diin sa pantig ay nagiging *bigkas mabilis* na tuloy-tuloy sa Meranaw.

Halimbawa:

<u>Filipino</u>		<u>Meranaw</u>
[taga:log]	-	[tágalog]
[pagba:sa]	-	[págbasa]
[ta:laʼ]	-	[talaʼ]
[bisa:ya]	-	[bisayaʼ]

Ang mga salita sa Filipino na binibigkas nang mabagal ay nagiging mabilis. Nababago ang bagsak ng bigkas sa halip na nasa pangalawang penultima mula sa hulihan ng pantig, nagiging tuloy-tuloy at may diin sa unahan ng salita.

[tágalog] [págbasa] [talaʼ] [Bisayaʼ]

Ang mga salitang *bigkas mabilis* ay nagiging *bigkas mabagal*.

Halimbawa:

<u>Filipino</u>	<u>Meranaw</u>
[pababaʼ]	[pabu:baʼ]

Bukod sa nagkabaligtad ang bigkas ng mabilis nagiging malumay, pansinin na nabago ang ponemang [a] sa pangalawang pantig ng salita na naging /u/.

Napatunayan rin ito ni Manginsay (2011) sa kaniyang pag-aaral na ang bigkas mabilis ay naging mabagal. At may mga salitang bigkas mabagal ay naging mabilis.

4.3.2 Morpolohiya (Palabuuan)

Ang morpolohiya ay pag-aaral ng mga morpema at ang pagbubuo ng mga salita nito. May iba't ibang uri at anyo ng mga morpema na tulad ng mga ponema, ay may natatangi ring kaayusan o distribusyon upang bumuo ng iba't ibang uri ng salita sa wika.

Nasa ibaba ang mga pahayag na naiimpluwensiyahan ng pagbabago sa antas morpolohiya sa varayti ng Filipino-Meranaw.

Halimbawa:

naka- + pag-uulit ng *ka* + salitang-ugat na *relate* - *nakakarelate*

ma- + pag-uulit ng *ta* + salitang-ugat na *talino* - *matatalino*

mag- + pag-uulit ng *ka* + salitang-ugat na *kandidato* - *magkakandidato*

ini- + pag-uulit ng *i* + salitang-ugat na *idolo* - *iniidolo*

nagda- + pag-uulit ng *da* + salitang-ugat na *dalawa at isip* - *nagdadalawang-isip*

nag- + pag-uulit ng *a* + salitang-ugat na *aral* - *nag-aaral*

mag- + pag-uulit ng *do* + salitang-ugat na *doktor* - *magdodoktor*

nagka- + pag-uulit ng *ka* + salitang-ugat na *intindi* + *han* - *nagkakaintindihan*

nag- + pag-uulit ng *tu* + salitang-ugat na *tulong* + *an* - *nagtutulungan*

Sapagkat nasa uri ng paglalapi sa wikang Filipino ang pag-uulit sa unang pantig na *ka* upang ipakita ang kilos na isinasaad ng pandiwang *relate* ay gagawin pa lamang.

Ang salitang *magkakandidato* [*mag.ka:kan:dida:to*] ay ginamitan ng panlaping *mag* at inulit ang unang pantig na *mag-ka* mula sa salitang *kandidato* upang maipakita ang aspektong panghinaharap. Ang salitang *nagdadalawang-isip* [*nag.dadalawang:i:sip*]; o ang

kahulugan ay nagdududa, ito ay nasa aspektong pangkasalukuyan na mayroon ring pag-uulit sa unang pantig na *da* mula sa dalawa na ikinabit sa *nag* na nagpapakahulugan sa kilos na nasa kasalukuyan pa o ginagawa pa. Gayon rin sa magdo-doktor [*magdo.doktor*]. Ang salitang-ugat ay *doktor* – inulit ang *do* mula sa doktor at ikinabit sa unlaping *mag-* na nagpapahiwatig sa aspektong gagawin pa ang kilos. Ang sumunod ay ang salitang nagkakaintindihan; ang salitang-ugat ay *intindi*, may unlapi na *nagka* at hulaping *han* at inuulit ang pantig na *ka* upang ang maging diwa ay pangkasalukuyan. Ganoon rin sa kaso ng mga salitang matatalino, iniidolo at nag-aaral na makikita na may pag-uulit sa unang pantig ng salitang-ugat at ikinakabit sa panlapi upang maipahayag ang diwa ay nasa pangkasalukuyan.

Nasa ibaba naman ang halimbawa ng mga salitang naimpluwensiyahan ng paraan ng paglalapi sa wikang Filipino na kinuha mula sa situwasyon 1,4 at 7:

-in- + basa - binabasa

pinapa- + research - pinaparesearch

-um- + gradweyt - grumadweyt

pa- + -hin + laki - palakihin

pina- + layas - pinalayas

-in- + gusto - ginusto

-um- + balik - bumalik

Sa sumunod na mga halimbawang salita makikita ang unlaping ikinakabit sa salitang-ugat e.g. *binabasa* na nasa kasalukuyan ring aspekto ang isinasaad ng pandiwa. Ang salitang *grumadweyt* ay nasa aspektong pangnakaraan kaya ang gitlapi na *um* ay nasa gitna. Katulad

ng naunang mga salita ang bumalik ay mula sa salitang-ugat na *balik* at ang *um* ay isiningit sa gitna ng salita, ang aspekto ng pandiwa ay natapos na.

Mapapansin na mula sa wikang Filipino ang halimbawa ng paglalapi ng mga salita.

Mula sa konteksto ng situwasyon 12 ang mga salita:

mag- + lawyer	maglawyer	mag- + reporter	magreporter
mag- + kuha	- magkuha	mag- + dream	- magdream
mu- + iskwela	- muiskwela	-han + gana	- ganahan
nag- + -in- + muslim	- nagminuslim	nag- + ingon	- nag-ingon
nag- + meranaw	- nagmeranaw	ka- + -an + tawa	- kataw-an
in- + -han + istorya	- ginaistoryahan		

Mapapanin din ang mga salitang naimpluwensiyahan ng Filipino-Bisaya. Sapagkat makikita ang anyo ng paglalapi na gumagamit ng *mag-* na ginagamit sa paglalapi sa wikang Filipino at ang paraan ng paglalapi sa wikang Bisaya.

Sa pangatlong set ng mga halimbawa nakikita ang panlaping *mag* ang ginamit na ikinakabit sa salitang pangngalan; katulad ng salitang *mag-lawyer* (nangangahulugan na ang kursong *law* ang nais kunin ng mag-aaral). Ganon rin ang pattern ng pangalawang salita. Dahil sa walang panlaping '*um*' ang wikang Bisaya sa halip ay gumagamit ng panlaping *mag-* kaya ang salitang *magkuha* ay mula sa wikang Bisaya ayon sa tuntunin na pinakita ng salita. Ang salitang *nagdream* ay pareho lang ang pattern ng paglalapi – subalit ang *nag-* ay pangnagdaan ang diwang isinasaad. Samantala, ang mga salitang *muiskwela* at *nagminuslim* ay pareho ang pattern sa paglalapi ng salita nagkaiba lang ang panahon na isinasaad ng panlaping nakakabit sa unahan. Ang *nagminuslim* ay pangnagdaan samantalang ang

muiskwela ay gagawin pa ang kilos. Ang mga salitang *nagMeranaw* at *nag-ingon* ay parehong nasa aspektong nagdaan. Samantala ang salitang *kataw-an* at *ganahan* ay parehong nasa hulihan ang *-han* at *-an* na hulapi – subalit ang *kataw-an* ay nasa nagdaan ang kilos na sinasaad ng pandiwa at ang *ganahan* ay panghinaharap. Ang salitang *kataw-an* ay mula sa salitang Bisaya na ang salitang-ugat ay tawa rin subalit nababago ang bigkas nito kapag nahuhulapian ng *-an*. Ang bigkas ay nagiging [*kataw:an*]. Ang panghuli ay *nag-ingon*; nasa unahan ang panlaping *nag-* na nagpapahiwatig na ang kilos ay natapos na.

4.3.3 Sintaksis (Palaugnayan)/Pragmatiks

Ang sintaksis ay tumutukoy sa sistema sa pagsasama-sama o pag-uugnay-ugnay ng mga salita upang bumuo ng pangungusap. Tinatalakay rin dito ang iba't ibang balangkas ng mga batayang pangungusap sa Filipino. Paanong ang mga ito'y mapapalawak.

Makikita ang varayti ng Filipino-Meranaw sa pagbuo ng pangungusap sa papel na ito. Sa pamamagitan ng pagpapakita ng balangkas malalaman ang madalas na ayos at gamit ng pangungusap.

4.3.3.1 Paggamit ng *po* sa mga pangungusap. (mula sa situwasyon 1, 2 at 3).

Halimbawa:

Mabuti naman *po*.

Ako *po* si Romaila Ali, labing limang taong gulang ipinanganak noong April 21, 1998.

Ako nga *po* pala si Aminah Saidamen, 16 years old, gusto ko pagtapos ko maging isang guro at saka matulungan ang aking pamilya.

Ako nga pala si Jamera W. Mangorata, labing limang taong gulang, gusto ko *po* sana balang araw maging isang magaling na manggagamot o di kaya doktor.

Ayon kay Resuma (2002) hindi katutubo sa maraming rehiyong di-Tagalog ang paggamit ng *po* at *opo* bilang hudyat ng paggalang bagamat may ibang paraan sila upang maipakita ang respeto sa nakatatanda o sa di kilalang tao.

4.3.3.2 Paggamit ng mga respondent ng panghalip na *yon (iyon)*, *yung (iyong)*

Ayon kay Malicsi (2013) ang *iyon* at *iyon* ay mga panghalip na pamatlig ay madalas na tinatangalan ng unang pantig at nagiging 'yon at 'yun.

Halimbawa:

Ako si Shaiek Alonto tinatawag nila akong major kasi *yon (iyon)* ang tinatawag sa akin sa bahay, tapos ipinanganak ako noong Pebrero, February 28, 1999, 15 years old na *po* ako.

4.3.3.3 Paggamit ng mga katagang *pala*, *meron (mayroon)* *kuan (kuwan)* bilang mga paningit.

Halimbawa:

Ako nga *pala* si Jamera W. Mangorata, labing limang taong gulang, gusto ko po sana balang araw maging isang magaling na manggagamot o di kaya doktor.

Ako nga po *pala* si Aminah Saidamen, 16 years old, gusto ko pagtapos ko maging isang guro at saka matulungan ang aking pamilya at *meron (mayroon)*, may teacher din mam.

Sa una pa Mam, kay gusto ko magkuha ng Tourism kay *kuan (kuwan)* kay ganahan gyud ko, kay ganahan ko mag stewardess.

Basta, *kuan (kuwan)* kung sino kasama ko Meranaw pero pag *kuan (kuwan)* Christian, minsan bisaya or Taga-log.

Sa pahayag ni Garcia (1999) ang *meron* ay mula sa tradisyunal na *gramar*, isang *varyant form* ng *mayroon*. Mula naman kay Metin (2004) na kay Gannaban, maituturing itong *quasi-verb* at ginagamit *idiomatically* o tinatawag ring semi-verb ‘malapandiwa’ o hindi lang malapandiwa ito, kundi simuno na panaguri pa. Kay Espiritu (2001) naman, ang ispelang sa mga aklat at diyaryo ay nagiging *mey* (sa halip na *may*) *meron* ang *mayroon*, marahil ayon sa kaniya ito ay nagmula sa prinsipyong ‘kung anong bigkas ay siyang baybay o sulat.’ Samantala kay Paz (2005) ginamit niya sa aklat ang salitang *mey* sa halip na *may* o *mayroon*.

4.4 Ang Modelo sa Pagsusuri ng Varayti ng Wika

Isang modelo ang nabuo; modelo sa pagsusuri ng varayti ng wika na magpapaliwanag sa mga hakbangin kung paano sinuri ang isang wika na nagkakaroon ng varayti, ano-ano ang mga salik na nakakaapekto sa pagbubunsod nito.

Napatunayan batay sa mga datos ano ang mga pagbabago sa wika sa tatlong partikular na lawak; ponolohiya, morpolohiya, sintaksis/pragmatiks.

Makikita sa Pigura 5 ang nabuong balangkas sa pagsusuri ng Varayti ng Filipino-Meranaw sa Iligan City.

Makikita ang mga salik na nakaimpluwensiya ay ang heograpikong lokasyon, pandarayuhan/migrasyon, sosyo-ekonomiko, edukasyonal na katangian ng lugar at ang wikang ginagamit sa lugar.

Ang heograpikong lokasyon o katangian ng lungsod bagama’t maliit ang Iligan City, ay naging kilala bilang “Industriyalisadong lungsod sa Hilaga”, bumagsak lamang ang ekonomiya sa panahon ng pangulong Ramos. Sa Hilagang Silangan ng lungsod ay mararating

ang Cagayan de Oro City mula sa Iligan, dalawang oras na biyahe, sa gawing Timog Kanluran ay makikita ang Marawi City na napakalapit lang sa Iligan, may 39 na kilometro ang distansiya halos isang oras na biyahe mula sa lungsod Iligan. Sa gawing Hilagang Kanluran ang lungsod naman ng Ozamis, mararating ito sa dalawang oras na biyahe sa pamamagitan ng bus at *barge*. Sa gawing Hilaga patawid sa karagatan mararating ang Bohol, isang gabing biyahe sa pamamagitan ng barko o eroplano.

Iba't ibang kultura ng mga tao ang naninirahan sa Iligan, gayon rin ang mga nag-aaral sa lungsod, mula rin sa iba't ibang panig ng bansa, dahil na rin sa napakasimpleng mamuhay rito, bagamat paminsan minsan ring napapabalitang may mga karahasan o *bombing* sa obserbasyon ay mapayapa rin at matiwasay ang mamuhay rito.. Nasanay na ang mga tao sa ganoong sitwasyon, kailangan lang mag-ingat at tumawag sa Dios.

Kanugnog na lungsod lamang ang Marawi kaya marami sa mga Maranaw ang dito na ang kanilang negosyo at dito na rin nanirahan. May mga partikular na lugar kung saan ang mga pulutong ng mga mag-kakamag-anak na mga Maranaw ang makikita mong naninirahan, katulad ng Tambacan, Ceanuri, Cabaro, Tubod at Mahayahay.

Isa sa dinarayo sa Iligan ay ang MSU-IIT, isa sa mga pampamahalaang pamantasan na kinikilala dahil sa kwalidad na edukasyon. Isa ito sa external unit ng MSU- Main Campus na nasa Marawi City naman. Nakilala ang MSU- IIT dahil rin sa Integrated Developmental School (IDS) ang nagbibigay ng kurikulum pang-sekondarya, bukod pa rito, nakilala ang MSU-IIT, bilang paaralan sa Katimugan na nangunguna sa larangan ng Matematika at Teknolohiya.

Karamihan sa mga Maranaw ay mangangalakal, kaya madali lang para sa kanila ang mag-*migrate* at dumayo sa ibang lugar, ang iba naman ay lumilikas sa iba pang kadahilanan, katulad halimbawa sa pag-iwas ng pamilya sa *ridu*.

Ayon sa mga respondent madalas na pinagkakakitaan ng kanilang mga pamilya ay pagnenegosyo, ang iba ay OFW, at ang iba naman ay mga kawani ng gobyerno. Kaya makikita rin sa sosyo-ekonomikong kalagayan ng mga respondent ay nasa katamtaman, may kakayahang pinansyal na paaralin ang mga anak sa mga pribadong paaralan, katulad ng St. Michael's College, St. Peter's College, Iligan Capitol College at pati na sa MSU-IDS. Isa ito sa edukasyonal na katangian ng lungsod. Marami ang dumarayo dito dahil sa kwalidad na edukasyon sa lungsod. Bukod sa mura ang magagastos sa pag-aaral, standard rin ang mga paaralan kahit pa ang mga pribado.

Sa magkakahalang kultura, iba't ibang wika rin ang sinasalita ng bawat tribo, ang pinakawikang ginagamit ay ang Bisaya o Cebuano, subalit *bibihira* rin lamang sa mga Maranaw ang *fluent* mag Bisaya mas ginagamit nila ang wikang Filipino. Subalit sa mga hindi Maranaw, Bisaya/Cebuano ang madalas gamiting wika sa pakikipagtalastasan.

Sa pangalawang layunin; sinuri naman ang wika ayon sa tatlong lawak, sa Ponolohiya, Morpolohiya at Sintaksis/Pragmatiks. Sa ponolohiya, sinuri ang mga pahayag ayon sa tono, diin sa pagbigkas ng mga respondent, dito kinakitaan ng bahagyang impluwensiya ng unang wikang Meranaw, nagkakapalitan ang bigkas mabagal at bigkas mabilis. Kabaliktaran ang nangyayari, nabibigkas ng mga Maranaw ang mga salitang mabilis ng mabagal samantalang nabibigkas naman nila ng mabagal ang mga salitang mabilis. Ito ay bunga ng impluwensiya ng unang wikang Meranaw.

Sa Morpolohiya, katulad sa ipinakita sa pagsusuri at paglalahad sa mga datos, kinuha ang mga salitang madalas na ginagamit sa pahayag, at ayon sa paglalapi ng mga respondent, tinukoy ang salitang-ugat, inuri ang mga ito, anong uri ng mga panlapi ang nangibabaw na ginamit.

Sa lawak ng Sintaksis/Pragmatiks, ay kinuha ang mga pahayag sa panayam ang madalas na ginagamit ng mga respondent, sinuri ito ayon sa estruktura ng pangungusap o ang kayarian ng pangungusap. Nakita na ang pangungusap ay nasa karaniwang ayos pa rin. Nagkaroon lamang ng kaunting pagbabago sa pagdaragdag ng mga respondent ng mga *gap fillers*, ekspresyon, at pag *co- code switching* sa loob ng pangungusap.




Figura 5. Modelo sa Pagsusuri ng Varayti ng Wikang Filipino-Meranaw sa Iligan City

4.4.1 Mga Hakbang sa Pagsusuri ng Varayti ng Wika

4.4.1.1 Ang riserts o pag-aaral ay babatay sa layunin na bubuuin sa/ ng pag-aaral na siyang tutugunin o hahanapan ng sagot sa katapusan ng pag-aaral.

4.4.1.2 Batay sa mga layunin ng riserts ,pipili ng angkop na metodolohiya at angkop na estadistika na magagamit sa pagsusuri ng mga datos na kakalapin.

4.4.1.3 Matapos na makakalap ng mga pangunahin at kakailanganing datos, kung ano ang nararapat at angkop na pagsusuri ay ilalapat, kaugnay rin ang mga pagbibigay ng interpretasyon gamit ang mga teorya ng mga eksperto.

4.4.1.4 Matapos ang pangatlong hakbang, ilalahad,ilalarawan ang mga pagsusuri at obserbasyong ginawa.

4.4.1.5 Ang panghuling hakbang ay bibigyan ng paglalagom, konklusyon at rekomendasyon ang lahat ng naging resulta o kinalabasan ng pag-aaral/riserts.

Ang detalye ng bawat bahagi ng mga hakbang sa pagsusuri ng Varayti ng Wika ang mismong tinahak, tinalakay at makikita sa kabuuan ng pag-aaral/riserts na ito.

4.5. Resulta ng Pag-aaral

Ang naging resulta sa pagsusuri ng lawak ng ponolohiya ay nagkakaroon ng pagpapalitan ang mga ponemang i,e,o, at u. Nagkakaroon din ng mga pagkakaltas ng ponema sa mga salitang katulad ng, kuan, nun, meron at iba pa, bunga ng impluwensiya ng wikang Bisaya at Meranaw sng mga respondente.

Sa diin ay nagkakaroon din ng pagbabago sa bigkas. Ang mabilis na tuloy-tuloy at walang hinto sa pagbigkas ay nagiging bigkas malumay sa mga Meranaw at ang malumay na mga salita ay nagiging mabilis naman ang bigkas kung Meranaw ang nagsasalita.

Sa lawak ng morpolohiya, kakikitaan ng malakas na impluwensiya ng wikang Filipino, sapagkat halos ang paraan ng paglalapi ay maitutulad sa mga salitang nilapian sa wikang Filipino. Bahagya lamang ang impluwensiya ng wikang Meranaw at Bisaya.

Sa lawak naman ng sintaksis/pragmatiks. Ang istruktura ng pangungusap ay kadalasang nasa karaniwang ayos na nauuna ang panag-uri kaysa sa simuno.

Ang isa pang nakitang varayti ng Filipino-Meranaw ay ang paggamit ng mga respondente ng *po* na di karaniwan sa mga Bisaya ang paggamit ng *po* at *opo* na masasabing bahagi ng pagbabagong pangkultural ng mga respondente.

Ang Varayti ng Filipino-Meranaw ay may bahagya na lamang impluwensiya ng wikang Meranaw at Bisaya, subalit mas malakas ang impluwensiya ng wikang Filipino at Ingles.

KABANATA V

LAGOM, KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Sa bahaging ito ilalahad ang lagom ng pag-aaral at ang kongklusyon nito. Inilahad rin ang rekomendasyon para sa mga maiaambag na kaalaman at mungkahi sa lalo pang ikalalambo at ikayayaman ng wikang pambansang Filipino at iba pang mga wikain sa Pilipinas.

5.1 Lagom

Ang naging resulta ng pag-aaral ay ang mga sumusunod: mayroong mga salik na nakakaimpluwensiya sa pagkakaroon ng varayti ng Filipino-Meranaw ito ay ang lokasyong heyograpiko, pandarayuhan, sosyo-ekonomiko, edukasyonal na katangian ng partikular na lugar, at ang wikang ginagamit ng mga respondent.

Samantala mayroong ngang nabubuong varayti ng Filipino-Meranaw sa pag-aaral ayon sa lawak ng ponolohiya, morpolohiya at sintaktika/pragmatiks. Sa polonohiya, napatunayan na nagkakapalitan ang bigkas o tono ng mga salita. Ang mga salitang bigkas malumay ay nagiging mabilis at ang mabilis na bigkas ay nagiging mabagal. Nagkakaroon rin ng mga pagkakaltas at pagpapalit ng ponemang /i/ at /e/ at /o/ at /u/ halimbawa nito ang *iyon* na nagiging *yung* at ang *doon* na nagiging *dun* at iba pa.

Sa antas morpolohiya nakita ang pagpapantig ng mga salita ay may impluwensiya ang wikang Filipino, ang wikang Ingles, at ang wikang Bisaya sa wikang Meranaw. Ang mga panlaping ginagamit sa wikang Filipino na ginamit nila sa mga pangungusap halimbawa nito ay *an*, *han*, *um* at *mag*.

Sa lawak ng sintaksis/pragmatiks, napatunayan na ang istruktura ng mga pangungusap ay nasa karaniwang ayos na hindi lantad sa pangungusap ang panandang *ay*. Isa rin sa mga natuklasam na ang pangungusap ay binubuo ng kompleks na pangungusap. Madalas gumamit ng mga *gap fillers* tulad ng *kuan, nga pala*; ang paggamit ng mga salita o ekspresyong *ah, um, ta's, tapos, may mayroon, mey, ok*; ang mga salitang *remix, lip top butter*, ang paggamit ng *po* bilang paggalang at ang mga panghalip na nakakaltas ang *i* (e.g. *yun, yon, dun at nung*).

Batay sa pangkalahatang pagsusuri natuklasan, na ang Filipino-Meranaw varayti ay binubuo ng mga lingguwistikong aytem na maaaring kataga, *gap fillers* o mga salita, madalas rin ang *pagco-code switching* sa Ingles, minsan sa Bisaya at sa Wikang Filipino.

5.2 Kongklusyon

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral nabuo ang mga sumusunod na mga konklusyon:

1. Mas ginagamit ng mga Meranaw ang wikang Filipino at Ingles sa mga sitwasyong pangkomunikatibo, (sa tahanan, paaralan at komunidad), na makikita sa kanilang pakikipag-usap sa loob ng klasrum.
2. Malaki ang impluwensiya ng wikang Filipino sa mga Meranaw dahil ginagamit ito ng ilang pamilya bilang wika sa loob ng tahanan gayundin ginagamit ito sa talakayan sa klase kung kaya't madali nilang mai-adapt ang mga gawi at paraan ng pagsasalita nito, kaya't nawawala na ang taal na Meranaw.
3. Ang varayti ng Filipino Meranaw sa lungsod ng Iligan ay dala ng sumusunod na salik: heograpikong lokasyon, pandarayuhan/migrasyon, sosyo-ekonomiko, politikal, edukasyonal na katangian ng lugar, wikang ginagamit sa lugar.

4. Bahagi na ng istruktura ng varayti ng Filipino-Meranaw ang wikang Ingles. Ito ang bihis ng isang varayting namumuo sa Iligan City.
5. Bihira na gamitin ng mga kabataang Meranaw ang sariling wika samakatuwid “melting pot” na ang wikang Meranaw sa lungsod ng Iligan.

5.3 Rekomendasyon

Batay sa mga natuklasan sa pag-aaral narito ang nabuong rekomendasyon ng mananaliksik:

1. Magkaroon ng iba pang pag-aaral na iba ang lugar at partisipant na makikitaan ng iba pang varayti ng wika ng Mindanao.
2. Bigyan suri ang paraan ng pagpapatupad ng MTB-MLE sa mga paaralan upang hindi maging “melting pot” ng wika ang mga paaralan sa Iligan City.
3. Magsagawa ng *language mapping* upang malaman ang buhay at patay na wika ng mga Meranaw sa Iligan City.

MGA SANGGUNIAN

- Aitchinson, J. (2001). *Language change progress or decay*. United Kingdom: New Cambridge University Press.
- Alonzo, R. (2012). *Baryasyon at Varayti ng Wika*. Salindaw: Sentro sa Wikang Filipino, UP Diliman, Quezon City.
- Ampil, R. (2010). *Panayam8 sa Radyo at Telebisyon, Pasalitang pagsusuri sa Diskurso*. Maynila: Philippine Normal University.
- Anicete, R. & Diestro, J. Jr. (2004). *Sikolohiyang panlipunan at kalinangan*. Quezon City: Palimbagan ng Lahi.
- Aquino, G. (1972). *Essentials of research and thesis writing*. Quezon City: Phoenix Publishing House.
- Aquino, G. (2006). *Fundamentals of research*. Mandaluyong City: National Bookstore.
- Arbes, Marilyn (2010). *Mga Varyasyong Mansaka sa lalawigan ng Campostella Valley*. Iligan City: MSU-IIT
- Badayos, P. (2008). *Metodolohiya sa pagtuturo ng pagkatuto ng/sa Filipino mga teorya, simulain, at istratehiya*. Manila: Mutya Publishing.
- Bajado, S. A. (2012). *An Operational plan to enhance the ICT Competencies and management practices of elementary school heads in city schools division*. Maynila: Philippine Normal University.
- Batnag, Aurora (2007). *Pambansan Seminar-Worksyap sa Pagsusuri at Pagtuturo ng Gramatikang Filipino*.
- Bautista, D. B. (2014). *Heograpikong Varayti ng Tagalog-Batangas ng guro at mag-aaral ng piling lugar sa Batangas tungo sa pagbuo ng modelo*. Maynila: Philippine Normal University.
- Beardsmore, H.B. (1982). *Bilingualism and Bilingual Education*. Cleveland: Multilingual Matters.
- Bernales, R. (2002). *Akademikong Filipino tungo sa epektibong komunikasyon batayan at sanayang aklat sa Filipino1, antas tersarya*. Manila: Mutya Publishing.
- Bloomfield & Newmark (1963). *Language*. London: Allen & Unwin; New York; Holt, Rinehart and Winston Inc.
- Boaz, Franz (1940). *Race, Language and Culture*. University of Chicago Press
- Bright, W. & Ramanujan A.K. (1964). *Sociolinguistic variation and language change*. In H. Lunt (ed). *Proceedings of the Ninth International Congress of Linguists*. The Hague: Mouton, p.1107
- Brown, R. (1976). *Cognition*. 4:125-153.
- Calamian, M. (2013). *Pedagohikal na grammar ng wikang Meranaw: Paniniwalang modelo*. Maynila: Philippine Normal University.

- Campbell, K. (2005). *Listener perceptions of sociolinguistic variables: The case of (ING)*. 15 Jan. 2014. <http://www.ling.osu.edu/~kbck>
- Cabrero, J. (2012). *Betad Pedlegamit: Tagapagsiwalat ng rehiyonal na mga dayalekto ng wikang Subanen sa Zamboanga Peninsula*. Iligan City: MSU-IIT.
- Ceña R. & Nolasco R. (2011) *GRAMATIKANG FILIPINO Balangkas*. UP, Diliman, Quezon City.
- Chen, N.F, Chen, W., & Campbell, J.P. *A linguistically-informative approach to dialect recognition using dialect-discriminating context-dependent phonetic models*. Massachusetts: Massachusetts Institute of Technology.
- Constantino, P. & Peregrino, J. (2002). *Pluralidad tungo sa identidad: Ang varayti ng wikang Filipino sa pagbuo ng wika at kamalayang pambansa*. Minanga: Mga Babasahin sa Varayti at Varyasyon ng Filipino, Sistemang Unibersidad ng Pilipinas, Quezon City.
- Crystal, David (1987). *Language Acquisition*. Cambridge Encyclopedia of Language
- Cubar E. & Cubar N. (1994) *Writing Filipino Grammar: Traditions and Trends*. Assumption College Library.
- Cunanan, R.R. (2012). *An operational plan to enhance the alternative learning system's accreditation and equivalency program in city school division*. Maynila: Philippine Normal University.
- Dinkin, A.J. (2009). *Dialect boundaries & phonological change in upstate New York*. 20 Feb 2014. <http://repository.upenn.edu/edissertations/79>
- Downes, W. (1984). *Language and society*. United Kingdom: Cambridge University Press.
- Eastman, C. (1982). *Language planning an introduction*. San Francisco: Chandler & Sharp Publisher.
- Espiritu. C. Set. (2001). *Ang Pagbabago sa Gramatika ng Filipino*. TALISIK: Opisyal na Jornal ng Seri ng Kahusayan sa Filipino Volyum 1 Bilang 1. Pamantasang Normal ng Pilipinas, Maynila; 145-165.
- Farland, M. & Curtis D. (1983). *A Linguistic Atlas of the Philippines*. De La Salle University & Linguistic Society of the Philippines.
- Ferguson, C. (1971). *Language Structure & Language Use*. California, Stanford University Press.
- Finegan, E. (2008). *Language: its structure and use*, 5th ed. Boston, MA: Thompson Corporation.
- Fishman, J. (1974). *Advances in language planning*. New York: Yeshiva University.
- Fromkin, R. (1990). *An introduction to language*, 2nd ed. Australia: Harcourt Brace & Company.
- Gannaban, M.F.E. (2007). *Pagsusuri ng mga piling linggwistikong aytem sa pasalitang diskurso: isang paglalarawan ng Tagalog varayti sa Taguig*. Maynila: Philippine Normal University.
- Garcial, L. (1999). *Makabagong grammar ng Filipino*, 2nd ed. Rex Book Store, Manila.
- Giles, H. (1977). *Language Ethnicity & Intergroup Relations*. London, Academic Press.

- Gregory, M. & Carroll S. (1978). *Language & Situation*. Language Varieties and Their Social Context. London: Routledge & Kegan Paul.
- Gumperz, John. (1976) *Sociolinguistics and Communication in Small Groups*."
- Hammersley, M. & Atkinson, P. (1995). *Ethnography principles in practice*, 2nd ed. New York: Routledge.
- Herbito, K. (2011). *Mbityarae tano: Ang paghahabi ng wikang Meranaw at wikang Filipino sa oral na komunikasyon*. Iligan City: MSU-IIT.
- Hymes, D.(1964). *Language in culture and society: A reader in linguistic and anthropology*. New York: Harper & Row.
- J.B Prido Harmondsworth. Middle sex, England.
- Louwerse, M. (2004). *Semantic variation in idiolect & sociolect: corpus linguistic evidence from literary texts*. Memphis: University of Memphis.
- Macalanggan, N.D. (2013). *Ang gramatika ng wikang Meranaw: Isang pahapyaw na pag-aaral*. Iligan City: MSU-IIT.
- Madale, A.T. at Saber M. (1975). *The Meranaw*. Maynila: Solidaridad Publishing House.
- Malicsi, Jonathan. (2013) *GRAMAR NG FILIPINO*. Sentro ng Wikang Fiipino. UP-Diliman, Quezon City.
- Manginsay, E.M. (2011). *Istatus ng wikang Meranaw sa Mindanao State University Main Campus sa lebel ng mga mag-aaral na Meranaw: Pokus sa kalagayang pang-akademika*. Maynila: Philippine Normal University.
- Maraynan, R.R. (2013). *Lexical categories in Cebuano*. Iligan City: MSU-IIT.
- Metin, R. (2001). *Standard pinglish for Filipinos*. Quezon City
- Meyerhoff, M. (2011). *Introducing sociolinguistics*, 2nd ed. New York: Routledge.
- Monter, D.A. at Galindo, L.C.T. (2012). *Language and power in solitude: A critical analysis in the graffiti of MSU-IIT job-enabling English proficiency*. Iligan City: MSU-IIT.
- National Statistics Coordination Board. 15 Jan 2014. <http://www.census.gov.ph/content/population-iligan-city-was-recorded-323-thousand-results-2010-census-population-and-housing>.
- National Statistics Coordination Board. 15 Jan 2014. <http://www.nscb.gov.ph/activestats/psgc/municipality.asp?muncode=103504000®code=10&provcode=35>.
- Nunan, D. (1988). *The Learner-centered curriculum: A study in second language teaching*. New York: Cambridge University Press.
- Otanes, F.T. (1990). *Sangguni*. Bolyum XI. Bilang I. Mga Batayang Teorya sa Wika.
- Oxford, R. (1990). *Language learning strategies: What every teacher should know*. New York: Newbury House Publishers.
- Pascasio, Emy M. (1993). *"Bilingual Competence for the Filipinos," saRelc ournal*, Vol., No.1.Hunyo.
- Paz, V. & Rubin, L. (2012). *Mula Sa Isa Ngunit Naiba: Paglalarawan ng Varayti ng Tagalog sa Angono, Rizal*. Salindaw: Sentro sa Wikang Filipino, UP Diliman, Quezon City.
- Pasion, R.(2013). *Yang Pagbul'lok-bul'lok: Varyasyon ng wikang Mandaya sa ilang munisipalidad ng Davao Oriental*. Iligan City: MSU-IIT.
- Peñalosa, F. (1981). *Introduction to the Sociology of Language*. Cambridge: Newbury House.

- Peregrino, J. (2002). *Minanga: Mga babasahin sa varayti at varyasyon ng Filipino*. Quezon City: Sistemang Unibersidad ng Pilipinas.
- Peregrino, J. et al. (2012). *Salindaw: Varayti at baryasyon ng Filipino*. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino.
- Ramos, T. (1971). *Makabagong balarila ng Pilipino*. Rex Book Store, Manila.
- Renn, J. (2010). *Acquiring style: The development of dialect shifting among African American children*. North Carolina: University of North Carolina.
- Repe, A.T. (2006). *A sosyolinguistic analysis of Tagalog first-person conversational narrative*. Maynila: Philippine Normal University.
- Rousseau, Y. (1950). *The social contact and other discourses*. New York, Dutton.
- Santiago, A. & Tiangco, N. (2003). *Makabagong Balarilang Filipino*. Manila: REX Book Store, Inc.
- Sapir, E. (1949). *Selected Writings*. D. Medelbaum (ed). Berkeley, University of California Press.
- Saussure, F. (1996). *Course in general linguistics*. Paris: Payot.
- Saville-Troike, M. (2003). *The Ethnography of Communication: An introduction*, 3rd ed. New Jersey: Blackwell Publishing.
- Sibayan, B. (1999). *The intellectualization of Filipino and other sociolinguistic and education essays*. Manila: De LaSalle University Press.
- Tagalog Dictionary. <https://tagalog-dictionary.com/search?word=modelo>.
- Tan, S. & Wadi, J. (1995). *Islam in the Philippines*. Quezon City: Mindanao Studies Reports.
- The New International Webster's Dictionary & Thesaurus of the English Language*. USA: Lexicon Publishing, Inc.
- The New Webster's Dictionary of the English Language*. USA: Lexicon Publishing, Inc.
- Toomey, S. & Kkorzenny, F. (1989). *Language, communication, and culture*. New York: Sage Publication.
- Wardhaugh, R. (1992). *An introduction to sociolinguistics*. USA: Blackwell.
- Weiling, M. (2012). *A quantitative approach to social and geographical dialect variation*. 20 Feb 2014. <http://www.offpage.n/>

APENDIKS A

Republika ng Pilipinas

Mindanao State University

KOLEHIYO NG AGHAM PANLIPUNAN AT PANGKATAUHAN

Marawi City



KAGAWARAN NG FILIPINO AT IBA PANG WIKA

Agosto 12, 2014

Mr. Randolph B. Tortola, CESO VI

School Division Superintendent

Iligan City

Mahal na G. Tortola:

Mainit na Pagbati!

Ang inyo pong lingkod ay kasalukuyang nagsasagawa ng disertasyon na pinamagatang *Varayti ng Filipino –Meranaw sa Iligan City: Tungo sa Pagbuo ng Isang Modelo*, bilang isa sa mga pangangailangan sa Digring Doctor sa Pilosopiya sa Filipino sa Phillipine Normal University, Taft Avenue, Maynila.

Kaugnay po nito, nais kong humingi ng pahintulot sa inyong butihing tanggapan na makapagsagawa ng aktwal na recording sa klase, makapag-oberba sa mga nagaganap na usapan ng mga mag-aaral na Meranaw.

Ang mga sumusunod na paaralan ang kasali sa nasabing riserts; Iligan City National High School, Iligan City East National High School, MSU-IIT Integrated Developmental School, Iligan Capitol College at St. Michael College at St. Peter College.

Umasa po kayong hindi makasasagabal sa klase ang pangangalap kong ito at ang iskedyul lamang na ibibigay ng mga guro ang susundin.

Pauna napo ang taos-puso kong pasasalamat sa inyong pagpapaunlak, nakasalalay po rito ang tagumpay ng aking pananaliksik.

Mabuhay po kayo at pagpalain ng Diyos.

Lubos na gumagalang,

EVANGELINE M. JINAYON

Mag-aaral ng PhD

Nabatid:

NIÑA CHRISTINA L. ZAMORA, PhD

Adviser



Republika ng Pilipinas
Mindanao State University
KOLEHIYO NG AGHAM PANLIPUNAN AT PANGKATAUHAN
Marawi City

KAGAWARAN NG FILIPINO AT IBA PANG WIKA

28 July 2014

S. Mary Irene M. Cajandig, RVM

BEd Principal

St. Michael's College

Iligan City

S/P: Mrs. Estrella V. Layno

Academic Coordinator

Mahal na S. Cajindig:

Mainit na pagbati!

Ang inyo pong lingkod ay kasalukuyang nagsasagawa ng disertasyon na pinamagatang *Varayti ng Filipino-Meranaw sa Iligan City: Tungo sa Pagbuo ng Isang Modelo*, bilang isa sa mga pangangailangan sa Digring Doctor sa Pilosipiya sa Filipino sa Phillipine Normal University, Taft Avenue, Maynila.

Kaugnay po nito, nais kong ipagbigay alam sa inyo na kabilang sa kakalapan ko ng datos ang inyong mga mag-aaral sa mataas na paaralan. Dahil dito nais kong humingi ng pahintulot sa inyong butihing tanggapan na makapagsagawa ng aktuwal na recording sa nagaganap na talakayan sa loob ng klase. Mangyayari ang recording sa oras ng mga aralin sa Filipino sa 3rd year at 4th year lamang. Isasabay ko na rin ang interbyu sa mga guro at mga mag-aaral para sa ilang katanungan pagkatapos ng kani-kanilang mga klase. Maaring tumagal ang pangangalap kong ito hangga't hindi ko po nakukuha ang tamang sample size na aking pag-aaral.

Umasa po kayong hindi makakasagabal sa klase ang pangangalap kong ito at ang iskedyl lamang na ibibigay ng guro ang susundin.

Pauna na po ang aking taos-pusong pasasalamat sa inyong pagpapaunlak, nakasalalay po rito ang tagumpay ng aking pananaliksik.

Mabuhay po kayo at pagpalain kayo ng Diyos.

Lubos na gumagalang,

EVANGELINE M. JINAYON

Mag-aaral ng PhD

Nabatid:

NIÑA CRISTINA L. ZAMORA, PhD

Adviser

Republika ng Pilipinas
Mindanao State University
KOLEHIYO NG AGHAM PANLIPUNAN AT PANGKATAUHAN
Marawi City

KAGAWARAN NG FILIPINO AT IBA PANG WIKA

Hulyo 28, 2014

Mga Mag-aaral,

Magandang Umaga!

Ang inyo pong lingkod ay kasalukuyang nagsasagawa ng disertasyon na pinamagatang *Varayti ng Filipino-Meranaw sa Iligan City: Tungo sa Pagbuo ng Isang Modelo sa pagsusuri ng Varayti ng Wika*, bilang isa sa mga pangangailangan sa Digring Doktor sa Pilosopiya sa Filipino sa Philippine Normal University, Taft Avenue, Maynila.

Kaugnay nito, isa ka sa mga respondent na napili sa anim na paaralan sa Iligan City, upang kalapan ng mga impormasyon. Humihingi ako ng pabor na sana ay sagutin ang mga tanong ng buong katapatan. Umasa kayong pag-iingat ito ng “confidential”.

Maraming Salamat.

Lubos na nagpapasalamat,

Evangeline M. Jinayon

Mananaliksik

APENDIKS B

Instrumento/Talatanungang Ginamit

I. Personal na Datos

Pangalan (opsyonal): _____

Kasarian: _____ Edad: _____

Paaralan: _____ Baitang: _____

Istatus ng Pamilya ___ Katamtaman ___ Maykaya ___ Mahirap

Propesyon/Hanapbuhay: _____

Unang Wikang Kinagisnan/Gamit sa Bahay: _____

Iba pang wikang Sinasalita: _____

Bilang ng taon ng paninirahan sa Lungsod ng Iligan: _____

- II. Panuto:** Basahin ang mga aytem sa bawat bilang. Lagyan ng tsek ang bilog na kumakatawan sa bilang na tumutugon sa iyong kasagutan. Tingnan ang paglalarawan sa bawat eskala.

Eskala 5 – palagi (PL)

4 – paminsan-minsan (PM)

3 – minsan lamang (ML)

2 – hindi (HI)

1 – Wala (WA)

5 4 3 2 1

Wikang Ginagamit sa Pakikipag-usap

A. Wikang Filipino ang gamit ko

1. Kapag nakikipag-usap sa isang Tagalog 0 0 0 0 0

2. Kapag nakikipag-usap sa paaralan 0 0 0 0 0

3. Kapag nakikipag-usap sa isang Meranaw	☐	☐	☐	☐	☐
4. Kapag nakikipag-usap sa tanggapan	☐	☐	☐	☐	☐
5. Kapag nakikipag-usap sa isang Bisaya	☐	☐	☐	☐	☐
6. Kapag matagal ko ng kilala ang tao	☐	☐	☐	☐	☐
7. Kapag nakikipag-usap sa pamilihan	☐	☐	☐	☐	☐
8. Kapag nakikipag-usap sa loob ng bahay	☐	☐	☐	☐	☐
9. Kapag ngayon ko lamang nakilala ang tao	☐	☐	☐	☐	☐
10. Kapag nakikipag-usap sa malls	☐	☐	☐	☐	☐

B. Wikang Meranaw ang gamit ko

1. Kapag nakikipag-usap sa isang Meranaw	☐	☐	☐	☐	☐
2. Kapag nakikipag-usap sa isang Bisaya	☐	☐	☐	☐	☐
3. Kapag nakikipag-usap sa isang Tagalog	☐	☐	☐	☐	☐
4. Kapag nakikipag-usap sa loob ng bahay	☐	☐	☐	☐	☐
5. Kapag nakikipag-usap sa malls	☐	☐	☐	☐	☐
6. Kapag nakikipag-usap sa pamilihan	☐	☐	☐	☐	☐
7. Kapag nakikipag-usap sa paaralan	☐	☐	☐	☐	☐
8. Kapag nakikipag-usap sa tanggapan	☐	☐	☐	☐	☐
9. Kapag matagal ko ng kilala ang tao	☐	☐	☐	☐	☐
10. Kapag ngayon ko lamang nakilala ang tao	☐	☐	☐	☐	☐

Mga Gawain ng Isang Meranaw

1. Nanonood ako ng programang pantelebisyon na

A. Ingles	☐	☐	☐	☐	☐
B. Filipino	☐	☐	☐	☐	☐
C. Meranaw	☐	☐	☐	☐	☐

2. Nakikinig ako ng programang panradyo na

- | | | | | | |
|-------------|-----------------------|-----------------------|-----------------------|-----------------------|-----------------------|
| A. Ingles | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| B. Filipino | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| C. Meranaw | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |

3. Nagbabasa ako ng mga babasahing

- | | | | | | |
|-------------|-----------------------|-----------------------|-----------------------|-----------------------|-----------------------|
| A. Ingles | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| B. Filipino | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| C. Meranaw | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |

4. Nagsusulat ako sa wikang

- | | | | | | |
|-------------|-----------------------|-----------------------|-----------------------|-----------------------|-----------------------|
| A. Ingles | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| B. Filipino | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |
| C. Meranaw | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ | ☐ |

APENDIKS C

Transkripsyon ng Panayam

3rd Year St. Peter's College

Bumabasa ng sabay-sabay ang klase, matapos ang pagbasa nagtanong si Mam Cali.

Ms. Cali Pagpapakahulugan ng ta:la' (tala, mabilis ang bigkas sa halip na mabagal), paano mo ito (may mag-aaral na sumabat, Tala-Bituin)

Mbabae Mam sanaysay

Guro: Tala paano ninyo ito binibigyang kahulugan, paano ninyo ito inuunawa?

Mag-aaral Mam? Ang isang TALA (ang pagbasa ang kahulugan ay bituwin ang tama ay mabilis).

Guro Kapag kayo'y nagbabasa, kailangan pa ba ang pasusuri? Wala kapag kayo ay nagbabasa ng maikling kwento ha? Kapag nagustuhan ninyo ang kwento? Yes, tumayo! Kailangan intindihin, sa pamamagitan ng pagbasa at pagsusuri. Ang pagkakaroon kakayahang na magbigay ng kahulugan sa mga TA:LA (mabagal ang pagbigkas ng guro sa halip na mabilis) ay kasanayang lilinangin upang makapaglapat ng balanse at makatwirang (mabilis ang pagbigkas) puna ng kwento sa sinusuring paksa sa ating pagbabasa kailangan nating maunawa (sumabay ang babaeng mag-aaral sa pagsasalita ng guro) ang salita ay maunawaan ano man ang ating binabasa (binabasa-mabilis ang bigkas ng guro), katulad rin yan sa panonood ng pelikula, no? Wala sigurong manunuod ng pelikula ng wala lang (ang ibig sabihin ay ang bawat manonood ay pilit na inuunawa ang bawat sinasabi/ginagawa sa pelikula) talaga namang iniintindi natin kung ano ang punto kung ano yung nangyayari, kung ano ang nangyayari doon sa pelikula, no? Siya siguro galit *gakatawa ta diri tanan pero*

siya wala ra (tumatawa tayo dito lahat pero wala lang) *basin wala pala siya kasabot* (pero hindi pala niya naiintindihan) , *ato no*(diba ganyan)? O hindi kaya tayo’y nalulungkot dahil doon ah ____ sa nag-a acting, nalulungkot siya, umiiyak siya, dahil namatay ang (may sumabat na lalaking mag-aaral, kanyang actor, pusa!) ang ama o ina, siguro tayo minsan din ay naiiyak, no? Kasi nga naiinitndihan nating yung pinapanood natin. Yung iba siguro wala lang kasi, ok nakikita niya pero yung utak niya hindi nakaka-*relate* kasi nga hindi niya (sumabat ang babaeng mag-aaral, hindi nakaka-*relate*!) inuunawa ano man iyong nakikita niya sa napapanood niya. Katulad din yan sa pagbabasa mayrong mga mag-aaral na nagbabasa na walang kaakibat na pag-unawa, tama? Wala?

Mbabae **Meron** (*mayroon*)!

Guro Tama diba? Pero may iba na ok inuunawa. Yes. Kapag ikaw ay nagbabasa, agad mo bang nauunawaan ang mga talata na iyong binabasa, ha, tumayo ha? Agad mo ba itong mauunawaan? Lalakasan ang boses! Ok dahil daw ilang parte lamang ang kanyang binabasa, pero kapag lahat daw nagustuhan niya lahat niya ito babasahin, tatapusin, nagugustuhan niya at mauunawan niya imposible naman siguro hindi siguro talaga niya maintindihan kasi ilan lamang sa mga talata niya marunong magtanong pero may mga mag-aaral din may mga taong ganon ang pagbabasa, katulad ng pagbabasa, katulad ng pagababasa sa mga kwento, ano nga ba yung mga ____ (maingay masyado ang mga mag-aaral)

Mag-aaral (sumagot) *E-Book*?

Guro No, kapag nagbabasa tinitingnan lang yung *first* (habang nakikinig ang mga bata, may mga nagsasalita sa wikang Meranaw) Pero kapag nagustuhan ang isang kwento, ano ang resulta?

Mag-aaral	Babasahin
Guro	Ano ang resulta?
Mag-aaral	Babasahin hanggang sa
Guro	Ano ang resulta?
Mlalaki	Nakaka- <i>relat,e</i> ang nagbabasa ay nagkaroon ng.. ano?
Mlalaki	Nakakarelate, nakarerelate!
Guro	Ok. Mahalaga.. una pakibasa Tatao!
Tatao	(binabasa) Pagtukoy sa mga detalye, tinutukoy dito ang mga tauhan, lugar, at panahon kung saan at kailan naganap ang mga pahayag at iniisip ng mga tauhan ang takbo ng pangyayari at ang wakas.
Guro	Nagtukoy sa mga detalye. Binibigyan pansin natin dito yung mga lugar, tauhan
Mag-aaral	(chorus) Lugar! Panahon! Pahayag at mga tauhan
Guro	Yaon ang mga element, mga kaisi:pan, mali mga kaisipan (<i>kaisipan</i> , tonong Meranaw). Mahalaga ang nakapaloob na <i>kaisipan</i> na nais ipabitid ng may akdang pampanitikan (nagbabasa, tumatawa ang nakikinig sa tono ng pagbabasa) sa mga mambabasa o nanonood na makapagdudulot ng mabuting aral. Mga kaisipan yon sa mahalagang ginagampanan ng mga pagpapakahulugan sa talata o di kaya'y ah.. mga binabasa natin (maririnig ang background na maingay at nagtatawan na mag-aaral na babae) maikling kwento (ang mga mag-aaral ay nakikipag-usap sa katabi sa wikang Meranaw), mga tula, mga kaisipan. Ano ang aral na napulot natin doon sa ating maikling kwento (may background na patuloy na nag-uusap ang mga mag-

aaral na babae sa klasmeyt sa Meranaw habang nakikinig sa guro) ah? So, ano ang kaisipan?

Mbabae (sumabat) Kaisipan! naiinitindihan mo!

Guro Ok, naiiintindihan mo.

Mlalaki **Yung** (*iyon*) nasa utak!

Guro Nasa utak

Mbabae Nais ipabatid ng akda! (medyo malakas ang pagsagot)

Guro Ok, sa kaisipan?

Mbabae Kaisipan,

Mlalaki *Kaisipan, naiplano mo*

Guro Ok, **yung** (*iyon*) aral na nakuha natin doon sa pelikula o di kaya yon ang tinatawag nating tema, Usman –tinawag-sumagot, very good! Dahil, kapag nanood tayo, kahit bumasa (buma-sa) tayo ng mga maikling kwento mayroon talagang aral yon at yon ay maaari nating magamit no? batay doon sa pinanood o binasa nating kwento. Ok, sa pagtatala (mabagal ang basa, pag-ta-ta-la) ng mga impormasyon kailangang pasama-samahin ang magkakaugnay na diwa. Mahalaga ring wasto ang mga datos na nakalap may nakaakibat na bilang at pagdadahilan so isa sa mga paraan ng buong pagpapakahulugan sa pagtatala ay ang paggamit ng puwang o talahanyan no. Ano ang lyunin ng paggamit ng tsart o grap sa (masyadong maingay ang mga mag-aaral, nagdadaldalan)pagtala ng mga datos?

Mlalaki (sumagot) *Percentage!*

Guro Para yes!

- Mlalaki Para malaman
- Guro Para malaman, ang percentage Macud! Ano ang layunin ng pag-ga *graph*? O di kaya'y tsart, sa pagtatala ng mga tsart. Yes ok, tumayo, tumayo, sige na tayo
- Macud *Ah*, para malaman ang percentage.
- Guro Oo, yes Tatao!
- Tatao Mam, *kasi* Mam, sa pamamagitan ng grap Mam, ialng puntos o percentage Mam lage *diba* Mam, *kapag* nangangalap ng impormasyon, nag-iinterbyu ka ng isang tao, so doon Mam doon Mam, na *mababahin* (mahahati) mo na Mam yung *percentage* kung ano yung, kung ano yung mga sinagot ng mga tao sa tanong.
- Guro Ok, very good (nagpalakpakan ang mga mag-aaral, may sumisigaw at nagsabi pa ng *BRAVO*). Ok yun ang obserbasyon ng iyong mga nakalap na datos, doon mo malalaman ano ba talaga ang kinalabasan no? Ng iyong mga impormasyon na nakalap at doon mo rin masusuri kung ano ba talaga ang naging resulta ng iyong pag-aaral, so maaari nating magamit yon sa mga pag-aaral no? *For example so ah _____* then pag-e entertain no, ah pakikipanayam no, *ah* pagsumulat tayo ng isang pag-aaral at *ah* maaari tayong gumamit ng grap o tsart sa pagkuha sa mga pagsuri para mapadali para sa iyo.

(Discussion ng guro)

Guro Ang script, ano ang nakapaloob sa isang script.

Mlalaki *Idea*

Mag-aaral (Hoy, bastos kayo kay Fernandez)

- Guro Ok, mga idea, mga dapat sabihin daw at i-rate ng mga artista doon sa pelikula. Ok, ano pa? Ha. Mayroon dito elementong teknikal (may mga nakikinig may hindi)
- Mlalaki *nosebleed*
- Mbabae Sound effects, Mam!
- Guro Pagdidirihe, pagdidirihe isa- isa yan sa mga estilo na maaaring gamitin, isa yan sa mga technique para lalong mas mapaganda ang isang pelikula na ginawa.
- Guro Tungkol sa Cinematograpiya
- Mbabae Sumagot, nagbasa ang babaeng mag-aaral mula sa aklat ang kahulugan ng Cinematograpiya

MSU-IIT IDS-Integrated Development School

- Tagapanayam Kamusta naman kayo, nasaan si Macasimbar? Kamusta si Casim? Okey lang? Kamusta ang pag-aaral? Pwede ba kayong magpakilala?
- Macasimbar Jamie Cosana Macasimbar Mam, nakatira po ako sa 152 Roxas Ave. Mahayahay
- Tagapanayam Anong pangarap mo?
- Macasimbar Maging doctor Mam
- Tagapanayam Ikaw naman, ikaw ate?
- Casim Ako si Quinee M. Casim, nakatira sa 270 del Carmen (expression *eh* tumatawa, namali) Iligan City, ang pangarap ko sa buhay **is** maging isang engineer.
- Isi engineer Ako si Isi Sidla, ako ay nakatira sa Canaway. Ang pangrap ko ay maging isang engineer
- Hedjara Antonio Ako po si Hedjara Ismael, nakatira ako sa purok San Antonio Green Village Iligan City, ang pangarap ko sa buhay ay maging CPA, Lawyer.
- Tagapanayam Ok CPA.
- Ner Asum Ako po si Ner Asum P. Bautil, 16 labing anim na taong gulang. Tapos **yun** (*iyon*), nakatira sa Ilang-ilang.

Hannah Ako po si Hannah Amerol nakatira, ako ay *sixteen years old*, nakatira sa Bahayan Iligan City

Norlaila Ako si Norlailah M. Ali, *sixteen years old*, nakatira sa Bacayo Iligan City.

Alicia: Ako si Alicia Palala sixteen years old, nakatira sa Tubod Iligan City (tonong Christian)

Zora Ako po si Zora Tara M. Balt *15 years old and I want to be a doctor*.

Mohammad Ako po si Mohammad Ali D. Mauntod, nakatira sa Baracas Steel Makers, gusto ko pong maging archeologist.

Tagapanayam O, so kayo ang unang batch para sa K to 12 no?

Mag-aaral Unang batch.

Tagapanayam Ay unang batch ng K to 12. Bale naabutan kayo ng K-12?

Mag-aaral Yes Mam. Kami ang unang batch bale.

Tagapanayam Sila ang unang batch, ah sila yung unang batch. 3rd year na pala kayo? So kilala nyo yung anak ko? Si David Paul?

Mag-aaral Yes Mam

Tagapanayam Oo, anak ko yon. Para hindi kayo kabahan, hindi naman ito masama. Okey so hanggang kailan ang pasok ninyo?

Mbabae *Five*

Tagapanayam Kamusta ba ang mamuhay sa Iligan City?

Mag-aaral (tumatawa) ayos naman Mam (sabay-sabay)

Tagapanayam Kamusta naman ate?

Mag-aaral *Ok lang* Mam

Tagapanayam Bakit kayo sa IDS nag-aral? Sige nga bakit sa IDS ka nag-aral?

Mbabae Naging inspirasyon ko po ito Mam *because* noong ah high school pa po **yung** (iyon) nanay ko **is** dito siya nag-aral tapos naging inspirasyon ko po sa pgpasok **is yung** (iyon) Alumni Home Coming Mam kasi *enjoy* po *yung* mga *batch*.

Tagapanayam Ah naka-attend ka na ng Alumni? Ikaw ate?

Mbabae Ah ginusto kong mag-aral dito kasi **nung** (noong) bata pa ako sa tuwing dumadaan kami dito sa IIT, gusto ko na talagang dito mag-aral sa IDS at dito *grumadweyt*.

Tagapanayam Ok. (tinuro ang isang lalaking estudyante)

- Mlalaki Kasi pag *ano*, pag sinabing pag IDS *parang* matalino, *mga ganyan* tapos gusto ko po maging kabilang doon, *tapos yun*, gusto ko
- Tagapanayam Bakit parang? (background tumatawa ang mga mag-aaral) Ibig sabihin kung andito ka na ngayon, isa ka na sa mga matatalino diba? Ok, very humble si ano, Ok (may background tumatawa). Ikaw ate, bakit gusto mo dito sa IDS mag-aral?
- Mbabae Kasi po **yung** (*iyon*) ate ko kaya ah dito po siya nag-aral tapos parang iniidolo ko **yung** (*iyon*) ate ko po sa una so gusto ko rin po dito
- (Ang tono ng pagsasalita ng mga mag-aaral ay walang bahid Meranaw o walang puntong Meranaw)
- Mbabae Gusto ko po dito sa IDS dahil mga kamag-anak ko, mga ka **gen** dahil dito na sila nag-aral dahil narinig ko na matatalino raw ang IDS students at *maging successful sila*.
- Mbabae Ako **nung** (*noong*) una ayoko kasi gusto ng *parents* ko, gusto ko kasi *dun* sa last na *previous school* , pero **nung** (*noong*) tumagal ako dito parang sabi ko, para maging *prepare* ka sa *college mo* kapag nag-IDS ka
- Mbabae Dito ako nag-aral para mas maging preparado pag college/kolehiyo
- Mababae Dito *po* ako nag-aral, kasi para po sa akin mas magaling *po yung* (*iyon*) IDS *keysa* sa ibang school sa Iligan
- Mlalalaki Dito po ako nag-aral kasi ang aking kuya ay *nag-aaral* din dito, *um nung* (*noong*) high school pa siya
- Tagapanayam Ok, so Olo, so pag-ka college n'yo, gusto n'yo dito pa rin o sa Maynila na?
- Mag-aaral Kung *makapasar mi*, sa Maynila na *po*
- Tagapanayam Sa Maynila, sa UP? Ok, so dapat eh pag-igihan nyo talaga yung inyong pag-iskwela, kasi kailangan natin ng mga Muslim, ano mang propesyon maging teacher, engineer, doktora, kailangan natin sila, So, ano pa ba ang itatanong ko, bale ano ba ang ginagamit na wika sa inyong bahay?
- Mbabae Meranaw Mam
- Tagapanayam Meranaw? (Tinuro ang isang istudyante) Ikaw? Pero, ang intonasyon n'yo eh parang hindi na, ano? No? Meranaw din sa inyo? Tagalog? Bakit Tagalog? Kasi galing ang mama mo o tumira kayo sa Maynila?
- Mbabae Ah, hindi po, pero ang *choice* ng papa o ng pamilya ko na *Tagalog* lang bago *Meranaw*.
- Tagapanayam Ah sige, Ok, kayo? Ikaw kuya?
- Mlalaki *Bisaya po*.
- Tagapanayam Bisaya. So mga ilang taon na kayo dito nainirahan?

Mbabae 3 years Mam

Tagapanayam 3 years ka? So ibig sabihin nag-transfer ka?

Mbabae Yes Mam *bale* taga Cagayan de Oro *po* ako.

Tagapanayam Ikaw since birth? Ikaw 10 years na? Ikaw?

Mlalaki 9 years

Tagapanayam Ok, 9. Maraming salamat sa inyo ha, sa pagpapaunlak. Pero isa na lang pwede tayo magpicture?

Mag-aaral Oo.

Tagapanayam Sana tawagin si Mam Despi. (tinawag ng mag-aaral si Mam Despi para magpicture taking)

St. Peter's College

Sa loob ng klase nag-discuss si Mam Cali

Mam Cali Ok sige nga sagutan natin itong unang tanong (tonong Meranaw). Ilarawan ang uri ng pamumuhay ng matandang mag-asawa at ano ang naging kanilang suliranin.

Guro Yes Guiling. Ang unang tanong, ilarawan ang uri ng pamumuhay ng matandang mag-asawa.

MLalaki Mahirap Mam (may sumabat na katabi), mahirap Mam tapos nakakita siya ng bata Mam. Ang matandang lalaki inampon Mam *tapos* pinalaki, *tapos* magaling manghuli ng halimaw, *tapos* pinalaki.

Guro Ok very good, ano pa maliban doon sa sinabi ni Guiling. Ah Moksir, sige na Moksir, ano pa maidaragdag mo?

MLalaki Mam magkakandidato siya sa Lunes

- Guro Ha! (may sumabat sa usapan) Hindi nila maintindihan
- Mlalaki Magaling manghuli ng baboy (idinikta ng isang babaeng mag-aaral)
- Mlalaki Ah yon ba? (sabat ng isang istudyanteng lalaki)
- Guro Ilarawan ang uri ng pamumuhay ng matandang mag-asawa.
- Mlalaki Mahirap Mam, wala silang makain Mam
- Guro Ok, mahirap at wala silang makain , no? (may sumasabat na wala silang lakas, matanda na sila! No, ok. Ano ang natuklasan ng matandang lalaki?
- Mlalaki (may nakikisabay na sumagot kay teacher na estudyante) Ano ang natuklasan ng matandang lalaki? Magaling mangaso, Mam mabilis lumaki ang bata.
- Guro Ang tanong, ano ang natuklasan ng matandang lalake ha?
- Mlalaki Yes Nahiba
- Nahiba Aang namuong dugo (tumatawag-nahiba)
- Guro Yes, namuong dugo, at ano ang ginawa sa natuklasang iyon.Yes, Ililuyan, ha? Ok, pinakuluan ang natuklasan nanamumuong dugo at ano ang nangyari sa pinakuluang namuong dugo ha? Pinakuluan ha? Ok yes Bautil.
- Bautil (sumagot ng pasigaw) Yes, labing-isang sanggol
- Guro Yung namuong dugo at yon ang nagging sanggol
- (may sumagot pa ng chorus).
- Guro Hindi niyo ba naintindihan ang kwento?

Mag-aaral Naintindihan Mam.

Guro Parang si Mokaibat lang ang nakaintindi ng kwento ha. Parang si Mokaibat lang at saka si Uyan, *yung* iba wala

(background, nagsalita sa Meranaw)

Guro Ha? Ok. (nagsalita ng pa-chorus) So paano sinuklian ng binata ang kabutihan ng mag-asawa?

(may sumasagot/sumasabat ng pa-chorus)

Mag-aaral Mam nangangaso siya para may makain ang mag-asawa (may tonong Meranaw)

(Chorus: Mam nangangaso sila para makatulong sa mag-asawa)

(may sumasabat, Mam nangangaso para may makain)

(May sumasagot na hindi tinatawag ng guro)

Mlalaki Mam marami siyang uri ng *hayop* sa *ganda*, Mam

Guro Yes

Mlalaki Mam, marami siyang nahuli na hayop

Guro Marami siyang nahuli na mga hayop

Mlalaki Sumasagot, Marami siyang nahuli na mga *hayop* sa *ganda*

Guro Marami siyang nahuli na mga hayop sa ganda, ano hayop sa ganda? Ha? (tunog Meranaw)

(nagtawanan ang buong klase)

- Guro Ano pa ang naitulong **nung** (*noong*) bata? Ano pa ang naitulong nung batang buffalo? Ano pa ang naitulong niya sa dalawang matandang mag-asawa, bukod pa doon sa pagiging mangangaso o mahusay sa pagpapana yung mga hayop, ano pa? Makiling !(tinawag)
- Makiling Ok nagkaroon ng lakas ng loob ang matandang mag-asawa dahil nga nagkaroon sila ng anak, at **yon** (*iyon*) ang batang buffalo?
- Guro Naintindihan nyo ba ang kwento?
- Mag-aaral Yes Mam (chorus na pasagot)
- Mlalaki Hindi masyado Mam
- Guro Hindi masyado, kasi hindi ninyo sinuri no? Doon lang kayo nag-*focus* sa batang buffalo, no? Pero hindi niyo alam kung paano siya, ano? Paano siya nabuhay yan ang pinagmulan nito. Ok. Ok. Ngayon isalaysay niyo nga sa akin kung ano ang mitolohiya? Sige nga, Roy ano nga ba ang mitolohiya?
- Mlalaki Ang mitolohiya ay ugat ng maikling kwento na naglalarawan ng kasaysayan at kultura ng isang tiyak na lugar.
- Guro Ok, very good. Ito ay naglalarawan ng isang kultura o tradisyon ng isang tiyak na lugar, yan ang tinatawag nating mitolohiya. Ok, ngayon subukan nating suriin ang mga pangunahing tauhan ayon sa kilos, paniniwala at ugali. Ok, ang una, lalaking buffalo. Yes? Ok ano ang katangian ng lalaking buffalo? Yes?
- Mlalaki Mahusay magpana ng baboy
- Guro Ok very good, mahusay mamana (kinorect ang sinabi ng istudyante na magpana). Ano pa? Ano pa? Yes Moksir?

Mlalaki	Maliksi
Guro	Ok very good, ano pa sa katangian? Yes lan. Yes about naman sa kilos.
Ian	Mabilis, maliksi, mapangahas
Guro	Ok mabilis, maliksi, mapangahas, malakas no? Sa kanyang murang idad ay marunong na syang mangaso ng mga hayop.
Mbabae	(sumabat) malakas ang loob
Guro	Malakas ang loob, ok sa kanyang kaasalan naman?
Mlalaki	Matulungin
Guro	Ok matulungin, ano pa?
Mbabae	Masunurin
Guro	Masunurin (may sumabat, matang lawin!)
Mlalaki	Marangal
Mbabae	Mapagmahal
Guro	Tumatanaw ng utang na loob, mapagmahal. Ok, very good. Sa paniniwala naman? Ano ang paniniwala ng lalaking buffalo?
Mlalaki	Malakas siya Mam, naniniwala siya
Guro	Ha?
Mlalaki	Mam na makapangyarihan siya Mam
Guro	Naniniwala siya

- Mlalaki Naniniwala siya Mam na mahahanap rin niya ang kalahi nya Mam
- Guro Ok pwede rin. Yes Roy? Naniniwala siya na may kakayahan , 'no?
- Mlalaki Sa pagpana Mam
- Guro Ok, very good. Dito naman tayo sa ama. Ok ano yung katangian ng matandang ama? Yung kanyang ama na matanda na. Ano ang kanyang katangian? Ilarawan natin ang kanyang ama. Yes Fatima? Hmm.. anyone, katangian. Ok, matanda na kaya nga mahina na siya. Ok ang kilos naman ng ama? Ha? Kilos niya? Mabagal dahil nga matanda na, sa paghahanap-buhay ok.
- Mbabae *Uugod-ugod na po*
- Guro How about naman sa kanyang kaasalan? Kaasalan ng ama? Mabait, ano pa? Mapagmahal, ano pa? Maalalahanin, maalaga diba, sa kanyang anak?
- Mlalaki Mam *TLC* (sumabat) *Tender, Loving, Care*
- Guro Mapagmahal, Ok sa kanyang paniniwala naman? Paniniwala ng ama.Ok nagpapasalamat siya dahil siya ay nagkaroon ng anak at ito ay isang anak na lubhang mapagmahal at maginoo. Ok very good, isa rin sa pinaniniwalaan niya habang buhay may pag-asa. Ngayon dumako naman tayo sa ina. Ano ang katangian ng ina (maingay ang mga mag-aaral). Katangian, katulad din ng ama, dahil sila ay matanda na. Ok, how about sa kilos? Katulad ng matandang ama, *mahina* (may sumabat, lalaki-katulad ng carabao, may (humagikgik). Ok ano pa? Ok sa paniniwala naman? Ok habang buhay may pag-asa no. Naniniwala sila na magkakaroon sila ng anak at 'yon ay ang batang buffalo. Moksir tinawag, sa pinuno ng tirbo? Ano ang tinawag sa pinuno ng tribo? Ha?

Mag-aaral	Kaasalan
Guro	Ay kaasalan, kaasalan ng ina. Ano ang kaasalan niya?
Mlalaki	Maalaga, mapagmahal, mabait, mabuting ina
Guro	Maalaga, mapagmahal, mabuting ina. Maliban doon, ano pa? Dagdagan pa. Yes Abdulwahab, Ali?
MLalaki	Ano mam. Ano pa ang kaasalan ng ina? Mapagmahal sa anak.
Guro	Ok. Mapagmahal sa anak.
Abdulwahab	Binabantayan, inaalagaan
Guro	Inaalagaan
Abdulwahab	<i>Ginagastusan</i> sa paaralan, lahat
Guro	Wala na yan sa topic natin. Hindi ka nakikinig ha! Ok. Dito tayo sa pinuno ng tribo. Katangian, ano ang katangian ng pinuno ng tribo?
Mlalaki	Malakas
Guro	Malakas
Mlalaki	Makapangyarihan
Guro	Makapangyarihan
Mlalaki	Makisig Mam
Guro	Makisig
Mlalaki	Matipuno

Guro Matipuno, bukod don, magaling

Mlalaki Magaling mangaso

Guro Anong magaling mangaso, magaling ang pinuno. Ok ano naman ang kilos na ipinapakita ng pinuno ng tribo?

Mlalaki Malakas, makapangyarihan, mapanganib, mapagmatyag, mapangahas, matang aliguyan-lawin, mabagsik.

Guro Ok mabagsik, mapangahas. Yes. Ok, how about naman sa kaasalan? Yes, ok (ang mga mag-aaral ang iba ay nakikipag-usap sa katabi sa wikang Meranaw). Moksir

Mlalaki Kaasalan Mam, mabait mam

Guro Mabait sa kanyang nasasakupan, ok mapayapa. Ok, ano pa? Ha? Ok dito naman tayo sa paniniwala. Ano ang paniniwala ha, paniniwala ng pinuno ng tribo.

(may mag-aaral na nagtatanong sa tagapanayam kung ano ang gagawin sa tape recorder)

Guro Ano ang kanyang pinaniniwalaan bilang pinuno ng tribo, ha? Ok

Mlalaki Nasa kanya po ang batas, Mam

Guro Ano pa? Ano pa dagdagan pa. Ok, paniniwala niya bilang pinuno (may mag-aaral na sabat ng sabat at sinasabi na matanglawin) ng tribo, ano ang kanyang pinaniniwalaan? Yes Rogelno

Mlalaki Naniniwala Mam na kaya niyang gampanan ang kanyang tungkulin bilang isang pinuno.

Guro Ok very good. Naniniwala siyang kaya niyang pampanan ang kanyang tungkulin bilang isang pinuno (palagom ng guro sa sagot ng mag-aaral)

(may sumabat na mag-aaral Mam, sa kanyang asawa)

Guro Wala na itong asawa. Ok pakibuksan ang inyong aklat *Page 72*. (medyo maingay ang mga mag-aaral) Ok, so sinsabi dito (tonong Meranaw) ang kalagayan at kondisyon na nakikita o nararanasan. Ibig sabihin, kayo mismo yung nakaranas nung sitwasyon na iyon o pangyayaring iyon. Yon ang tinatawag nating kalagayan at ang kinahihinatnan o kahihinatnan ay ang bunga ng kinalabasan nung pangyayaring iyon. Parang yung paksa na tinalakay nating noong mga nakaraang araw, o yung bunga no o yung epekto no. Kinahihinatnan, kinalabas ano epekto ng pangyayari.Ok

(may mga nag-uusap)

Guro Ok, ano ang Teoryang Eksistensyalismo? Yes, Macalibat.

(may mga nag-uusap ng mahina)

Mlalaki (binasa ang Teoryang Eksistensyalismo sa aklat)) Ang Teoryang Eksistensyalismo ay nagpapaliwanag sa puno at kahulugan ng mga _____ pangunahing tauhan sa isang akda. Ipinapakita rito ang pamamaraan sa pangunahing tauhan sa mga suliraning kinakaharap niya. Umiikot sa pangunahing tauhan sa kwento, ipinapakita ang naiibang katangian taglay nya/ng kasamang mga tao.

Guro Ok, ano ang ibig sabihin noon? (tumawa ang mag-aaral) Faith

Mbabae **Yung** (*iyon*) (hehehe) kwento po, umiikot lang sa mga tauhan, *then* diba may bida po **don** (*doon*)na **meron** (*mayroon*) siyang katangian na (mahina ang boses) siya lang ang

Guro Sino yon?

- Mababe **Yung** (*iyon*) *ano*, **yung** (*iyon*) lalaking buffalo
- Guro Oo tapos, dagdagan pa. Ano pa ang masasabi mo?
- Mbabae Ano pa Mam, **yung** (*iyon*) dalawang buffalo na napakagaling niyang magpana, magaling siyang mangaso *yun yung* naiiba niyang katangian
- Guro (tumawag pa ng isang mag-aaral) Aquiles may maidadagdag ka pa tungkol sa Teoryang Eksistensyalismo ayon sa pagkakaunawa? Yes Roy. Oy, ang iingay ninyo! (sinaway ang mga mag-aaral)
- Mlalaki Mam, sa teroyang ito, nakasaad na _____
- Guro Ok. Next Billy, ayon sa iyong pagkakaintindi ano ang Teoryang Eksistensyalismo? Billy!
- Mlalaki (hindi sumagot)
- Guro (tumawag uli ng estudyante) Moksir! Sa iyong pagkakaintindi, ha? Tumayo! Ano pa?
- Mlalaki *Parang kuan* (*kuwan*) Mam ba? (hindi marinig)
- Guro dagdagan pa!
- Mag-aaral Time na Mam, dalawang minute.

4th year Iligan City National High School

Tagapanayam Kamusta ang 4th year hindi kayo naabutan ng K-12, hindi ka naman nahirapan?

Mlalaki Konte

Tagapanayam Konte, saan ka nahirapan?

Mlalaki Sa English

Tagapanayam Bakit ka naman hirap?

Mlalaki Minsan kasi hindi maintindihan yung iba

Tagapanayam Dito ka ba pinanganak Saynab?

Mlalaki Dito na ako lumaki

Tagapanayam Ah, dito ka na lumaki, pero ang mga magulang mo?

Mlalaki Sa Bayang

Tagapanayam Taga Bayang ah, eh bakit dito ka sa City High nag ano, nag-aral?

Mlalaki Dito nila gusto, dati *na a*, sa Marawi ako, pero sabi ko dito nalang ako, kasi hindi ako sanay, dito kasi ako lumaki

Tagapanayam kamusta naman ang pagtira dito sa Iligan City?

Mlalaki Maganda, maganda naman.

Tagapanayam So, umuuwi uwi ka din? Sa probinsya?

Mlalaki Hindi, hindi na ako doon nakauwi.

Tagapanayam Ah dito ka na talaga, ok oo. Asan si Nor? Hello!

Mlalaki Hi (tumatawa ang lahat)

Tagapanayam Kamusta ka?

Mlalaki Mabuti naman po!

Tagapanayam Kamusta naman ang pag-aaral dito?

Mlalaki Mabuti rin

Tagapanayam So ready ka na mag-college? Ready ka na? May naisip ka na na course?

Mlalaki Wala pa po

Tagapanayam Wala pa? Bakit, dapat mag-isip ka na ngayon kung anong gusto mong maging?

Mlalaki Mahirap po kasi magdesisyon eh

Tagapanayam Ganon ba? (tumatawa) Ano bang ano, halimbawa, sa future anong gusto mong maging?

Mlalaki Teacher, gusto ko pong mag-accountancy (nagkantiyawan)

Tagapanayam Sundin mo kung anong gusto ng puso mo, hindi naman sinasabi ng nanay at tatay mo na eto kunin mong course?

Mlalaki Hindi po.

Tagapanayam Hindi, o di mas mainam yon diba? So magaling ka naman siguro sa Math?

Mlalaki Hindi po, hindi po masyado.

Tagapanayam Hindi? Ah, analysis, analysis yung accountancy, asa (*saan*) mo naman gusto mag-school?

Mlalaki Kung makakapasa po ako sa MSU IIT doon po

Tagapanayam Oo, kasi maganda ang MSU-IIT. Ok isipin mo na ha kung ano gusto mong kunin no, para ready ka na, para hindi na nahihirapan. Ok, si Laguindab? Laguindab hoy, familiar, maraming Laguindab sa MSU IIT

Mlalaki2 Wala man ko kaila nila Mam (tumatawa), *dili kayo ko tig, kuan* (kuwan) *nila* (hindi ko naman sila kilala), *dili ko tig-gawas* (hindi ako lumalabas)

Tagapanayam Saan ka ano, lumaki?

Mlalaki2 **Kuan** (*kuwan*) sa Pantar

Tagapanayam Sa Pantar, pero saan ka, sa Pantar ka rin pinanganak?

Mlalaki2 Diri sa St. Mary's Hospital

Tagapanayam Hmm... Hindi ka marunong mag Meranaw?

Mlalaki2 Marunong

Tagapanayam Pero sanay ka na sa Visaya?

Mlalaki2 **Kuan** (*kuwan*) sa bahay *man kay* Visaya (sa bahay naming ay bisaya), *diri lang* (dito lang)

Tagapanayam Halimbawa, kung kausap mo siya

Mlalaki2 Meranaw, *usahay* Visaya

Tagapanayam Ah kapag dalawa kayo, pag Meranaw ang kausap mo Meranaw din ang ginagamit mo? Pero pag Visaya, Visaya rin? Pero hindi mo nakakalimutan ang Meranaw dialect mo?

Mlalaki2 Yes Mam

Tagapanayam Oo 15 years ka na dito sa Iligan. Maganda ba tumira dito sa Iligan?

Mlalaki2 Yes Mam

Tagapanayam Eh kung papipiliin ka, sa'n mo gusto tumira dito o sa inyong lugar?

Mlalaki2 *diri* (hindi)

Tagapanayam diri, dito, andami (ang dami) palang istudyante dito sa City High, no?

Mlalaki2 (tumatawa)may night saka day sila Mam kakilala ko sila, kasi gradweyt din sila sa MSU.

Tagapanayam Ok si Sarah, Hello Sarah? Kamusta ka Sarah? Saan ka pinanganak?

Mbabae Hi. Dito sa Tambo

Tagapanayam So, ilang taon ka na naninirahan sa Iligan

Mbabae 30

Tagapanayam 30 years?

Mbabae Ay 30 years (tumatawa, nahalatang mali ang sagot niya), 16 (tumatawa pa rin)

Tagapanayam So dito ka pinanganak? Ano Sarah? Kasi nakalagay 13. Kamusta ka na Sarah?

Mbabae *Ok lang*

Tagapanayam Ano gusto mong course na kunin?

Mbabae Accountancy din

Tagapanayam Accountancy, bakit gusto mo ng accountancy?

Mbabae Gusto ko eh, (tumawa, nagtawanan) joke.

Tagapanayam So fix na talaga yung isip mo kapag ccountancy ang trabaho mo sa bangko. Kamusta naman ang pag-aaral?

Mbabae *Ok lang*

Tagapanayam Kamusta naman? Saan ka nakatira?

Mbabae Sa Mahayahay

Tagapanayam Nakapunta ka na ba don sa MSU?

Mbabae Oo, sa main.

Tagapanayam Sa main campus, san ka maraming kaibigan dito sa Iligan? Sino-sino mga kaibigan mo?

Mbabae Marami (tumatawa)

Tagapanayam Halo? Namimili ka ba ng mga kaibigan mo?

Mbabae Hindi.

Tagapanayam Ano yung gusto mong kaibigan?

Mbabae Syempre, yung hindi, yung hindi OA, hindi plastik, (tuamatawa) marami.

Tagapanayam Sino paborito mong teacher?

Mbabae Si Sir Macaraig

Tagapanayam Anong subject?

Mbabae Math

Tagapanayam Bakit mo siya paborito?

Mbabae Basta (tumawa), basta, magaling kasi siya mag ano..

Tagapanayam Naiintindihan. Si Abubacar? Hello!

Mlalaki3 Hello po!

Tagapanayam Parang ano na si kuya, very matured no? Dito ka pinanganak?

Mlalaki3 Yes Mam!

Tagapanayam Oo, so kamusta ka?

Mlalaki3 *Ok lang*

Tagapanayam Anong course ang gusto mong kunin?

Mlalaki3 Mag *criminology* po (kantiyawan)

Tagapanayam Ano ang probinsya mo?

Mlalaki3 Sa Taraca Mam!

Tagapanayam Sa Taraca, nakarating na ako sa Taraca, malayo no? Malayo? So ang pamilya mo dito nakatira?

Mlalaki3 Kami lang Mam, ang *side* sa *akong*(aking) mama *diri man*(dito lang)

Tagapanayam Ang Filipino subject gusto mo?

Mlalaki3 Minsan, *usahay man gud* (minsan kasi) Mam *lalum kaayo* (malalim masyado) ang Filipino, *di ko kasubot* (hindi ko maintindihan).

Tagapanayam Ah ganon, malalim yung ano hmm pero diba ang mga Meranaw, mahusay sa Filipino/sa Tagalog

Mlalaki3 Kapag *istorya* Mam

Tagapanayam Oo, ah kapag yung usapan, pero kapag yung sa klase, iba ba yung sa klase? Bakit may mga salitang, ah malalim.

Mlalaki3 Malalim.

Tagapanayam Oh halimbawa yung mga simile pagtutulad yung mga ganon, ha? Ilang subjects ba meron kayo?

Mlalaki3 Walo?

Tagapanayam Ah, kahit hindi pa kayo K-12, walo ang subjects nyo?

Mlalaki (sabay-sabay sumagot) *Opo*, Mam

Tagapanayam So whole day kayo? *Half day* lang?

Mlalaki3 *Half day* lang, *one hour and 20 minutes*.

Tagapanayam *Half day* lang tapos sa TTH tig dadalawang oras?. Anong gusto mong kurso?

Mlalaki3 Crim po (Criminology ibig sabihin)

Tagapanayam Ah, criminology, oo nga pala no, nasabi mo na, e di huhulihin mo ang mga masasama (background nagtawanan)

Mlalaki3 *Bloodline* Mam *gud* naming Mam.

Tagapanayam Ah, asan siya ngayon, yung mga relatives mo na pulis

Mlalaki3 Nasa Malabang

Tagapanayam Pure ka ba talaga na Meranaw?

Mlalaki3 Oo Mam

Tagapanayam So sino yung mga kamag-anak mo? Ano mga apelyido?

Mlalaki3 *Daghan* Mam

Tagapanayam Daghan, marami kayo kasagaran talaga, marami no? Kaya nga ang maganda sa Meranaw ang pagkakamag-anakan talaga, diba? Kapag may sakit diba? Nagpupunta sila, nagtutulong-tulungan. Bibisita yan

Mlalaki3 Yes Mam, nagtutulong.

Tagapanayam So salamat. Si Janah? Hello Janah! Parang Ms. Iligan si Janah! Mistisa ka ba?

Mbabae3 *Unsay (anong ibig sabihin ng)* mistisa?

Tagapanayam Ibig sabihin, may halo ka bang dugo, ang mama mo ba Christian?

Mbabae3 Oo

Tagapanayam Bisaya ang mama mo? Taga saan?

Mbabae3 Yes, Mahayahay Mam.

